

“Non-Christian Tribes” sa Kuwentong Bayan: Ang “Katutubo” sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

Mary Jane B. Rodriguez-Tatel

mbrodriguez@up.edu.ph

ABSTRAK (ABSTRACT)

Isang masalimuot na larang ng pagsasakapangyarihan ang pagsasaling pampanitikan. Hindi lamang ito usapin ng wika bagkus usapin din ng pagpapakahulugang hinuhulma ng ugnayan (tagisan at tagpuan) ng dalawang magkaibang kultura. Gamit ang mga pagdadalumat sa pagsasaling kultural (cultural translation), ipinopook ng pag-aaral na ito ang pagsasalin ng ilang piling kuwentong bayan sa konteksto ng mga katutubong Pilipino bilang “non-Christian tribes.” Sa katawagang ito, nagtatalaban ang mga usapin ng lahi, nasyon, at etnisidad na nilahukan ng tatlong aktor pangkasaysayan: una, ang mga Amerikanong kolonyalista; ikalawa, ang mga Pilipinong nasyonalista; at ikatlo, ang mga pinatutungkulang “tribu.” Lumikha ang talabang ito ng masalimuot na konteksto ng pagsasalin at pagpapakahulugan sa mga mito at alamat

patungkol sa mga katutubo bilang "di-Kristiyanong tribu." Kinasangkapan ang mga saling kolonyal sa "rasyalisasyon" o ideolohikal na proseso ng pagbubukod sa mga katutubong Pilipino. At nalikha ang "mito sa tribu" – ang naratibo ng "primitibismo" at "kabangisan" ng mga katutubo na humamon sa kampanya para sa independensiya noong panahong kolonyal, at patuloy na humahamon sa independiyenteng nasyong Pilipino matapos ang kolonyalismo. "Mito" itong isinalin, tinanggap at lumaganap sa kamalayan ng mayoryang Pilipino gaya ng masisipat sa reproduksiyon ng mga saling kolonyal sa hanay ng mga Pilipino iskolar. Subalit sa kabila ng mga teksto ng dominanteng diskurso mahalagang itampok ang tinig ng mga pinatutungkulan. Sa sariling bersiyon ng kanilang kuwentong bayan patuloy nilang binabawi ang saysay sa tinabunang salaysay. (Literary translation implicates power. Drawing from the framework of cultural translation that posits the idea of translation as "transaction and negotiation between two different cultures," this paper examines the production and reproduction of select folktales of the indigenous Filipinos as "non-Christian tribes." Inscribed in this colonial term are overarching notions of "savagery and primitivism" which were operationalized in the intersecting discourses of race, nation, and ethnicity spanning colonial and post-colonial contexts: the empire-building of the Americans on the one hand and the nationalist project of the Filipino elite on the other hand. The interplay of these two competing (and at times, negotiating) agendas lays the predicate for translating and interpreting the creation myth (and closely related legend) of the indigenous peoples. In their attempt to integrate the latter in the main body politic, the colonial texts engendered a racialized discourse of the Non-Christian tribes as "exemplar of incomplete civilization" – serving as a major argument against Philippine independence during the first decade of American

colonialism. And the myth of the “Non-Christian tribes” was created and perpetuated even undermining the process of nation-building in the post-colonial era. The Filipino scholars, in the pursuit of developing an inclusive national literature, continued translating the folktales of the so-called underrepresented “minority.” As they engaged the colonial texts, they also reproduced the same racialized discourse, wittingly or unwittingly, silencing the voice of the “object of representation.” Nevertheless, as this “myth of the wild tribes” became widespread and reified in the public mind, it is imperative to give voice to Indigenous scholars who have already come up with their own versions devoid of racial stereotypes and biases. This is their meaningful way of reclaiming their stories vis-à-vis the grand narrative of the Filipino nation.)

Keywords: Indigenous Peoples, ethnicity, pagsasaling pampanitikan, panitikang bayan, panitikang oral, dunong katutubo, politika ng pagsasalin

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

Hindi "tribe" o "tribu" ang dating kahulugan ng "katutubo." Mababasa sa mga lumang diksyonaryo ang "catotobo" na nangangahulugang "El que es de una edad con otro," ibig sabihin, isang taong kaedad ng isa pa, "magcatotobo dos de una edad" o magkaedad, magkasamang isinilang at lumaki sa isang lugar" (Ruiz 1630, 105). Paano ito naging singkahulugan ng "tribe" na karaniwang ipinantutukoy ngayon sa mga grupong etnolingguwistiko sa Pilipinas na dumanas ng mahabang kasaysayan ng pagsasaminorya? "Minoritized and dehumanized" – ayon sa isang aklat (1983)— ito ang imaheng nakakintal ngayon sa ating mga isipan patungkol sa mga katutubong Pilipino bilang "tribes." Lubhang sistematiko at "siyentipiko" ang proseso ng pagsasaminorya. Bukod sa samu't saring batas sa lupa, polisiya, at ahensiya ng gobyerno, mahalagang sipatin ang pananaliksik at produksiyon ng kaalaman bilang kritikal na kasangkapan sa nasabing proseso. At ito ang nais itampok sa papel na ito.

Matagal ko nang sinisipat ang diskurso o politika ng paglikha ng kaalaman at katawagan tungkol sa mga "Non-Christian tribes." Mula sa artikulong nagtampok sa sarbey etnolohikal ng kauna-unahang ahensiyang nangasiwa nito noong 1901, ang Bureau of Non-Christian Tribes (Rodriguez-Tatel 2009; Rodriguez 2010), hanggang sa hermeneutika ng kolonyalismo sa katawagang "tribu," "pagano," at "nativo" (Rodriguez-Tatel 2011) na sinundan ng representasyon sa mga "batang katutubo" sa panitikang pambata sa Pilipinas (Rodriguez-Tatel 2018), ngayon naman, nais kong ipook ang diskurso sa isa pang makapangyarihang lunan ng paglikha ng kaalaman: ang larang ng pagsasaling pampanitikan. Minsan na ring isiniwalat ni 2018 Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan Resil Mojares ang kakabit na laro ng kapangyarihan sa pagsasalin. Aniya,

What texts are translated, from what language to what language, for whom and for what ends: these direct the attention to issues of power relations, of the relations among languages and their speakers or users (Mojares 1990, 75).

Sa preliminaryong bibliograpiya ni Galileo Zafra (di limbag) tungkol sa panitikang bayan, makikitang halos lahat ng nailimbag na kuwentong bayan sa Pilipinas ay tinipon, trinanskrayb at isinalin sa Ingles—ang wika ng

kolonyalismong Amerikano— at sa panahon ding ito (cf. Maxfield at Millington 1906, 1907a at 1907b; Gardner 1907; Bayliss 1908; Benedict 1913 ; Beyer 1913 at 1922; Cooper Cole 1915; Cook Cole 1916; Fansler 1921; at Moss 1924). Kinasangkapan ang mga kuwentong bayan upang unawain ng mga kolonisador ang kaisipan ng mga kolonisado—bagay na napakahalaga sa mga gawaing administratibo (Beyer 1913; Cooper Cole 1915). Dahil dito, nakabuo ang mga nasabing Amerikanong iskolar ng korpus ng mga akda sa panitikang bayan ng Pilipinas na naging pangunahing sanggunian, at sa ilang pagkakataon ay tanging sanggunian, ng patuloy na pananaliksik at publikasyon ng mga Pilipinong iskolar matapos ang kolonyalismo. Samakatwid, taliwas sa karaniwang tinging didaktiko o aral at aliw lang ang silbi ng mga kuwento, kailangan din natin ang lenteng kritikal at itanong: sino ang nagsalin? Bakit isinalin? Paano isinalin? Paano patuloy na isinasalin? Dadalhin tayo ng mga katanungang ito sa dinamikong proseso ng pagsasalang pampanitikan na isa ring gawaing politikal.

Sisiyasatin sa papel na ito ang politika ng pagsasalin ng ilang piling kuwentong bayang tungkol sa mga binansagang “non-Christian tribes” sa panahon ng kolonyalismong Amerikano sa Pilipinas; gayundin ang nangyaring reproduksiyon ng mga saling ito sa hanay ng mga iskolar na Pilipino sa panahong post-kolonyal. Ipopook ang pagsusuri sa hugpungan ng mga usapin ng lahi (*race*), etnisidad, at kabansaan bilang lunan ng diskursong dumadaloy sa taguring “non-Christian tribes.” Kakikitaan ito ng talaban ng kolonyalismong Amerikano at ng noo’y umuusbong na nasyonalismong Pilipino. Isang hugpungan kung tutuusin ang nasabing talaban. May mga punto ng tunggalian at paghihiwalay sa isang banda, subalit may mga punto rin ng sabwatan o pag-iisa. Sa kasalimuotan ng mga laro ng kapangyarihan napagitna (o sadyang ipinagitna) ang mga “non-Christian tribes” upang magsilbing punto ng hugpungan ng dalawang adyendang politikal: ang pagsasaimperyo ng mga Amerikano at pagsasabansa ng mga Pilipinong elit. Sinangkalan ng mga kolonisador ang imahen ng anila’y “savagery” ng “non-Christian tribes” sa Pilipinas bilang matibay na ebidensiya ng kawalang kapasidad ng mga Pilipino na pamahalaan ang sarili. Samantala, kinasangkapan din ng mga Pilipinong elit ang diskurso ng pagsisibilisa sa kanilang “non-Christian brethren” upang patunayan ang kanilang kakayahang makapagsarili alinsunod sa itinakdang pamantayan ng “progress and civilization” ng mga Amerikano. Batay rito,

RODRIGUEZ

“Non-Christian Tribes” sa Kuwentong Bayan: Ang “Katutubo” sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

sinukat ang ipagkakaloob na independensiya at kabansaan. Samakatwid, naghuhugpungan sa usaping “non-Christian tribes” ang dalawang “-ismo: imperyalismong Amerikano at nasyonalismo ng mga Pilipinong elit na ngayo’y hinahamon ng mga isyung pang-etnisidad. Masalimuot ang nasabing talaban na bumabagtas hindi lamang sa galaw ng burukrasya bagkus maging sa paghulma ng kaisipan at mga ugnayang panlipunan sa pagitan ng mga kolonisador at kolonisado, gayundin naman sa hanay ng mga kolonisado sa panahong ito (“Kristiyano *versus* di-Kristiyano). Subalit nagpapatuloy ang diskurso ng “tribu” hindi na bilang kategoryang kolonyal, bagkus, bahagi na ng etnikong identidad at paninindigan ng mga “Katutubong Pilipino” (Rodriguez 2021).

Upang suhayan ang mga nabanggit na asersiyon, gagabayan ang pagsisiyasat ng sumusunod na tiyak na layunin:

1. Masipat ang naging salin ng mga Amerikano sa ilang piling kuwentong bayan ng mga tinagurian nilang “non-Christian tribes” ;
2. Masuri ang mga ito bilang rasyalisadong representasyon ng mga Amerikano sa mga Katutubong Pilipino; at
3. Masiyasat ang mga nasabing salin sa bersiyon o reproduksiyon ng mga kontemporaryong Pilipinong iskolar.

Mula sa ikatlong layunin, mahalagang pagnilayan: inaalingawngaw lamang ba ng huli ang mga saling kolonyal o hinahamon ang mga ito upang lumikha ng isang kontra-diskurso? Katanungan itong gagabay upang mausisa ang kinahinatnan ng pagsasalin, gayundin ang sala-salabat na isyu ng kapangyarihang dumadaloy rito.

Ang Diskurso ng “Tribus/Tribes” sa Hugpungan ng Lahi, Nasyonalismo, at Etnisidad: Lunan ng Pagsasaling Kultural

Tribu at Rasismo. Walang “tribu” sa Pilipinas hanggang sumapit ang kolonyalismo. “Tribu” o “tribe” ang kategoryang dinaluyan ng “racial politics” sa mundong Euro-Anglo-Amerikano simula noong siglo 19. Mula ito sa Latin na “tribus” na ipinantukoy ng mga sinaunang Romano sa

ilang bahagi ng kanilang populasyon, gayundin sa mga lipunang Celtic at Germanic na pinanggalingan ng maraming Europeo at Amerikano ng siglo 19 hanggang sa simula ng siglo 20. Patuloy na nag-ebolb ang katawagan hanggang gamitin ito sa mga Afrikano sa kalakalang aliping trans-atlantiko. Sa kontekstong ito, binigyang-kahulugan ang “tribe” na inirepresenta bilang mga taong nasa yugto ng primitibismo o “savagery” — kabangisang iniuugnay sa di-maunawaang tunggalian ng mga pangkat etniko sa Afrika (Lowe 2001). Sa huling bahagi ng siglo 19, naging isa itong kategorya ng teoryang panlipunan—ang *social evolutionism* na nagtakda sa mga lipunang Kanluranin bilang rurok ng progreso at kaunlaran sa aspetong moral, kultural, at intelektuwal (Rydell 1984: 5). Ito ang sinandigan ng rasismo sa yugto ng “triumphant capitalism” tampok ang mabilis na industriyalisasyon, kapitalistang kompetisyon at ekspansiyon ng Estados Unidos sa panahong ito (Hunt 1987; Zayas 1988, 19, sinipi sa Rodriguez-Tatel 2009, 61). Dito makikita ang mahigpit na kaugnayan ng rasismo sa kapitalismo at kolonyalismo. Kung kaya itinuturing ang “lahi” hindi bilang isang kayariang biolohikal bagkus isang kategoryang panlipunan na binabalangkas ng mga salik historikal, kultural at politikal. Para kay Robert Miles, kayariang ideolohikal pa nga ito na naglilingkod sa kapitalismo (Miles 1989). Tampok dito ang “racialization” o ang ideolohikal na proseso ng pagpaloob (inclusion) o pagbubukod (exclusion) ng isang partikular na grupo ng tao (San Juan 1992, 5). Gayumpaman, higit itong nakatuon sa huli na nauuwi sa “marginalization” bunsod ng pagtatakda ng mga kahulugan at identidad na panlahi (racial) na kadalasang nakabatay sa mga katangiang pisikal o naoobserbahang kaibahan.

Sa Pilipinas, bagong kategorya ang “tribu” noong siglo 19 na idinagdag sa listahan ng mga mapambukod na katawagan ng mga Espanyol sa mga kolonisado: “naturales,” “nativos,” “indigenas,” “razas,” at “castas” upang ipagdiin ang diumano’y atrasadong pag-unlad ng kultura at organisasyong politikal sa kapuluan (Rodriguez 2010; Rodriguez-Tatel 2011, 2018, at 2021). Sa pagitan ng dalawang kolonyalismo, makasisipat ng katuluyan mula panahong Espanyol patungong Amerikano. Kung may “tribus independientes,” “tribus salvajes/infieles” at “tribus civilizadas” ang “Las Islas Filipinas” ng mga Espanyol, isinalin ito bilang “non-Christian tribes” at “Christian/Christianized Filipino tribes” sa “The Philippine Islands” ng

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasalang Pampanitikan

mga Amerikano (Worcester 1900, 11; Worcester 1904, 59; Barrows 1905). Lubhang kritikal ang pagsasalin ng katawagan. Sa panahong napagtagumpayan natin ang himagsikan laban sa mga Espanyol, pinapanaig pa rin ng mga Amerikano ang imahen natin bilang "a collection of tribes" — hindi pa isang ganap na bansa o sambayanan ("nation or a people") (Schurman Commission 1900, 12). Kara-karaka, wala pang isang taon, mula sa kinitlang "La Republica Filipina ng 1899" ng Pilipinong elit (Quibuyen 1999/2008), iniluwal ang "The Philippine Islands" bilang bagong karagdagan sa "U.S. Pacific possessions" sa pagpihit ng siglo 20. Sa unang dekada ng kolonyalismong Amerikano, pinagpunyagian ni Dean C. Worcester, Kalihim ng Departamento ng Interyor (1901-1913), na gamitin ang isyu ng "tribal population" ("tribalism") alinsunod sa pinaairal na polisiya ng kontra-independensiya (Worcester 1911). Sa mala-diyos na impluwensiya ni Worcester sa kolonya siya ang nagtakda ng tadhana ng nasabing polisiya (Stanley 1989), gayundin ang politika ng lahing dumadaloy sa "tribes" (Kramer 2006).

Noong una, "Philippine tribes" ang malaganap na katawagang ginamit ng mga Amerikano para sa lahat ng isinilang at lumaki sa kapuluan (Worcester 1898; Rodriguez 2021, 159-161). Ito ay upang itanghal ang mga Pilipino bilang "imperfectly developed state" — walang kakayahang pamahalaan ang sarili (Barrows 1907, 318). Anila, nakatadhanang mabigô ang rebolusyong Pilipino sapagkat, "the native has no idea of organization on a large scale ... and once they become masters of the situation ... there is no limit to their greed and savage cruelty (Barrows 1905, 502-503). "Gahaman at mabangis" ang ikinikintal na imahen ng "tribes" sa mga Amerikano matapos nilang masaksihan ang ruok ng krisis ng liderato ng rebolusyon sa brutal na asasinasyon kay Heneral Antonio Luna, isang magiting na lider-rebolusyonaryo. Sapagkat kapwa-Pilipino ang may kagagawan. Patuloy ang paglulunsad ng mga kampanyang militar laban sa "bandolerismo/tulisanismo" at iba't ibang anyo ng "kriminalidad" — mga terminong ipinangkubli ng kolonyal na estado sa kabiguan nitong payapain ang bagsik ng taumbayan. Tatlong buwan matapos sumuko ni Emilio Aguinaldo sa pamahalaang Amerikano kaagad nagtayo ng pamahalaang sibil. Sinangkalan ang pagbagsak ng batayang moral ng himagsikan subalit may matinding kadahilanan. Sa kanyang talumpati sa inagurasyon nito noong Hulyo 4, 1901, ipinahayag ng kauna-unahang Sibil na Gobernador William Howard Taft

ang pangangailangan para sa malawakang “social and political reorganization” sa ngalan ng “public order” (Rodriguez 2021, 175). Tuso at mapanlinlang, lumikha ito ng kunwang kaayusan—isang *psywar* sa gitna ng nagpapatuloy na Himagsikang Pilipino sa iba’t ibang lokalidad. Subalit kung tutuusin, higit na makapangyarihang armas ang *social engineering* sa pamamagitan ng sistema ng edukasyon; gayunding ang mga “siyentipikong kaalamang” bumalangkas sa mga polisiya at lehislaturang nagsalegal at nag-institusyonalisa sa rasistang pag-iimahan sa mga Pilipino bilang “tribes.”

Binigyang kahulugan ni Dean C. Worcester ang “tribe” bilang “division of a race” (Worcester sinipi sa Kramer 2006, 213). Sa ganang ito, tiningnan ang iba’t ibang grupong etnolingguwistiko sa kapuluan na likas na magkakaiba at nag-aaway-away dahil walang konsepto ng “organisasyon.” Alinsunod ito sa isinamitong mga alon ng magkakahiwalay na migrasyon ayon sa pag-aaral ni Ferdinand Blumentritt (1882 in Maceda 1980). Pinagtibay ng kolonyal na antropolohiya ang nosyong ito hanggang sa maging lantay na katotohanan sa pamamagitan ng mga impluwensiyal na akademikong gaya ni Henry Otley Beyer. Diumano, hindi lamang magkakaiba ng pinagmulan, kundi hindi rin magkakapantay ang mga “tribes.” Kung kaya nasambit ng isa pang antropologong naging opisyal ng gobyerno sa Pilipinas: “We have tribes representing the whole scale of culture from savagery to civilization....” (Barrows 1903 nasa ARPC 1904, 789).

Bagaman sa simula, lahat ay “tribes,” ipinangalandakan ng mga Amerikano ang matingkad na batayan ng pagkakaiba: ang mga Kristiyano ay “civilized tribes”; ang mga di-Kristiyano ay “wild tribes” (Barrows 1905, 453-491; Rodriguez 2010; Rodriguez-Tatel 2018, 59). Partikular na tinutukan ang “wild tribes” bilang “exemplar of incomplete civilization” o “savagery” na malaking sagka sa pagsasarili. Giit ng mag-asawang antropologong Felix at Marie Keesing:

...the word has a historical, cultural, and political rather than a purely religious significance. It refers to recognized members of some eight Mohammedan groups, and twenty-two or more so-called pagan groups which cling more or less to their indigenous religious beliefs and ceremonies” (1934, 12).

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasalang Pampanitikan

Di-nagbabago kaya primitibo. Dahil "primitibo," madalas silang inilalarawan bilang "biktima ng mga Kristiyano" sa isang banda, at "anak ng sibilisasyon" na nangangailangan ng proteksiyon ng Amerika bilang "ama" (Halili 2006; Kramer 2006, 32, 130 at 162). Gayumpaman, ibinunyag nina Rodney Sullivan (1991) at Paul Kramer (2006, iv) ang tunay na dahilan: ito ay upang mapreserba ang mayamang "teritoryo" ng mga di-Kristiyano laban sa mga dayo o settler na Pilipino. Napakalaki ng pangako ng mga teritoryo ng di-Kristiyano bilang mayayamang reserba at deposito ng mga mineral at produktong agrikultural na kailangang-kailangan sa kapitalistang ekspansyon. May patotoo hinggil dito si Gob. John Pershing ng Moro Province. Aniya, "Large profits await horticulturists who will produce export fruits for the great Oriental markets to the north of us" (Pershing 1913, 6). Sa pagkakataong ito, natunghayan ang "racialization of religion and territory" at ang "territorialization of race" (*Ibid.*, 161). Kung tutuusin, mga Espanyol ang unang nagsagawa ng rasyalisasyon ng teritoryo at relihiyon, nang hatiin nila ang kapuluan sa "Indios" (Kristiyanisadong katutubo) at "no Cristianos" (*"Moros y Infieles"*). Gayumpaman, pinaigting ito ng politikang panlahi ng mga Amerikano.

Nasa kaibuturan ng politikang ito ang nagsasalimbayang banggaan at sabwatan o bahaginan ng kapangyarihan (*power sharing*) ng mga Amerikanong kolonisador at Pilipinong elit sa isyung "non-Christian." Kompara sa Espanyol, higit na sopistikado at sistematiko ang uri ng Amerikanong rasismong ipinakete bilang polisiya ng "mapagpalang asimilasyon" (benevolent assimilation). Minsan itinatanghal bilang "humanitarian imperialism" (Clymer 1976, 495-517), pinapag-anyo ang "benevolence" sa dalawang magkaiba subalit nagtatalabang prinsipyo't kaparaanan ng estratehiyang hatiin-at-pamunuan (divide-and-rule). Una, sa anyo ng "fraternalism" sa harap ng "Christianized tribes" na kanilang trinatang "little brown brothers," at ikalawa, sa anyo ng "paternalism" sa harap ng "non-Christian tribes" na kanila namang trinatang "child of civilization" (Kramer 2006, 32, 130 at 162). Kabigha-bighani ang mga imaheng ito ng "kapatid" at "anak" sa lipunang Pilipinong mapagpahalaga sa mga ugnayang pampamilya.

"Nakababatang kapatid" ang ipinintang imahen sa Pilipinong elit na aakayin at tuturuan upang linangin ang "capacity for self-rule."

Tinaguriang “inclusionary racism,” taglay nito ang mapagpanggap na altruismong nagpapaloob sa mga sinakop sa rasistang pamantayan ng superioridad ng mga “puti.” Sinimulang ipadama sa kanila ang bahaginan ng kapangyarihan sa lokal na antas ng pamahalaan. Pinagkalooban ang mga Kristiyanong populasyon ng karapatang maihalal at maghalal ng sarili nilang mga opisyal sa ilalim ng tinawag na “regular provinces.” Ang punto, ipinalasap sa “little brown brothers” ang biyaya ng kapangyarihang politikal — bagay na ipinagkait ng mga Espanyol. Lulundo ito sa kampanya ng “Filipinization” sa ikalawang dekada ng kolonyalismong Amerikano habang pumipihit ang polisiya ng gobyernong kolonyal tungong “walang-katiyakang pangako ng pagkakaloob ng independensiya” sa mga Pilipino. Inilantad ni Salazar (1992) ang nakakubling bisà ng “Filipinization policy” sa panahon ni Gob. Hen. Francis Burton Harrison (1913-1921). Aniya, wala’t dili iba ito kundi ang “Amerikanisasyon” ng elit. Pinahupa nito ang tensiyon sa pagitan ng “sarili” at “iba” at sa dakong huli’y naging “iba” ang “sarili.” Ipinantapat sa “inclusionary racism” ang “nationalist colonialism” ng elit na “burges, aristokrata, at Hispanisadong Pilipino” sa kanilang pambibiktima at pagsasamantala, diumano, sa “abang kababayan ng mga di-Kristiyano” (Kramer 2006, 208-214). Kapansin-pansing habang naipapaloob ang mga Kristiyano sa kalakaran ng politika ng kolaborasyon, dahan-dahang natanggal ang “tribe”

“Anak ng sibilisasyon” ang eupemismong isinakay sa mga etnograpihong paglalarawan sa mga non-Christian tribes. Bilang “mapagkalingang ama” tiningnan ng mga Amerikanong opisyal ang integrasyon bilang kanilang pananagutan, siyang-siya sa mito ng “White Man’s Burden.” Nagwika ang unang gobernador-sibil na si William Howard Taft ng ganito: “...we are not to fail in our duty toward the savage or half-civilized people of these islands” (Taft 1901, sinipi sa Finley 1913, 327). Paano isasakatuparan ang nasabing pananagutan? Pinamahalaan sila nang hiwalay sa pamamagitan ng mga “special provinces” na nasa ilalim ng mga lider-militar. Mula 1903 hanggang 1905, nakabuo ng limang “espesyal na batas” para sa tinatawag na “dual mandates” [i.e., (1) Philippine Commission (PC) Act No. 787 ng 1903 na siyang lumikha sa Moro Province, (2) Special Government Act (PC Act No. 1396) ng 1905 para sa Nueva Vizcaya, Benguet, Lepanto-Bontoc, Palawan at Mindoro, (3) Township Government Act (PC Act No. 1397) para sa lahat ng mga pamayanan (“townships and settlements”)

RODRIGUEZ

“Non-Christian Tribes” sa Kuwentong Bayan: Ang “Katutubo” sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

na tinitirhan ng mga di-Kristiyanong tribu sa buong kapuluan na hindi nakapaloob sa Moro Province, (4) PC Act No. 1693 ng 1907 na lumikha sa Agusan Province, at (5) PC Act No. 1876 ng 1908 na lumikha sa Mt. Province [mula sa (7) sub-probinsiya: Benguet, Amburayan, Lepanto, Bontoc, Ifugao, Kalinga, at Apayao]. Inihiwalay rin sa taong ito (1908) ang Ifugao mula sa Nueva Vizcaya at isinama rito ang mga teritoryong Ilongot na dati-rati’y nasa mga hangganan sa pagitan ng Tayabas, Isabela, Nueva Ecija, at Pangasinan na idineklarang regular na probinsiya (Rodriguez 2021, 190-191). Ito ay upang ganap nang makontrol ang “head-hunting forays” ng mga Ifugao at Ilongot – ang kinikilalang dalawang pinakamababagsik na grupo ng “head-hunters” sa bahaging ito ng Cordillera Central (Worcester 1914, 560). Naghuhugpugan din sa “non-Christian problem” ang mga interes sa ngalan ng “pampulikong kaayusan,” “sibilisasyon” at “progreso.” Sa pamamagitan ng mga espesyal na probinsiyang ito, nakabuo ang mga Amerikano ng isang “protective state” na “sasaklolo” diumano, sa mga biktimang di-Kristiyano sa nagpapatuloy na “internal na labanan ng lahi” (Kramer 2006, 216).

Ininstitusyonalisa ang mga katawagan, gayundin ang dikotomiyang nilikha nito, sa samu’t sariling kaparaanan. Bukod sa mga itinakdang teritoryo [sa pamamagitan ng dual mandates], at public land laws na bumangga sa integridad ng lupain ng mga “di-Kristiyanong,” nagsagawa ng intensibong serye ng mga sarbey-etnolohikal. Nakaprodyus ito ng bulto-bultong ulat-etnograpiko na itinanghal bilang “eksperto/siyentipikong kaalamang” pinagbatayan ng pinag-ibang sistema ng pamamahala at lehislasyon sa mga di-Kristiyanong versus Kristiyanong. Ibig sabihin matibay sapagkat nakasandig sa “siyensiya” ang pag-iiba-iba.

Noong Oktubre 2, 1901, itinatag ang Bureau of Non-Christian Tribes, ang kauna-unahang ahensiya ng gobyerno para sa nasabing gawain (Barrows 1901, sinipi sa Rodriguez 2010 at 2021). Noong 1903, pinalitan ito ng pangalan bilang “The Ethnological Survey for the Philippine Islands” upang panindigan ang tunay nitong pakay: makabuo ng isang komprehensibong komparatibong etnolohiya sa lahat ng mga grupong etniko sa kapuluan na tutugon sa mga problema ng administrasyon (Worcester 1903 sa ARPC 1904, Part II, 59). Kaalinsabay nito, nakabuo ng bulto-bultong ulat-etnograpiko na nagpaigting sa etnikong pag-iiba-iba (differentiation) ng mga Kristiyanong at di-Kristiyanong. Ito naman sadya ang pakay gaya ng mauulinigan sa pahayag ni Merton L.

Miller, acting chief ng Etnological Survey sa panahong ito: "We hope ...to undertake a careful study of the general culture of one of the great Christian tribes, probably of the Ilocanos or Vicolos (sic.).... to furnish a contrast to the uncivilized pagan on whom we have thus far reported" [Miller 1905 sa ARPC 1906 (Part 2), 423; akin ang diin]. Maging ang proseso ng pagsasagawa ay nagsilbi ring instrumento. Kinatulong ang mga Kristiyano sa kanilang kapasidad bilang mga guro o di kaya nama'y gobernador ng lalawigan sa pangangalap at konsolidasyon ng mga datos etnolohikal at sa proseso'y naisaloob din nila ang mapanghati at nang-aaglahing saloobin ng mga "edukado at sibilisadong bahagi ng populasyon" laban sa kanilang kababayan (Barrows 1903, 779 sinipi sa Rodriguez-Tatel 2009, 76; Rodriguez-Tatel 2018, 61-62). Sa pagtatapos ng 1900, habang naipapaloob ang "Christianized tribes" bilang mga kolaborador sa sistemang kolonyal napalitan ito ng "Christianized Filipinos." Samantala, nanatili ang "tribes" sa mga di-Kristiyano hanggang sa isulong ang agresibong proyekto ng asimilasyong nakasalig sa "complete fusion of the Christian and non-Christian elements populating the provinces of the Archipelago" (Carpenter 1917 sa ARGG 1918, 54; Keesing and Keesing 1934, 32). Sinipi ito mula Seksiyon 705 ng Philippine Legislature Act No. 2674 na muling bumuo sa Bureau of Non-Christian Tribes (BNCT) noong 1917. Sa pagkakataong ito hindi na ito ahensiya para sa pananaliksik bagkus bahagi na ng isa sa mga ehekutibong departamento na magpapatuloy ng mga gawain para sa "advancement and liberty in favor of the regions inhabited by non-Christian Filipinos" (Carpenter 53).

"Tribu" bilang "Non-Christian Filipinos": Mga Usapin ng "Sarili" at Pagsasarili vis-a-vis Nasyon-Estado. Pumihit ang polisiyang kolonyal sa Pilipinas mula kontra-independensiya tungong "pro" nang palitan ng mga Demokrat ang mga Republikano sa Estados Unidos sa simula ng ika-2ng dekada ng siglo 20. Sa ilalim ng bagong Gobernador-Heneral na si Francis Burton Harrison (1913-1921), ipinatupad ang polisiyang "Filipinization" ng mga posisyon ng gobyerno partikular na ang sangay-ehekutibo. Inihudyat nito ang kagampan ng "fraternalismo" tungo sa ganap na pagsasarili (Onorato 1978, 178-186). Noong 1916 ipinasa ang Batas Jones o "Philippine autonomy act" o "independence organic act" na siya ring nagtadhana sa rekonstitusyon ng BNCT. Muli, makikita ritong pamaya't mayang inihahabi ang isyu ng mga di-Kristiyano sa tadhana ng pagsasarili at kabansaan. Nagpalit ng tindig mula "kontra" tungong "para sa independensiya," nagpalit din ng

RODRIGUEZ

“Non-Christian Tribes” sa Kuwentong Bayan: Ang “Katutubo” sa Politika ng Pagsasalang Pampanitikan

katawagan. Sa organic law ng BNCT ng 1917 unang opisyal na ginamit ang “non-Christian Filipinos” tanda ng tinaguriang “*Filipinizing the White Man’s Burden*” (Friend 1969, 2; Kramer 2006, 11-12, 121, 195, 227, and 378).

Pagsasabansa ang adyendang sinasalungguhitan sa paggamit ng taguring “non-Christian Filipinos” kaalinsabay ng pariralang “complete fusion” ng lahat mga mamamayan (Kristiyano o hindi man). “Filipino” ang sumagisag sa modern at nagsasariling nasyong ibinunga ng tinaguriang “Filipino enlightenment” ng intelligentsia sa interkolonyal na transisyon (Mojares 2006, 383). “Filipino” rin ang ipinansasagisag sa iginigiit na “homogeneity” ng mga populasyon sa Pilipinas laban sa mga politikong Amerikanong kontra-independensiya [cf. Jose Melencio, “Arguments for Philippine Independence and their Answers” (1919)]. Kung kaya, sa taguring “Non-Christian Filipinos” ganap nang pinaghuhugpong ang magkabilang dulo ng ispektrum—ang mga di-Kristiyanong “animista o infiel at Moro” (na tinitingnang latak ng “primitibismo”) at ang modernong nasyon (Kramer 2006, 159-227). Dalawa ang nais ipahiwatig nito. Una, kinikilala ang mahalagang puwang ng mga ibinukod na di-Kristiyano sa kagampan ng nasyon. Subalit sa ikalawang pahiwatig, kinikilala rin ang kanilang kahinaan vis-à-vis “Kristiyano” dahil pinananatili pa ring ito ang pamantayan ng pagpapaka-Pilipino. Sa diskursong ito ng mapanaklaw (hegemonic) na pagbubuklod (“complete fusion”), nananatiling problematiko ang “sarili” ng mga ibinubukod.

Instrumental ang panunumbalik ng BNCT (1917-1936) sa ilalim ng Department of the Interior na ipinahawak na sa mga Pilipino [e.g. Rafael Palma (1917-1919), Teodoro Kalaw (1920-21), Jose P. Laurel (1922), Felipe Agoncillo (1923-24), Honorio Ventura (1925-1931), Teofilo Sison ng Department of the Interior and Labor (DIL) (1932-33)] (Rodriguez 2021, 209).] Hindi na ito ahensiya ng pananaliksik bagkus administratibong yunit na pinagsaluhan ng mga Amerikano at Pilipinong politiko (*Ibid.*, 152). Bagaman nakapailalim sa Pilipino na tumatayong kalihim ng Interyor, pinanatili pa rin sa Amerikano ang tanggapan ng Direktor ng BNCT (para sa lahat ng “pagan tribes” kasama na yaong mga nasa Mindanao). Samantala, sa ganang mga Muslim ipinailalim pa rin sila sa isang “territorial department” – ang Department of Mindanao and Sulu mula 1914 hanggang 1920. Sa panahong ito, magkasabay na hinawakan ni Frank G. Carpenter ang dalawang

tanggapan hanggang sa pinal nang ilipat sa BNCT ang hurisdiksiyon kapwa sa “pagan and Moro tribes” noong 1920-1936. Noong Oktubre 24, 1936, tuluyan nang binuwag ni Manuel L. Quezon, Presidente ng bagong-katatatag na gobyernong Komonwelt ang BNCT na aniya’y “relic of the colonial government” (Batas Komonwelt ng 1936). Giit niya, umaabante na ang mga Pilipino sa pagsasabansa, at marapat lamang na tuwiran nang ipaloob ang mga “Non-Christian Filipinos” sa Department of the Interior. Susi ang nasabing tanggapan sa pagpapatunay sa inaambisyong “self-rule.” Dito na lumulundo ang “colonial partnership” ng mga Amerikano at Pilipinong elit sa paglutas sa tinaguriang “non-Christian problem.”

Simula’t sapul, masigasig na naipamalas ng Pilipinong elit ang kanilang pakikibahagi sa “pagpasan” sa problemang “non-Christian.” Sa unang taon pa lang ng pag-iral ng BNCT sa ilalim ni Barrows (1901-1903) bilang ahensiya ng pananaliksik, pinapurihan na niya ang mga “Filipino gentlemen” sa kanilang “excellent reports” na diumano’y “valuable contribution” sa kaalaman tungkol sa “non-Christian tribes” (Barrows 1903 sa ARPC 1904, 779, sinipi sa Rodriguez-Tatel 2009; Rodriguez 2010). Nariyan din, halimbawa, sina Blas Villamor, Ilokanong politikong naging kasakama ni Dean C. Worcester sa intensibong eksplorasyon sa hilagang Luzon, lalo na sa “teritoryo” ng “headhunting Igorots” (Worcester 1903, 61). Kasanayan sa wikang lokal, Ingles at Espanyol, at mahusay na pakikisama ang puhunan para maisagawa ang pakay, kung kaya pinapurihan ni Worcester si Villamor sa kanyang “perfect knowledge of Ilocano and his great tact in dealing with primitive peoples” (Worcester 1905 sa ARPC 1906, 7). Sa mga nabanggit na pangangailangan, naibulalas din ni Worcester na: “This ordinarily means that he must be a Christian native” (Worcester 1905 sa ARPC 1906, Part 2, 59). “Lowland Filipinos” din ang gumanap ng mahalagang tungkulin bilang guro sa malawakang kampanya para sa public instruction sa mga di-Kristiyano. Hanggang sa pagsabog ng WWII sa Pasipiko noong 1941, sila rin ang magpapatakbo sa kalakhan ng mga eskuwelahan ng mga non-Christians (Tribune 1941; 40, 44-45). Nang taong 1917, naiulat ng Direktor ng BNCT na si Carpenter ang sumusunod na tagumpay ng kagawaran: (a) pagpapalakas ng kontrol ng Gobyerno sa “Mohammedan and pagan regions,” (b) patuloy na pagdebelop ng mga rekursong likas, lalo na sa agrikultura bunsod ng pagtatatayo ng mga pampublikong eskuwelahang industriyal at agrikultural lalo na sa mga taong 1914-1916, (c) pagpapabilis ng

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

"Philippinization" ng mga tauhan ng Gobyerno — lahat ng ito ay mga punyagi para sa pagtataguyod ng "general welfare and advance in civilization of the backward elements of population"(Carpenter 1917 sa ARGG 1918, 55). Puspusan ang mga punyaging inilalarawan ng Gobyerno, subalit sa huli, ikinakabig ni Carpenter sa mga sibilisadong Pilipino ang higit na pananagutan sa pagsisibilisa sa mga di-kristiyano. Aniya,

Neither Mohammedan nor pagan Filipino has national thought or ideals. They are now yielding to a policy of attraction directed at them as substantive Filipinos, and if they do not come directly into increasing and eventual absolute homogeneity with the highly civilized Filipino type the fault will be of the latter. (Carpenter 1917 sa ARGG 1918, 84)

Kung tutuusin, may maaga nang banggit sa mga ulat ng Philippine Commission tungkol sa "Filipino Moro" (Taft 1903 sa ARPC 1904, Part 1, 502); ngunit higit na magiging malaganap ang paggamit ng "Mohammedan or other non-Christian Filipinos" at "non-Christian Filipinos" habang pinag-iibayo ang "policy of attraction" sa kanila (Carpenter 1915 sa ARPC 1916, 240; Carpenter 1916 sa ARGG 1917, 258; Carpenter 1917 sa ARGG 1918, 53; Yeater 1919 sa ARGG 1920, 97).

Gayumpaman, isang kabalintunaan ang polisiya ng "Filipinization" partikular sa ikalawang dekada ng rehimeng Amerikano. Habang ipinapaloob ang mga Pilipinong elit sa larang ng administrasyon, lalo naman nilang nadarama ang pagiging iba bilang akulturadong Pilipino at kolaborador sa mga kababayang nananatiling "pasanin ng mga puti." Mauulinigan ang ilang patunay sa sumusunod na ulat ng Pilipinong gobernador ng lalawigan laban sa mga Igorot:

They [non-Christian tribes] have gladly accepted their new political organization and show a great desire to progress, though they are not willing to be consolidated with the Christian pueblos ... They are very different from the Christians in many of their customs, having no religion or special superstitions.... There is a suspicion that some of

these latter still preserve the inhuman custom and sanguinary instinct of killing any person they find in isolated places when influenced thereto by their belief in spirit propitiation.....During the fiscal year, of the total of the seven Christians killed...some were put to death by Igorots of settlements not yet organized and lying far in the interior....(Flor 1906, 295-296; akin ang diin.)

Sa probinsya rin ng Lepanto-Bontoc, madarama sa pahayag ng “blood lust” ang pagkondena ng gobernador sa kahindik-hindik na pagsasagawa ng krimen (pamamaslang at pamumugot ng ulo) ng ilang Igorot sa Bontoc:

...the blood lust was so strong in some young bucks of Tucucan (Bontok) that, lacking other subject on which to wreak vengeance, they fell upon an inoffensive little Ilocano boy...(Annual Report 1906, 366; akin ang diin).

Kung lubhang kinatatakutan ang imahen ng mga Igorot na namumugot ng ulo, kinukutya naman ang labis-labis umanong kamangmangan ng mga grupong Negrito. Minsan na silang inilarawan ni Dean Worcester bilang “at or near the bottom of the human series...incapable of any considerable degree of civilization” (Schurman Commission 1900-1901, p. 11). Samantala, nawika naman ni Gob. Blas Villamor ng Isabela: “There are many families of Negritos in this province, but as this tribe **has no future** I refrain from dwelling upon it (Villamor 1906, 337)

Subalit kung tutunghayan ang iba pang bahagi ng ulat, mauulinigan din ang tinig ng mga di-Kristiyano laban sa mga Kristiyano. Tunghayan ang kuwento ng pagmaltrato ng huli sa una :

The custom of these tribes to kill anyone not of their settlement...had its origin in the bad treatment they received from certain Christians. During the past (Spanish) rule. They were scarcely ever considered in any way, while the Christians were always indulged and protected by the authorities (Ibid., 1906, 338; akin ang diin).

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

Katunayan, mas maaga pa, mayroon na ring ganitong pahayag:

These (Ilocano) officers, as representing Spanish authority, practically governed the towns. Their presence was and is **distasteful** to the Igorot...(Fifth Annual Report of the Philippine Commission 1904, Part 3: 891; akin ang diin.)

Sa lalawigan naman ng Iloilo may napabalitang sabwatan ng mga tulisan at di-Kristiyanong tribu:

There are quite a large number of non-Christian tribes in this province that inhabit the mountains. Some...were captured last year as accomplices to the crime of brigandage and sentenced to imprisonment by the Court of First Instance (Lopez 1906, 318).

Makalipas ang apat na dekada, sa pagtatapos ng pamahalaang kolonyal ng Amerika at gawad ng independensya ng EU sa Pilipinas noong 1946, matinding tinutulan ng ilang pinunong Muslim, gaya ni Tuan Hadji Abdullah Nuno ng Sulu, na maipaloob sila sa anila'y "*government of the Filipinos*." Mas mamarapatin, aniya na manatili sa kamay ng mga Amerikano na itinuturing na nilang "ama at ina" kaysa mailipat sa "ibang lahi" – ang "Christian Filipinos" (Sadain 2000 sinipi sa Rodriguez 2010, 21).

Maanomalya ang nabuong "Filipino nation" sa pagtatapos ng kolonyalismong Amerikano. Kinitil ito sa simula ("nation aborted" sa wika ni Quibuyen (1999/2008) upang palitan ng "nasyong" ipinuhunan sa matagumpay subalit masalimuot na praternalistikong ugnayan ng mga kolaborador na Pilipino at ng mga (bagong) "Am(erikan)o."¹ Sa hanay ng mga sinakop, ang mga edukado, Hispanisado/Amerikanisadong elit na Kristiyano, ang higit na nakipagtagisan sa mga kolonisador sa proseso ng "pagsasanasyon." Isang kabalintunaang habang iginigiit nila ang katwiran sa pagsasarili, lalo naman nilang hinihigpitan ang kapit sa Amerika bilang modelo sa ikasakripisyo ng totoong sarili. Kapalit ng pangako ng Pilipinisasyon ng gobyerno ay ang kolaborasyong nagbigay-daan sa Amerikanisasyon ng pamantayan ng "national unity and development."

Mala-apoy itong nagpasidhi sa mga usapin ng etnisidad na humahamon sa proyekto ng nasyon-estado.

Binigyang-kahulugan ni Eriksen ang “etnisidad” bilang “klasipikasyon ng mga tao at panggrupong ugnayan sa konteksto ng pagtatangi sa ‘sarili vis-a-vis iba’ (“classification of people and group relationships in the context of self-other distinctions”) (Eriksen 1993, 3-4; akin ang diin). Sa ganang ito, maituturing ding isang mala-etnikong konsepto ang “nasyon” kung itatampok ang mga pagkakapare-parehong kultural o pinagsasaluhang karanasan ng mga tao sa loob ng isang partikular na teritoryo (Buendia 2002, 7). Gayumpaman, kung lalapian ng salitang “estado” gaya ng sa “nation-state,” mangangahulugan na ito ng “political embodiment of the community” o isang “sistema ng hirarkiya” na bumabangga sa nosyon ng “likas” na pagkakaiba-iba at “nalikhang pag-iiba-iba” ng mga “pangkat etniko.” Bagaman likas at normal ang pagkakaiba-iba, ibinubunsod ng mga tunggalian ang pag-iiba-iba. Ito ang hirarkiya ng pagkakaiba-iba o ang pagtatakda ng “superior” at “inferior” sa hanay ng mga lipunan at kultura (Kramer 2006). Kung tutuusin, implisito sa taguring “etniko” ang nosyon ng “inferiority” sa mundong Euro-Anglo-Amerikano. Galing ito sa salitang Griyegong “ethno(s)” na nangangahulugang “heathen” o “pagan” (Williams 1976 sinipi sa Eriksen 1993, 3)—sa madaling sabi, di-Kristiyano. Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, lumawig ang saklaw ng “ethnic” nang ginamit ito sa Estados Unidos bilang “magalang” o eupemistikong pang-uri sa mga Italyano, Irish, Hudyo at iba pang nasyonalidad na itinuturing na “inferior” sa mga dominanteng Anglo-Amerikano. Kung kaya, bagaman ipinag-iiba sa katagorya ng lahi (race), naging isang rasyalisadong (racialized) diskurso rin ang “etnisidad” sa konteksto ng diskriminasyon laban sa mga tinatratong “iba,” “kakaiba” at “naiiba” (Rodriguez-Tatel 2017, 7). Sa Pilipinas, iniluwal ng kolonyalismong Espanyol ang “ethnic differentiation.” Pinag-igting ito ng mga Amerikano nang mainstitusyonalisa ang “non-Christian tribes” bilang opisyal na katawagan. Gayumpaman mga Pilipinong akulturado (Hispanisado noong una, Amerikanisado nang malaunan), ang nagsilbing makapangyarihang tagapamagitan. Bilang “little brown brothers” sa kanila itinulay ang wika at mundo ng pakahulugan ng pananakop. At hindi maliit, bagkus “dakila” ang nalikha nitong “pagkakahating pangkalinangan” (Salazar 1997). Dito lumulundo ang hugpungan ng mga usapin ng lahi, nasyon, at etnisidad—hugpungang nagsilbi ring lunan ng politika ng pagsasalang pampanitikan.

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

Pagsasaling Kultural: Talaban ng Pagpapakahulugan at Kapangyarihan. Integral sa mga sarbey-etnolohikal at mga kolonyal na etnograpiyang nabuo mula sa mga ito ang pagsasalin ng mga kuwentong bayan (Beyer 1913; Cooper-Cole 1915; at Cook Cole 1916). Kung kaya sentral ang papel na ginampanan ng pagsasaling pampanitikan. Sa puntong ito, mahalagang itanong, paano inunawa at ipinaunawa ng mga Amerikano sa loob ng estrukturang kolonyal ang isang kulturang iba at mababa (inferior) ayon sa kanilang pamantayan? Hindi lamang ito problemang pangwika o "linguistic gaps," lalo't higit, problema itong kultural (*cultural gaps*) (Ghadi 2009). Sa puntong ito, maihuhugpong ang diskurso ng "non-Christian tribes" sa pagsasaling pampanitikan na nangangailangan ng isang bagong balangkas ng pagsusuri, labas sa mga istriktong hangganan ng linggwistiks at panitikan. Ito ang kultural na pagsasalin" ("*cultural translation*") na kung tutuusin ay isa ring hugpungan ng dalawang larang ng pag-aaral: (1) araling pagsasalin (*translation studies*) at (2) araling kultural (*cultural studies*).

Nanggagaling ang "saling kultural" sa batayang palagay na ang panitikan ay isang sistema ("literature as a system").² Ipinapalagay ng mga tagapagtaguyod nito na nagsisimula ang pag-aaral ng pampanitikang salin hindi sa teknikal at linggwistikong proseso ng pagsasalin kundi sa pagsisiyasat ng isinaling teksto, i.e., kung ano ang papel at gamit nito, ang pagtanggap dito ng pinagsasalinang kultura, gayundin ang papel ng kultura sa proseso ng pagsasalin (Toury 1985). Itinatanghal dito, kung gayon, ang napakahalagang papel ng kultura, na sang-ayon sa pagpapaliwanag ni Harish Trivedi (2007), sa kanyang akdang "Translating Culture vs. Cultural Translation" ay ang higit na bumubuo sa mga tekstong pampanitikan. At isang behikulo lamang nito ang wika. Aniya: "... literary texts were constituted not primarily of language but in fact of culture, language being in effect a vehicle of culture (Trivedi 2007, 2)." Ang yunit, umano, ng pagsasalin ay hindi na ang salita, pangungusap, o talata lamang, ni ang buong teksto, kundi, ang buong wika at kultura kung saan binuo ang teksto. Inilarawan nina Susan Bassnett at Andre Lefevere ang "bagong" kamalayang ito bilang "ang pihit kultural" ("*the cultural turn*") sa araling pagsasalin sa kanilang librong *Constructing Cultures: Essays on Literary translation* (1998). Ipinapalagay ni Jeremy Munday (2001) na ang "pihit kultural" ay isang pagtatangka ng *cultural studies* na linawin ang mga usaping kultural sa larangan ng araling pagsasalin (*translation studies*). Higit pa sa mekanikal

na pagsasalin ng teksto [(tungo sa target language (TL)), ang tinututukan sa saling kultural ay ang talaban (“transaction” at “negotiation”) ng mga kultura:

...the translation of a literary text became a transaction not between two languages, or a somewhat mechanical sounding act of linguistic “substitution,” but rather a more complex negotiation between two cultures (Trivedi 2007, 3; akin ang diin.)

Sa ideya ng talaban, pumapasok ang usapin ng politika at ideolohiya sa pagsasalin. Sang-ayon kay Lefevere, ang pagsasalin, ay nagmimistulang isang sandata ng pagpapakahulugan (“*an interpretive weapon*”) sa labanan ng magkakatanggaling poetika sa loob ng tinatawag niyang “*receiving system*” (Lefevere 1985, 239). Dagdag pa niya, gaya ng iba pang anyo ng muling pagsulat (*rewriting*), gumaganap ang pagsasalin bilang batayan ng pagsusuri sa diumano’y isinasagawang manipulasyon ng mga salita at konsepto na, higit sa ano pa man, ay lumilikha ng kapangyarihan sa isang lipunan at kultura (Lefevere 1985, 241). May kaukulang paliwanag din si Rodriguez-Garcia tungkol sa estratehiya ng saling kultural. Sa pagsasalin ng banyagang teksto, diumano, pumipihit ang estratehiya mula sa mga kumbensyunal na praktika ng pagsasaling nakabatay sa mga kategorya ng tumbasan (*equivalence*), katapatan (*fidelity*), at literalismo (Rodriguez-Garcia 2006, 3). Nauna nang tinalakay ni Walter Benjamin (1923) na kapwa ang orihinal at kopya (o salin) ay mga bahagi o piraso lamang ng isang kabuuang buhay ng teksto (*Ibid.*, 3-4). Kung kaya, tinitingnan ang mga salin bilang isang “piraso” lang ng kabuuan na maaari umanong makipagtalaban (“*enter into a dialectics*”) sa orihinal na teksto alinsunod sa kaparaanan nito ng pagpapakahulugan (*Ibid.*, 4). Pumapailalim, kung gayon, ang isinaling teksto sa sinasabi ni Rodriguez-Garcia na “sukdulang proseso ng pagsasalin” (“*decoding*”) at muling pagsasalin (“*recoding*”) kung saan nakikipagtagisan ang tagasalin (batay sa kanyang kaligirang kultural) sa umiiral (na orihinal) na teksto. Kaso ito, aniya, ng pagsasalin bilang isang anyo ng panghihimasok (*intrusion*) ng isang wika (o *code*) sa isa pa. Kung kaya, may nagaganap na dagdag-bawas (“*additions and subtractions*”) sa paglilipat ng pakahulugan (“*semiotic transfer*”). Sa pagpapakahulugan, hindi lamang mga teksto ang nagtatalaban, lalo’t higit ang lipunan at kulturang kanilang kinapapalooban. Kongkretong

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

ipinakikita ito sa danas ng antropologong si Albert E. Jenks (1905) sa ginawa niyang salin ng ilang kuwentong bayang Bontok (ng Mt. Province). Aniya,

The Igorot story-tellers, with one or two exceptions, present the bare facts in a colorless and lifeless manner. I have, therefore, taken the liberty of adding slightly to the tales by giving them some local coloring...(Jenks 1905, 221; akin ang diin.)

May iniiwang puwang sa isipan ng mambabasa ang tinutukoy niyang "bahagyang pagdaragdag." Mga puwang o posibilidad ito para sa manipulasyon na maaaring magbigay-daan sa misinterpretasyon o misrepresentasyon. Partikular sa kalikasan ng kuwentong bayan na nasa tradisyong oral, napakalaki ng lugar para sa "dagdag-bawas" na magpapabago o magpapaiba sa kahulugan. Dahil pasalita, patuloy ang paghabi ng mga bukas na pakahulugang nilalahukan hindi lamang ng bayang nag-aakda ng kuwento, kundi pati na rin ng mga iskolar o mananaliksik na nagtranskrayb at nagsalin ng nito. Sa ganang ito, isang masalimuot at daynamikong proseso ng paglahok sa diskurso ang pagsasalin.

Paano nga ba bumubuo ng teksto o salin? Hindi lamang ito usapin ng metodo. Usapin din ito ng konteksto. Konteksto ang makapangyarihang elemento ng diskurso na nagtatakda ng nagbabagu-bago at nag-iiba-ibang pagpapakahulugan. Upang masapul ang kasalimuotan ng diskursibong katangian ng pagsasalin ng mga kuwentong bayan patungkol sa mga tribung di-Kristiyano, dalawang partikular na konteksto ang itinatampok sa papel na ito. Una, ang kolonyalismong Amerikano, at ikalawa, ang nasyonalismong Pilipino habang hinahamon ito ng mga usaping pang-etnisidad. Konteksto ang siyang nagbibigay-katuturan sa teksto. Hindi na lamang rekursu o kasangkapan ng diskurso ang teksto, bagkus produkto rin ito ng buong proseso ng panlipunang interaksyon sa agos ng panahon (Fairclough 1989, 24-25; 2009, 24; Wodak 2011). Bilang produkto ng diskurso, sinisipat, sinusuri at inuunawa ang teksto sa dalawang antas ng konteksto: (1) ang sosyo-politikal at (2) historikal. Sa unang antas, binibigyang-diin ang teksto bilang lunan ng tagisan kung kaya nagkakaroon ng pagkakaiba-iba ng interpretasyon. Kung kaya, hindi basta-basta maituturing na matapat na paglalahad ng lantay na katotohanan ang mga kinalap na datos. Bagkus,

sisidlan ang mga ito ng mga bukás at buháy na interpretasyong nababago batay sa nag-iiba-ibang danas at persepsyon ng tagakalap at tagasalin ng mga ito. Sa kontekstong kolonyal, magkaugnay, anupa't sinabi ni Jumpha Lahiri (2000) (sa kanyang akdang "*My Intimate Alien*") na magkatumbas ang pag-iimahen ("*representation*") at pagsasalin ("*translation*"). Tiniyak ni Tejaswini Niranjana (1995) sa kanyang akdang *Siting Translation: History, Post-Structuralism, and the Colonial Context*, na ang pagsasalin ay isang pamamaraan ng representasyon sa isa pang kultura ("*a mode of representation in another culture*") kung ang ugnayan sa pagitan ng mga wika at kultura ay yaong sa kolonisador at kolonisado. Dito, aniya:

...translation...produces strategies of containment. By employing certain modes of representing the other—which it thereby also brings into being—translation reinforces hegemonic versions of the colonized, helping them acquire the status of what Edward Said calls "*representations*" or "*objects without history*" (Niranjana 1995, 3).

Ibig sabihin, politisado ang representasyong nakapaloob sa translasyon, na direktang maiuugnay sa rasyalisadong katawagang "*tribe*" bilang "*people without history*" (Wolf 1982). Subalit hindi linyar ang laro ng kapangyarihan.

Integral sa kontekstong sosyo-politikal ang kontekstong historikal dahil ang bawa't diskurso ay nakapaloob sa kasaysayan at nakaaapekto sa diskurso sa kasalukuyan at sa hinaharap (Wodak 2002,21). Mula kolonyal hanggang sa kontemporaryong panahon matutunghayan ang pagsasalin ng mga kuwentong bayan bilang isang buong ispektrum ng pagpapakahulugan sa pagitan ng noon, ngayon, at bukas. Ito ang tinatawid ng teksto sa proseso ng patuloy na produksiyon at reproduksiyon— isang dinamikong proseso ng interpretasyon. Sa pagtawid na ito, hindi lamang pagbabago ang itinatanghal. Makasisipat tayo ng mga katuluyan (continuities). Bunsod pa rin ito ng talaban subalit sa antas na ng estrukturang pangkaisipan — ang "*kognitibong dimensiyon*" (van Dijk 2013). Susi ang dimensiyong ito sa kung paano inuunawa ang pagsulong ng isang diskurso. Ani Teun van Dijk, ang estrukturang mental ay isang "*interphase*" na nag-uugnay sa paggamit ng wika (bilang mikro-estruktura) at sa panlipunang estruktura (bilang makro-estruktura) (Rodriguez-Tatel 2019, 14-16). Sa puntong ito, mahalagang

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

paglimi-limian: mula sa isang kayariang kolonyal (colonial construct), paano sumulong ang representasyon at interpretasyon sa "non-Christian tribes" sa mga salin (o pag-aakdang Pilipino) matapos ang kolonyalismo?

Matapos ang kolonyalismo, sumulong ang adyendang nasyonalista at nakipagtugaygayan sa asersiyon ng grupong "minority" (basahin: *minoritized*). Sa panahong post-kolonyal pumihit din ang konteksto ng pagsasaling pampanitikan batay sa obserbasyon ni Sachin Ketkar (sa kanyang akdang "*Literary Translation: Recent Theoretical Developments*"). Ang problematik ng pagsasalin, aniya,

...ay nagiging mahalagang pook ng pagpapatampok sa mga usapin ng representasyon, kapangyarihan at historisidad.... ng mga nakikitunggali at tinutunggaling kuwento na nagtatangkang itanghal at muling isalaysay ang mga di-pantay na ugnayan sa pagitan ng mga tao, lahi, at wika. [In a post-colonial context the problematic of translation becomes a significant site for raising questions of representation, power, and historicity. The context is one of contesting and contested stories attempting to account for, to recount, the asymmetry and inequality of relations between peoples, races, languages.] (Akin ang diin.)

Batay sa mga nabanggit na pagdadalumat, tatlong bagay ang nais itampok sa pag-aaral na ito. Una, ang pagsasalin ay lunan o pook ng talaban hindi lamang ng mga teksto, kundi lalo't higit ng mga wika, kultura, at kasaysayan nito. Ikalawa, sa ganang talaban, ang pagsasalin ay isa ring maituturing na diskursibong pormasyon –isang pook din ng pag-iral ng politika at ideolohiya; at ikatlo, ang pagsasalin ay hindi lamang isang tiyak na gawaing linggwistiko bagkus, isa rin itong dinamikong gawaing kultural sa agos ng panahon (Lahiri 2000, 120).

Sa Hugpungan ng mga Teksto: Ilang batayang Gabay sa Pagsusuri

Binalangkas ko ang pananaliksik gamit ang prinsipyo ng intertekstualidad sa pagsusuri ng teksto. Sinuri ko ang mga salin batay sa at kaugnay ng iba pang teksto (i.e., mga ulat- etnograpiiko hinggil sa mga di-Kristiyano at parateksto ng mga publikasyong kinapapalooban ng mga salin) upang mataya ang kabuuang konteksto ng pagsasalin. Bilang panimulang hakbang, nagsarbey ako ng mga kuwentong bayan ng mga “di-Kristiyano” sa ilang kolonyal na publikasyon (e.g., etnograpiya, maikling papel, antolohiya ng mga kuwentong bayan) sa pagitan ng 1901 hanggang 1916—ang panahon kung kailan nakapagsagawa ng puspusang saliksik-etnolohikal at nakapaglimbag ng mga artikulo at libro mula rito ang mga Amerikanong etnograper-opisyal para sa epektibong administrasyon (Goh 2017).

Upang sipatin kung paano sumulong ang nalikhang diskurso ng mga kolonyal na salin, naghanap ako ng reproduksiyon (maaaring *reprint* o ibang bersiyon) ng mga ito na iniakda ng mga Pilipino matapos ang kolonyalismo. Mula sa limang akdang banyaga [i.e., Albert Jenks, *The Bontoc Igorot* (1905); Henry O. Beyer, “Origin Myths Among the Mountain Peoples of the Philippines” (1913), Laura Watson Benedict, “Bagobo Myths” (1913); Fay Cooper-Cole, *A Study of Tinguian Folklore* (1915); at Mabel Cook Cole, *Philippine Folk Tales* (1916)], nasaliksik ko ang sumusunod na akdang naglalaman ng reproduksiyon ng mga nasabing tekstong kolonyal [i.e., Artemio Peraren, “Tinguian Folklore and How It Mirrors Tinguian Culture and Folklife.” M.A. Thesis, University of San Carlos (1966); Maria Delia Coronel, *Stories and Legends from Filipino Folklore* (1968), Nicomedes G. Atienza, *Mga Alamat at Kalinangan ng mga Katutubo sa Pilipinas* (1979), Pablo Cuasay, *Mga 55 Piling Alamat sa Pilipinas* (1991); Damiana L. Eugenio, *Philippine Folk Literature: The Myths* (1993), Artemio Guillermo, *Epic Tales of the Philippines, Tribal Lore of Filipinos* (2003); at Manuel B. Dulawan, *Oral Literature of the Ifugao* (2005)].

Sa kabuuan, pinili ang mga kuwentong itinampok sa pag-aaral na ito batay sa pagkakaroon ng hindi kukulangin sa isang bersyon sa magkabilang pangkat: (a) kolonyal na publikasyong Amerikano, at (b) kontemporaryong publikasyong Pilipino. Nalimitahan ang pag-aaral sa

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasalang Pampanitikan

aspetong ito. Mapapansing karamihan (pito sa walo) ng mga napiling kuwentong bayan ay yaong sa mga grupong etnolinggwistiko ng hilagang Luzon. Iisa lamang ang sa Mindanao. Para sa preliminaryong pag-aaral na ito lubhang mahirap na humanap ng mga tekstong may mga salin kapwa ng mga kolonisador at kontemporaryong Pilipinong iskolar, partikular na sa Mindanao. Kadalasan, pawang *reprint* lamang sa Ingles ng mga isinalin ng mga Amerikanong antropologo/etnologo/foklorista ang mayroon sa kasalukuyan. O kaya naman, wala talagang bersiyon ang mga ito sa natukoy na yugto ng panahong kolonyal (1901-1946). Ibig sabihin, isinalin at inilathala na mismo ng mga Pilipino ang mga ito sa kontemporaryong panahon (mula 1946 hanggang sa kasalukuyan).

Gamit ang metodo ng pagsasalang kultural, siniyasat ang mga piling salin ng mga kuwentong bayan alinsunod sa: (1) gamit o silbi ng teksto sa paglikha ng diskurso ng tribu; at (2) bisà ng kultura sa proseso ng pagsalalin. Sa una, tinunghayan ang mga salin ng mga Amerikanong iskolar kung paano inilarawan ang mga di-Kristiyanong tribu bilang "*savages*," "*wild*," at "*primitive*". Sa pangalawa, sinuri kung paano nakikipagtalaban ang mga saling ito sa salin ng mga Pilipinong iskolar sa panahong post-kolonyal. Tiningnan kung may mga tagpuan at bangga (tensyon o puwang); gayundin, kung saan nagtatagpo o nagkakaiba at nagbabanggaan ang mga ito. Subalit hindi maisasagawa ang ganitong pagsisiyasat kung hindi isinalang-alang ang iba pang kaugnay na teksto. Sa puntong ito, nagsagawa ng interteksto. Pangunahin na sa mga kaugnay na tekstong isinalang-alang ay ang mga parateksto ng mga piling salin. Parateksto (*paratext*) ang tawag sa lahat ng idinagdag na nakasulat na materyal sa isang libro na hindi naman maituturing na bahagi ng primaryang naratibo. Maaaring ito ay *blurb*, prepasyo, komentaryo ng may-akda, rebyu at mga ilustrasyong nagpapayaman sa tampok na teksto. Tinatangka nitong impluwensyahan ang mga mambabasa sa pagpapakahulugan sa pangunahing teksto (Abbot 2002; Genette 1997). Sa mga ginamit na salin sa papel na ito, parateksto ang mga prepasyo o paunang salita na nagpapaliwanag sa konteksto ng pangangalap o pagbuo ng teksto mula sa mga naisulat na ng mga Espanyol o di kaya nama'y mula sa mga naririnig nilang kuwentong bayan sa komunidad. Matutunghayan dito ang pangunahing pakay, motibo/intensyon ng mga nangalap, nagtipon, at nagsulat at/o nagsalin ng mga nasabing teksto. Mahalaga ring pinagtuunan ang mga talababa/talahuli (*footnotes/endnotes*)

na nagpapaliwanag sa kahulugan ng isang ekspresyon ng pinanggalingang wika (*source language* o SL) sa halip na isalin na lamang ito. Sinuri din ang ilustrasyong ginamit sa mga akda (kung mayroon man) na maraming sinasabi tungkol sa motibo ng may-akda. Sa pagpapaliwanag ng pangkalahatang konteksto ng teksto, mahigpit ding isinaalang-alang ang ilang piling sipi ng mga ulat-etnograpike nang mga panahong iyon. Dapat alalahaning binuo ang mga nasabing kolonyal na ulat sa tulong ng mga Pilipinong opisyal bilang mga gobernador ng lalawigang nagtataglay ng di-Kristiyanong populasyon sa konteksto ng “muling pag-oorganisa” (reorganization) ng lipunan. Dito pa lang, makababanaag na tayo kung paano ang galawan ng kapangyarihan. Samakatwid, nagsilbing lunsaran ng pagsasaling kultural ang “imbestigasyong etnolohikal” — isang buhay na proseso ng pagpapakahulugan na kung tutuusin ay ideolohikal, lalo pa’t itatapat natin sa pahayag na ito ni Gob. William Howard Taft. Aniya, “... to get the best of the Filipino servants...one must know them and study their traits” (Taft 1903, sinipi sa Kramer 2006, 181).

“Non-Christian Tribes” sa mga Mito: Rasyalisasyon sa Mga Kuwento ng Kabangisan at Primitibismo

Gaya ng mga kolonyal na etnograpiyang ginawa tungkol sa mga di-Kristiyanong tribo, masasabing naging mayamang bukal din ng rasyalisadong diskurso ang mga salin ng kanilang kuwentong bayan. Kung tutuusin, nagkakaisa halos ang mga etnologong sinangguni sa pag-aaral na ito hinggil sa kahalagahan ng mga ito, partikular na ang mitolohiya at alamat sa buhay ng mga sinakop. Pahayag ni Fay Cooper Cole sa kanyang akdang *Study of Tinguian Folk-Lore* (1915):

In the following pages, an attempt has been made to bring together the culture of this people, as it appears in the myths, and to contrast it to present day conditions and beliefs. In this way, we may hope to gain a clearer insight into their mental life, and to secure a better idea of the values they attach to certain of their activities than is afforded us by actual observation or by direct inquiry (1915, 1; akin ang diin).

RODRIGUEZ

“Non-Christian Tribes” sa Kuwentong Bayan: Ang “Katutubo” sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

Kung susi ang mga kuwentong bayan sa pag-unawa sa buhay-pangkaisipan ng mga tao. naniniwala si Cole na muli nilang mabubuo ang nakalipas na kultura ng isang bayan sa pamamagitan ng mga mito. Subalit tila nagkaproblema si Albert E. Jenks, Amerikanong antropologong nakipamuhay sa mga Bontok upang makapagsagawa ng sarbey etnolohikal sa mga grupong ito noong 1902-1903. Aniya, “*The paucity of the pure mental life of the Igorot is nowhere more clearly shown than in the scarcity of the folk tales* (1905, 221).” Problematiko ito dahil daglian ang konklusyon. Dahil kakaunti ang kanilang nakalap, kara-karakang ipinahayag na salat din ang mga Bontok sa sinasabi nilang “mental life,” sa madaling sabi, mangmang. Gayumpaman, ipinapakita lang nito kung gaano kahalaga ang kuwentong bayan sa pagtataya ng antas ng karunungan at pag-unlad ng lipunan. Makapangyarihan kung gayon, at lugar din ng talaban ng mga relasyong pangkapangyarihan.

Sa pangkalahatan, karamihan sa mga kuwentong bayan sa panahong ito ay isinalin ng mga Amerikano mula sa tatlong batis: (1) napakaekstensibong koleksiyon ng mga manuskritong iniakda ng mga misyonerong Espanyol (Dominiko at Heswita sa partikular); (2) mga tekstong kinalap mismo ng mga estudyante o gurong Pilipino na nagsilbing field worker sa ilalim ng mga proyektong pananaliksik etnolohikal at (3) mga tekstong sila mismo ang nangalap. Sa huling kategorya, nilalapatan nila ito ng malayang salin at anotasyon batay sa kanilang pamantayan ng “ethnological investigation.” Nasa akdang “The Origin Myths among the Mountain Peoples of the Philippines” ni Henry O. Beyer ang ilang patunay tungkol sa mga nasabing pamamaraan³ (2012/2013, 117; Rodriguez 2021, 153 at 186). Nag-iiwan ng malaking puwang ang binabanggit ni Beyer na “malayang salin” — puwang na nagpapahintulot sa sinasabing “dagdag-bawas” depende sa kanilang pangunahing pakay o motibo.

Magkahalong pagpapahalaga at pag-aglahi ang umaalingawngaw sa mga parateksto ng kuwentong bayang isinalin ng mga kolonyal na antropologo. Pag-aglahi itong tila nakabaon na sa ebolusyong perspektiba ng mga kanluranin sa kultural at pampanitikang pag-unlad ng sangkatauhan. Anupa’t mauulinigan ang isang rasyalisadong pananaw sa pahayag na ito ni Bronislaw Malinowski. Aniya:

...myth is to the savage what, to the fully believing Christian, is the Biblical story of Creation. ...it is not an intellectual explanation or an artistic imagery, but a pragmatic charter of primitive belief...(Malinowski, sa Dundes 1984, 198-199, sinipi sa Eugenio 1993, xxiv; akin ang diin.)

Sa ganang ito, tinitingnan ang “mito” hindi lamang bilang isang inilalahad na salaysay bagkus ay “isang reyalidad na isinasabuhay” (“*a reality lived*”) sa aniya’y isang “savage community” (Malinowski, sa Dundes 1984, 198).

May iba pang manipestasyon ng rasyalisadong diskurso sa isinagawang pagsasalin ng mga kolonyal na iskolar. Sa paratext, halimbawa, ng antolohiya ni Beyer tungkol sa kuwentong bayan ng aniya’y “pagan mountain peoples,” mababanaagan ang panlipunang ebolusyon (alinsunod sa *Social Darwinism*) bilang balangkas ng kanyang pagsusuri at pag-uuri sa mga “iba’t ibang baitang ng kultura.” Aniya:

Many different grades of culture are represented among these mountain peoples, and we find correspondingly unequal development of their mythologies. All classes are represented: primitive, such as the beliefs of the Mangyans of Mindoro, the Tagbanwas of Palawan, and the Ilongots of northern Luzon; mediocre, as the beliefs of the pagan tribes of Mindanao; and highly developed, such as the elaborate polytheisms of the Ifugaos, Igorots, Kalingas, and other peoples of the Mountain Province in Luzon (Beyer 1913, 86; akin ang diin.)

Sumusunod din sa ganitong balangkas si Mabel Cook-Cole sa pagpili niya ng mga tipikal na kuwento ng iba’t ibang uri ng tribu: “...tribes widely separated and varying in culture from *savagery* to a rather high degree of development” (1916, v); akin ang diin). Alinsunod sa sinabing ito, nakapagtukoy siya ng mga sumusunod na grupo: “Tinguian, Igorot, the Wild Tribes of Mindanao, Moro and Christian.” Kapansin-pansin ang rasyalisadong pananaw sa mga salitang ginamit para ilarawan ang mga nabanggit na grupo:

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasalang Pampanitikan

The first two groups, Tinguian and Igorot ... have been zealous head-hunters, and the stories teem with references to customs and superstitions connected with their savage practices... (Cook Cole 1916, vi; akin ang diin.)

The third group includes stories from several wild tribes who dwell in...Mindanao. Here are people who work in brass and steel, build good dwellings, and wear hemp clothing..., but who still practice many savage customs, including slavery and human sacrifice (ix; akin ang diin.)

The fourth division gives two tales from the Moro (hardy Malayan warriors whose ancestors early became converts to the faith of Mohammed). Their teachers were the Arabian traders... (ix; akin ang diin.)

The last group contains the stories of the Christianized natives – those who accepted the rule of Spain and with it the Catholic religion. Their tales, while full of local color, nevertheless show the influence of the European tutors (ix).

Para kay Cook-Cole, nasa unang baitang lamang ang mga kuwentong bayan ng mga grupo sa bulubundukin ng hilagang Luzon. Ang antas ng pag-unlad ay itinakda ng labas o taga-labas (vis-à-vis katutubo). Mas malayo sa tagpuan ng mga dayuhang impluwensya, mas primitibo. At mas tumatanggap ang grupo ng impluwensyang ito, nawawala ang banggit ng "head-hunters," "wild tribes" at "savage customs." Kung kaya't ang mga Moro na naimpluwensyahan diumano, ng mga mangangalakal na Arabo noong 1400 at ang mga Kristiyanisadong katutubo, na pumailalim sa direktang pamamahala ng Espanya at impluwensya ng mga Europeo, ang tinutukoy na nasa "mataas na antas ng pag-unlad". At binabanggit ang mga salitang "guro" (teachers o tutors) bilang pantukoy sa mga dayuhang nakatagpo ng mga ito. Malinaw ang subtekstong mga banyaga o Europeo ang tagapagturo ng pag-unlad.

Saan nanggagaling ang lahat ng mga pagkiling na ito? Sa kawalan ng malalim na pagkaunawa sa kultura ng kanilang pinag-aaralan. Inamin

ni Beyer na: "Our knowledge of the *primitive tribes* of the Philippines is very *limited* and is chiefly confined to the material culture, together with a *few* of the *more obvious* social traits (86)." Kung gayon, kaunti at mababaw lang talaga ang alam ng mga antropologong ito sa puntong ito ng kanilang eksplorasyon at pangangalap ng katutubong kaalaman. Isang kabalintunaan na mula sa mga preliminaryo at eksploratoryong akda nilang ito manggagaling ang tinatawag na "ekspertong kaalaman" hinggil sa mga nasabing grupo. Lumabas at ipinaikot ang mga nasabing kaalaman bilang mga partikular na isyu ng *Philippine Journal of Science* o di kaya nama'y sa mga internasyonal na publikasyon gaya ng *National Geographic Magazine* (e.g., "Head-hunters of Northern Luzon" ni Dean C. Worcester) at *American Anthropologist* (e.g., "Distribution of the Non-Christian Tribes of Northwestern Luzon" ni Cooper-Cole, Vol II, No. 3, 1909). Sa ngalan ng siyensiya, o "komitment" sa "siyentipikong kaalaman/katotohanan" para sa mas mainam na pagkaunawa ng tao sa sandaigdigan, nabigyan ng lehitimasya, ano pa nga't nainstitusyonalisa, ang mga interpretasyon at representasyon sa mga di-Kristiyano bilang "tribu". May tuwirang pahayag tungkol dito si Mabel Cook Cole sa kanyang prepasyo ng *Philippine Folk Tales*:

The tales are now published in this little volume, with the addition of a few folk-legends that have appeared in the *Journal of American Folk-Lore* and in scientific publications....(v; akin ang diin.)

Mas mataginting ang tono ng pag-aglahi sa karagdagang pahayag, muli, ni Cook-Cole:

It is my earnest hope that this collection of tales will give those who are interested opportunity to learn something of the magic, superstitious, and weird customs of the Filipinos, and to feel the charm of their wonder-world as it is pictured by these dark-skinned inhabitants of our Island possessions (Cook-Cole 1916, v; akin ang diin.)

Madarama rin sa mga salitang "charm of their wonder-world" ang esensyalistang pananaw na tila may-halong pagroromantisa sa kanilang mga sakop. Esensiyalismo itong nagpapatingkad sa rasismong bitbit ng mga

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

katagang "*dark-skinned inhabitants*" bilang pantukoy sa mga tao, at "*magic, superstitious and weird customs*" bilang pantukoy sa kultura ng mga kinolonisa. Sa buong prepasyo ng aklat ni Cook Cole, mula pahina *v* hanggang *ix*, panakanang binabanggit ang mga salitang nagbibigay-tatak sa diumano'y mababang antas ng kultural na pag-unlad ng mga katutubo na sinasalamang ng kanilang panitikang bayan: "*weird customs*", "*magic*," "*superstitions*," "*savage practices*," "*strange customs*," "*savage customs*" (gaya ng "*slavery*," "*human sacrifice*," at "*head-hunting*").

Sing-interesante ng wikang berbal ang mga biswal na representasyong nagsisilbi ring parateksto ng mga isinaling kuwentong bayan. Dalawa sa mga nabanggit na publikasyon ang may partikular na ilustrasyon ng mga di-Kristiyano bilang mga di-sibilisado, i.e., ang *Philippine Folk Tales* ni Mabel Cook Cole at ang *The Bontoc Igorot* ni Albert Jenks. Mariing itinatampok ang pagiging hubad (*nakedness*), ang pamumugot ng ulo, at ang mga tatu bilang susog sa kanilang asersyon ng "kabangisan at primitibismo."

Sa bahaging ito, mahalagang itanong, paano naitampok ang mga nabanggit na representasyon sa pagsasalin ng mga kolonisador sa kuwentong bayan ng mga katutubo? At paano rin nakikipagtalaban sa pagsasalin at pag-iimaheng ito ang salin ng mga Pilipino?

Mga Salin ng Teksto, Tagisan ng mga Konteksto

Ipakikita sa bahaging ito kung paano isinagawa ang saling kultural sa ilang piling kuwentong bayan ng mga di-Kristiyano. Partikular na tinuunan ang mga mito at alamat dahil sa nabanggit nang kabuluhan nito sa buhay-pamayanan (Cooper Cole 1915). Sa kontemporaryong panahon, gayundin ang pagpapahalaga sa mga ito ng mga Pilipinong iskolar. Sang-ayon nga sa tinaguriang "*Mother of Philippine Folklore*" na si Damiana Eugenio, ang mito ay salaysay sa tuluyan na itinuturing ng lipunang kanilang kinapapalooban ng makatotohanang tala ng mga nakalipas na pangyayari. Tinatanggap ito ng mga tao ayon sa kanilang pananampalataya at paniniwala. Itinuturo ang mga ito para paniwalaan; at maaaring kilalanin bilang awtoridad sa pagsagot sa kamangmangan at pagdududa. Anupa't kumakatawan ito, umano, sa isang dogma at para sa mga tao ito ay sagrado (Eugenio 2001, xxv). Banal, sapagkat ang pangunahing tauhan ay ang

kinikilalang Dakilang Lumikha o mga espiritung may ganap na kapangyarihan sa mga tao, o dili kaya nama'y mga bayaning pangkultura na pinaniniwalaang nagturo ng lahat ng bagay sa mga tao. Kung ang mito ang nagisilbing batayang pilosopikal ng pag-iral ng tao sa mundong ibabaw, ritwal naman ang kaparaanan ng tao kung paano ito pinagtitibay. Sinselyuhan ng mga ritwal ang kanilang pakikipag-ugnayan sa sanlibutan: sa Dakilang Lumikha at sa iba pang nilikha, partikular na sa kanilang kapwa. Gayundin naman kahalaga ang mga alamat o leyenda sapagkat itinuturing na totoo ang mga ito kapwa ng tagapagsalaysay at sinasalaysayan. Mas sekular nga lamang ito kaysa sagrado, at ang mga pangunahing tauhan ay tao. Katumbas ito ng tradisyong berbal ng nakasulat na kasaysayan o historya (Eugenio 2001, xxv).

Upang maimapa ang naging búhay ng teksto, ihananay ang iba't ibang bersiyon sa agos ng panahon alinsunod sa dalawang nabuong kategorya ng salin: (1) ang produksyon ng mga Amerikano; at (2) ang reproduksiyon ng teksto sa hanay ng mga Pilipino: mula sa *reprint* ng teksto sa Ingles tungong salin sa Pilipinong nakabatay sa Tagalog, hanggang sa muling paglikha o pagbuo ng ibang bersiyon ng kinauukulang grupong etnolinggwistiko (e.g. Ifugao). Sa paghahanay na ito, titingnan kung paano tumatawid ang teksto sa nagbabago-bago at nag-iiba-ibang konteksto ng pagpapakahulugan. Dalawa ang sisikaping tunghayan: (1) ang nagbabagong konteksto mula sa diskursong kolonyal ng mga Amerikano tungo sa diskurso ng pagbubuo ng bansang Pilipino sa kontemporaryong panahon; at (2) ang nag-iibang konteksto sa loob mismo ng diskursong Pilipino, i.e., ang usapin ng etnisidad o asersiyon ng etnikong identidad.

Matutunghayan sa sumusunod na talakay ang iba't ibang isyung naglalaman sa diskurso ng "di-Kristiyanong tribu" bilang "mababangis at primitibo." Makikita sa talahanayan kung paano ito muling nililikha at ipinagpapatuloy sa isang banda o di kaya nama'y hinahamon o binabangga ng iba't ibang bersiyon ng salin ng mga Pilipino sa kabilang banda sa kontemporaryong panahon.

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasalang Pampanitikan

1. Pagpapangasawahan ng Magkapatid (Incest)

	PRODUKSIYON ng Isinaling Teksto	REPRODUKSIYON ng mga Salin		
Perspektiba ng diskurso	Amerikanong kolonyal	Pilipino sa Kontemporaryong Panahon		
Teksto 1	Bersyon 1: "The First Inhabitants of the Earth World" mula sa "Origin of the Ifugaos"⁴ (pah. 100-102) Bersyon 2: "The Ifugao Flood Myth" (p. 111-113) Nasa: <i>Origin Myths Among The Mountain Peoples of The Philippines</i> (1913)	Bersyon 1: "Ang mga Unang Tao sa Sangkalupaan" (pah. 32-34) Bersyon 2: "Ang Alamat ng Bahang Ifugao" (p. 44-48) Nasa: <i>Mga Alamat at Kalinangan ng mga Katutubo sa Pilipinas</i> (1979)	Bersiyon 1: "The First Inhabitants of the Earth World" (pah. 285-286) Bersyon 2: "The Ifugao Flood Myth" (p. 229-230) Nasa: <i>Philippine Folk Literature: The Myths</i> (1993)	"<i>Tipet' Mabilid di Ifugaw</i>" ("Why Ifugao is Mountainous") (pah. 133-135) Mula sa: <i>Oral Literature of the Ifugao</i> (2005)
May-akda	Henry Otley Beyer	Nicomedes Atienza (Tagalog)	Damiana L. Eugenio (Tagalog)	Manuel Dulawan (Ifugao)
Tala sa pagsasalin	Bersyon 1: Nakalap ito ni Juan Fernandez Villaverde noong 1894 mula sa isang mumbaki (paring Ifugao), na si Duminong ng Kiangnan. Isinalin, iwinasto (diumano), at kinomentaryuhan ni Beyer sa tulong ni John M. Garvan.	Bersyon 1: Matapat na salin sa Pilipino (i.e., wikang pambansang batay sa Tagalog) ni Beyer (1913) Bersyon 2: Tinanggal ang unang bahagi ng kuwento, i.e. "The Golden Age," at nagsimula lamang sa "Ang Baha at ang Palamulaan ng mga Bundok" bilang salin ng "The flood and the	Bersyon 1 at 2: Direktang sinipi mula kay Beyer (1913)	Isinalaysay ni Eugenia Dulawan, tubong Ifugao, nakatatandang kaanak ng tagasalin. Isinalin ni Manuel Dulawan. Adaptasyon ito ng isang mito na nagsasalaysay hindi lang ng pagkakalikha ng mga bundok, kundi pati na rin ng pagkakaroon ng malaking baha at ng muling pagkakaroon ng mga tao sa

	Bersyon 2: Kinalap mismo ni Beyer mula sa iba't ibang Ifugao ng angkang Banauol (mula sa Banawe) noong 1906.	origin of the mountains."		Sangkalupaan matapos ang nasabing delubyo.
Wika	Ingles	Filipino	Ingles	Ifugao at Ingles
	Bersyon 1: a. Paghupa ng baha, muling nangaso si Kabigat at nagpasyang manirahan na sa lupa. b. Sinunod niya ang utos ni Wigan na samahan ang kanyang kapatid sa lupa upang ipaghandang ito ng makakain sa araw-araw. d. Upang dumami ang kanilang lahi, sinipingan ni Kabigat ang kapatid at nabuntis ito. f. Labis itong ikinalungkot ni Bugan at nagpasyang tumalon sa dagat h. Sinagip ni Kabigat si Bugan sa kailaliman i. Narinig ni Ngillin ang hinagpis ni	Bersyon 1: [Matapat na salin ng bersyon 1 ni Beyer]	Bersyon 1: [Tuwirang sinipi mula sa Bersyon 1 ni Beyer]	a. Noong unang panahon, ang Ifugao ay isang kapatagang bahagi ng "Baliwon" (malawak na kapatagan ng Nueva Vizcaya at Isabela). b. Kaunti pa lamang ang mga tao na naninirahan sa Kiyangan sa tabi ng Ilog Ibilaw. c. Nakikipamayan pa sa mga tao ang mga diyos na nasa Kabunyan, Dalom, Daya at Lagod. Sila ang nagtuturo sa mga tao kung paano mamuhay, at magsagawa ng mga ritwal o baki sa ikasisiya ng mga diyos (gods) kapalit ng kanilang mga kahilingan. c. Isang araw, isa sa mga diyos ng Lagud, si Wigan ay nangaso, at namahinga sa ilalim ng punong <i>balitti</i> .

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasalang Pampanitikan

Bugan at nagpayong idulog ang kanilang problema sa kanyang nakatatandang kapatid, si Ambumabbakal. k. Dinala ni Ambumabbakal ang dalawa sa kanilang amang si Muntalog. l. Natuwa pa si Muntalog sa nangyari at pinayuhan ang dalawang payapain ang mga sarili. i. Tumalima sina Bugan at Kabigat. Bersyon 2: a. <i>The Golden Age.</i>—Isang kapatagan ang daigdig na dinadaluyan ng isang malaking ilog sa pagitan ng dalawang bundok. Ang mga tao ay mala-diyos na nabubuhay sa isang lupaing maituturing na Halaman ng Eden. b. <i>The flood, and the origin of the mountains.</i>—Sumapit ang	Bersyon 2: a. <i>Ang Baha at ang Palamulaan ng mga Bundok.</i> – [Katumbas ng "b"] b. <i>Dadalawa ang nakaligtas.</i> [Nasa "b"] c. <i>Nagdalantao si Bugan.</i> [Katumbas ito ng "c"]	Bersyon 2: [Tuwirang sinipi mula kay Beyer.]	d. Nang magising siya, nawawala na ang kanyang mga aso. Sa labis na pagkabahala, naiharang niya ang kanyang pasikin sa dinadaluyan ng ilog Ibilaw. Umapaw ang ilog. e. Bumaha hanggang sa lumubog ang lahat ng mga pamayanan, pati na ang Kiangan. f. Nalunod din ang lahat ng tao maliban sa magkapatid na sina Kabigat at Bugan. f. Labis itong ikinalungkot ni Wigan, kung kaya ipinayo niya kina Kabigat at Bugan na mag-isang-dibdbib upang magkaroon muli ng mga taong darakila sa kanya. g. Nang humupa ang baha, inihatid niya sina Kabigat at Bugan sa Kiangan at tinulungan silang makapagsimula muli. Noon di'y tinawag niya silang mag-asawa at binasbasan upang magkaroon ng maraming anak. ("There and then, he pronounced them man and wife,
--	--	--	--

tagtuyot, Napilitan ang mga tao na hukayin ang ilog. Nagalit ang mga espiritu at bumaha. Nalunod ang lahat ng tao. Dalawa lamang ang nakaligtas: ang magkapatid na sina Wigan, ang lalaki, at Bugan, ang babae. c. <i>The Repopulation of the earth.</i> –Nang humupa ang baha, nagtungo sila sa Kalauitan upang magtayo ng bahay. Nabahala si Wigan na sila lamang ang tanging tao sa lupa. Sinipingang niya si Bugan at nabuntis ang huli. Labis na ikinagalit ito ni Bugan. Wala-sa-sariling-katinuang tinungo ni Bugan ang baybayin ng ilog at nanangis. Nang mahimasmasan, nakita niya si Maknongan, ang kanilang ninuno at siya'y pinayapa nito. Sa			blessed them to have many children.”) h. Nang tuluyan nang humupa ang baha, bumalik na si Wigan sa kanyang tahanan sa Lagud at mula noon , hindi na nakita pang muli sa kalupaan. Subalit lagi siyang inaalala sa pamamagitan ng mga alay at ritwal (kabakiyana). i. Dahil sa malaking baha, naging mabundok
---	--	--	---

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

pamamagitan ni Maknongan, binasbasan ng mga diyos ang mag-asawang magkapatid. Di lumaon, siyam ang kanilang naging anak: apat na babae at lalaki. Nagkapangasawahan din ang unang apat na pinakamatandang babae at lalaki upang paramihin pa ang mga tao sa mundo, habang si Igon ay nanatiling binata.			
--	--	--	--

Magkakapareho man ng paksa subalit nagkakaiba-iba sa binibigyang-diin ang bawa't banghay. Kung kaya, iba-iba ang datíng o damdaming ikinikintal sa mambabasa. Matingkad sa mga bersyon ni Beyer ang kasidhian [intensity] ng mahabang tagpo sa labis na pagkasiphayo sukdulang ikawala ng bait ni Bugan nang sipingang siya ng kanyang kapatid. Sa pangungusap na naglalarawan ng nasabing tagpo, makailang-beses gumamit ng mga salitang nagpapadama ng kalungkutan: "sadness," "melancholy," "weep," "bewail," "sorrow," "violent," at "death" [para sa bersiyon 1] at "violent weeping," "reproaches," "grief," "fatigue," "trembling" at "sobbing" [sa bersiyon 2]. Nasa pag-uulit ang kasidhian. Tunghayan ang sumusunod na sipi:

(Bersiyon 1:)

Such was the sadness and melancholy that came upon her, that she did nothing else but to weep and bewail herself, and to seek by some means alleviation for her sorrow through a violent death (Beyer, p. 101; akin ang diin.)

(Bersiyon 2:)

At last Bugan realized that she was pregnant. She burst into violent weeping, and heaping reproaches on his head, ran blindly away toward the East....After traveling a long way, and being overcome with grief and fatigue, Bugan sank down upon the bank of the river and lay there trembling and sobbing (Beyer, p. 111; akin ang diin.)

Gayundin ang matutunghayan sa rendisyon ni Atienza sa nasabing tagpo. Pansinin ang mga sinalunguhitan kong salita:

(Bersiyon 1:)

Ganoon na lamang ang naging kalungkutan at pag-aalala na dumalaw sa kanya. Wala siyang ginawa kundi ang umiyak at maghinagpis. At bilang lunas sa kanyang kalungkutan, ipinasya niyang magpakamatay (Atienza, 32; akin ang diin.)

(Bersiyon 2:)

Sa wakas ay napag-alaman ni Bugan na siya ay nagdadalanta. Humagulgol siya ng panangis. Sa malaking galit sa kapatid na lalaki, si Bugan ay parang walang bait na tumakbo nang pasilangan....Pagkatapos ng mahaba ring katatakbo, at nang talunin na ng lagim at pagod, si Bugan ay napahandusay sa pampang ng ilog at doon ay nahigang nangangatog at tumatangis. (Atienza, 48; akin ang diin.)

Mauunawaan ang ganitong kasidhian kung iuugnay sa posisyonalidad ni Beyer na isinisiwalat ng parateksto sa kanyang talababa. Aniya, "Incest is looked upon by the Ifugaos with horror, and is held to be one of the gravest of crimes (p. 113)." Dito, tahasang pinag-uugnay ng tagasalin ang kuwento sa reyalidad, habang hinahatulan na ito bilang isang "krimen." Isa itong malay na pagbibigay ng balwasyon sa kilos ng tauhan bilang siya ring nangyayari sa aktuwal. Hindi man lang isinaalang-alang na ang kuwento ay maaaring talinghaga lamang ng isang katotohanan, at hindi ang mismong "katotohanan." Malisyoso rin ang paraan kung paano inilahad ang intensiyon ng kapatid na lalaki:

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

...Kabigat, reflecting on his solitude ... and seeing that the domestic chickens, even though related among themselves, produced other roosters and hens, resolved to know carnally his sister, Bugan, during her sleep (Beyer: 101). (Akin ang salungguhit.)

Na matutunghayan din sa salin ni Atienza:

...Samantala, si Kabigat, habang nagmuni-muni sa kanyang pag-iisa, at paghahangad ng makakasama sa buhay, at habang nakikita ang mga manok sa tahanan, bagaman sila'y hindi magkakaiba kundi magkakapatid, ay nakalikha ng iba pang mga tandang at inahin, kaya ipinasya niyang makiapid sa kanyang kapatid (Atienza 1979, 32). (Akin ang salungguhit.)

"Pakikiapid" ang ipinantukoy sa pagpapangasawahan ng magkakapatid — isang terminong nanggagaling sa moralistikong pananaw na Hudeo-Kristiyano. Mababanaagan sa kanyang paunang salita na sa ganitong oryentasyon nagmumula si Atienza, kung kaya't gayon na lamang ang dami ng banggit niya sa ilang tagpo sa Bibliya bilang batayan ng pagpapaliwanag sa mga paniniwala ng aniya'y mga "katutubo natin sa Pilipinas." Pansinin ang kanyang mga pagturing: "...ating Banal na Kasulatan na may isang Moises..." — na inihahambing niya sa isang Lumawig; "...tayo ay may pinaniniwalaang mag-anak ni Noe..." — na inihahalintulad niya sa mga kuwento ng pagbaha at muling pagdami ng mga tao sa daigdig sa mga kuwentong bayan ng mga Ifugao at Bontok (Atienza 1979, vii). Makikita rin ang maka-Kristiyanong pagkiling sa paghahalintulad ni Beyer sa "Golden Age" ng mga Ifugao sa panahong biblikal ng aniya'y "Garden of Eden" (Beyer 1913, 111). Sa ganang ito, hindi maiiwasan ang 'ika nga'y *morally judgmental* na tono ng mga salitang ginamit, muli: "to know carnally" (ni Beyer) at "makiapid sa kanyang kapatid" (ni Atienza).

Samantala, bagamat muling-limbag (reprint) lamang ng mga bersyon ni Beyer ang nasa antolohiya ni Eugenio, tinanggal ng huli ang talababa tungkol sa "incest." Tila may sinasabi ang omisyong ito, i.e., hindi kinakailangang tanggapin ang kuwento bilang obhetibong reyalidad.

Ang realidad o metapora lamang ng realidad—paano ininterpreta ng isang katutubong Ifugao ang nasabing tagpo? Lalong tumitingkad ang nilikhang kasidhian sa nasabing tagpo nina Beyer at Atienza kung itatapat sa paglalahad ni Dulawan na nagbibigay-katwiran sa “pag-iisang-dibdib” ng magkapatid. Utos ito ng kanilang diyos upang magpatuloy ang liping darakila sa kanya. Tunghayan ang sipi: :

Wigan was very sad when he was informed about the great disaster. Worried lest no more Ifugao would live to venerate him, he advised Kabigat and Bugar to marry each other (135).

Matapos ang delubyong lumipol sa sangkatauhan, paano nga ba magsisimula muli upang magpatuloy ang lahi? Ito ang panloob na lohikang [inner logic] sinasandigan ng pagpapangasawahan ng magkapatid. Kung tutuusin, mauulinigan din sa mga bersiyon ni Beyer ang nasabing pagbibigay - katwiran. Sa unang bersiyon, sa huli, ikinatuwa pa ng ama nina Kabigat at Bugar na si Muntalog ang nangyari. Sa ikalawang bersiyon naman, binasbasan din ng mga diyos ang mag-asawa at gayundin ang ginawa ng kanilang mga anak—nagpangasawahan upang paramihin ang mga tao sa mundo. Kung kaya, sa bersiyon ni Dulawan, wala ang madamdaming tagpo ng labis na pagkamuhi ni Bugar sa ginawa sa kanya ng kapatid. Mula sa larawan ng kasumpa-sumpa naging isa itong biyaya. Tunghayan kung paano naisagawa ang pagbaligtad ng realidad sa pagpatuloy ng paglalahad:

When the flood subsided, he [Wigan] led Kabigat and Bugar to Kiyangan and helped resettle them. There and then, he pronounced them man and wife, blessed them to have many children...(Dulawan 2005, 135; akin ang diin).

Gayumpaman, sa paggamit ni Dulawan ng wikang Ingles, nabalaho din siya sa patibong ng pagsasalang kultural. Sa ilang pagkakataon, kinailangan niyang ipataw ang kanluraning pamantayan upang maitawid ang katutubong kahulugan sa dominanteng sistema ng edukasyong nasa Ingles. Pansinin, “gods” at hindi ang mas nyutral na salitang “spirits”/ “spirit beings”³ ang ginamit niya sa pagsasalin ng katutubong salitang *bagol*. Problematiko ito dahil inuunawa ang kahulugan ng “gods” sa konteksto ng

RODRIGUEZ

“Non-Christian Tribes” sa Kuwentong Bayan: Ang “Katutubo” sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

politeismo — itinawag ng mga kolonisador sa katutubong relihiyong dinatnan nila sa kapuluan. *Vis-à-vis* monoteismo, mas mababang antas ng pag-unlad ng relihiyon ang politeismo na itinatumbas din sa “paganismo” (heathenism) ayon sa nomenklatura ng etnolohiya at maagang antropolohiya ng Kanluran. Sa linyar na pananaw sa sibilisasyon ng sangkatauhan, iniuugnay rin ang politeismo sa nosyon ng “tribu.” Nakaangkla dito ang mga di-Kristiyanong gawi gaya ng pinoproblemang pagpapangasawahan ng magkapatid. Kung tutuusin, matagal nang pinasubalian ng ilang kontemporaryong iskolar ang pananaw sa sinaunang relihiyong “anituismo” bilang “politeismo” (Salazar 1999; Brewer 2001). Kung tutuusin, gaya ng sa Kristiyanismo, tampok sa ating pre-Hispanikong paniniwala ang isang Dakilang Lumikha. Sa mga Igorot ng Benguet, siya si Kabunyan, at sa mga Bontok, siya naman si Lumawig. Samantala, ang mga *bagol* ay hindi talaga “gods” kung tutuusin, kundi mga espiritu ng ninuno o kalikasan, ibig sabihin, *anitu*, na pinaniniwalang tagapamagitan lamang ng tao sa Dakilang Lumikha. Maging sa hanay ng mga iskolar na tubong Kordilyera, nililina rin kung bakit hindi politeismo ang katutubong relihiyon [cf. Esteban Magannon, “Trends in Religious Acculturation among the Lubo Kalinga” (1972) at Wasing Sacla, *Treasury of Beliefs and Home Rituals of Benguet* (1987)]. Wala rin sa Ingles na “gods” ang isa pang kahulugan ng bagol bilang “palanagin sa ritwal” [Newell and Poligon 1993, 159]. Sa katutubong kapaniwalaan, nagkakaugnay-ugnay ang lahat: ang espiritong niriritwalaan at ang mismong kaparaanan ng ritwal. Patunay na hindi kompartmentalisado ang mga bagay-bagay. Nasa hostikong pananaw ang panloob na lohika ng mga bagay-bagay. Kailangan natin itong paglimian lalo na sa mga halagahang naiiba sa itinatakda ng kairalan [mainstream].

2. Pag-aalay ng Tao (Human Sacrifice)

	PRODUKSIYON ng Isinaling Teksto	REPRODUKSIYON ng mga Salin
Paksa	Labanan ng mga Tao (Ifugao)	
May-akda	Henry Otley Beyer	Nicomedes G. Atienza
Teksto 2	“The Sacrifice of Igon”Nasa: <i>Origin Myths Among The Mountain Peoples of The Philippines Manila</i> 1913, pah. 113-114.	“Ang Paglalaban-laban ng mga Tao” Nasa: <i>Mga Alamat at Kalinangan ng mga Katutubo</i> 1979, pah. 48-49.

Tala sa Pagsasalin	Ika-apat na bahagi ito ng kuwentong "The Ifugao Flood Myth" na kinalap at isinalin ni Beyer mula sa iba't ibang angkang Banaul (ang kasalukuyang Banaue) noong 1906.	Ikasampung kuwento ito sa ilalim ng mas malaking paksang "Mga Kapaniwalaang Ipugaw" batay sa mga ulat-etnograpiiko ni Henry Otley Beyer. Salin ng may-akda mula sa bersiyong Ingles ni Beyer.
Wika	Ingles	Filipino
	Banghay a. Sa panahon ng matinding krisis (mahinang ani, pagkakasakit, at kaguluhan) sa kalupaan, inutusan ni Wigan ang kanyang dalawang anak na kumuha ng hayop upang ialay. b. Nag-alay sila ng patay na daga at malaking ahas subalit wala itong nagawa. c. Dahil hindi kinalugdan ng mga "diyos" ang alay, ipinag-utos ni Wigan na kunin si Igon, ang kanilang kapatid na walang asawa, upang siya mismong ialay. f. Sa idinaos na piging, dumating si Maknongan at iba pang mga dakilang "diyos." h. Nasiyahan ang mga "diyos" at tinanggal ang sakit, pinuno ang mga kamalig ng bigas, pinarami ang mga manok, baboy at bata. i. Subalit pinagalitan ni Maknongan ang mga tao sa kanilang pagpatay kay Igon at pinagbawalan silang mag-alay ng daga, ahas, o ng kanilang mga anak. k. Bilang parusa, pinaghiwa-hiwalay ang mga tao. May nagtungo sa Hilaga, may nagpa-Timog, nagpa-Silangan, at nagpasa-Kanluran. Sa kanila nagmula ang iba't ibang tao sa Sangkalupaan na naglalabanan at nagpapatayan hanggang ngayon dahil sa pag-aalay ng buhay ni Igon.	[Tala: matapat na salin sa Pilipino ng bersiyong Ingles, maliban lamang sa salin ng "children" bilang "baka" at hindi "bata". Malamang ito ay isang pagkakamaling tipograpikal.]

RODRIGUEZ

“Non-Christian Tribes” sa Kuwentong Bayan: Ang “Katutubo” sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

Tahasang ipinapakita sa kuwentong ito ang isa sa mga katibayan ng sinasabi ni Mabel Cook Cole (1916) na “savage customs” ng “wild tribes.” Kung tutuusin, dalawang tema ang mahuhugot mula sa kuwentong ito: (1) ang pag-aalay ng buhay ng tao, at (2) paglalabanan. Bakit may labanan? Dahil may pagpatay. Habang ang una ay ang sinasabing sanhi, ang ikalawa naman ang sinasabing bunga. Bagaman masasabing mahigpit na pinagbatayan ng bersyon ni Atienza ang salin ni Beyer, kapansin-pansin ang pag-iiba niya ng pamagat sa partikular na kuwentong ito. Bakit sa halip na isalin ang “The Sacrifice of Igon” bilang “Si Igon bilang Sakripisyo”/ “Si Igon bilang Alay,” “Paglalaban-laban ng mga Tao” ang kanyang ginamit? Sa ganang ito, higit na itinatanghal ni Atienza ang labanan kaysa ideya ng “human sacrifice.” Sa pagitan ng dalawa, higit na mabigat ang ikalawa, lalo pa’t isasaalang-alang ang kolonyal na konteksto nito: ang paglalarawan sa pinagdidiinang “kabangisan” ng mga katutubo. Bukod diumano sa magkakaibang grupo ng mga tao, parating nagdidigma ang mga ito. Hindi maitatanggi kung gaano kasidhi ang pagpapatampok ng mga Amerikano sa representasyon nilang ito sa “native peoples of the Philippine Islands” (Worcester sa ulat ni Schumacher 1900). Kung may “piracy” sa Kamorohan, “headhunting” naman ang labis na kinatatakutan ng gobyerno sa Kaigorotan — mga taguri itong ipinantutukoy sa anila’y “barbarous practices” ng mga “non-Christian tribes” sa mga ulat-etnograpike ng Philippine Commission sa mga unang taon ng preparasyon at konsolidasyon ng pamahalaang sibil sa Pilipinas (U.S. War Department 1900, Part 1, Appendix B, 72-76; Worcester 1906). Kapanabay rin ito ng pagtawag sa kanila bilang mga “wild inhabitants/ population” (Barrows 1905). Sa katutubong wika, pangayaw o pangangayaw ang pangkalahatang tawag dito sa kapuluan (Tonsay 1999; Villan 2009; Rodriguez-Tatel 2014). Isa itong estratehiya sa pakikidigma na tinitingnan bilang paghahandog o pag-aalay ng ginhawa para sa komunidad. Sa mga ili ng Kordilyera, higit pa ito sa pakikipaglaban, bagkus isa itong uri ng ritwal na tinatawag na *mangayaw*, *kayaw* (Kalinga), *mangaiu* (Bontok); *mangayew* (Bag-o), *mangayaw* (Ifugao). Ritwal itong kinapapalooban ng pamumugot ng ulo ng kaaway noong unang panahon. Sa mga bayan naman sa katimugang Pilipinas, kasama na ang Kabisayaan, nangangahulugan naman ito ng pamimihag ng alipin upang kalakalin (“slave raiding and trading,” cf. Junker 2000), bilang karagdagang lakas-tao para sa sariling komunidad. Kung ano’t anuman, isa itong paraan kung paano nagkakaloob ng ginhawa o buhay sa bayan. Ito sadya ang kahulugan ng kabayanihan — ang pagbubuo o

pagpapanatili ng “kabuuan” ng isang bayan. Natabunan at nabaligtad pa nga ang pakahulugan sa kabayanihan at nahalinhan ng “kabangisan” nang nilapatan ng terminong kolonyal at kanluranin na “human sacrifice” at “headhunting.”

3. Tunggalian ng Diyos at Tao

	PRODUKSIYON	REPRODUKSIYON	
Teksto 3	“The Story of Bugan and Kinggauan”/ “The Marriage of a Goddess with a Man” Nasa: <i>Origin Myths Among The Mountain Peoples of the Philippines</i> , (1913), pah. 105-110.	“The Story of Bugan and Kinggauan: Or The Marriage of a Goddess with a Man” Nasa: <i>Philippine Folk Literature: The Myths</i> (1993), pah. 33-37.	“Bugan, Daughter of Umalgo” Nasa: <i>Oral Literature of the Ifugao</i> (2005), pah. 123-127.
May-akda	Henry Otley Beyer	Damiana Eugenio	Manuel Dulawan
Tala sa Pagsasalin	[Gayundin sa Teksto 1]	Reprint ng bersiyong Beyer (1913)	Muli, base ito sa salaysay ni Eugenia Dulawan, kaanak ni Manuel Dulawan.
Wika	Ingles	Ingles	Ifugao at Ingles
Banghay	a. Mula sa Luktag (ang pinakamataas na rehiyon ng Kalangitan), nananahan sina Hinumbian at Dakaue, kasama ang nag-iisa nilang anak na si Bugan. b. Inudyukan siya ng mga kamag-anak na maghanap ng mapapangasawa sa iba’t ibang rehiyon ng kalangitan: sa Hubulan (ang ikatlong rehiyon), sa Kabunian at Liddum. Subalit wala siyang nagustuhan sa mga ipinakilala sa kanya rito. c. Mula sa bahay ng isang kamag-anak sa Liddum,	[Tala: Direktang sinipi ang pangunahing teksto ng kuwento, pati na ang mga talababa.]	a.Mula sa Kalangitan, parating pinapanood ni Bugan, anak ni Umalgo ng Kabunyan, si Kabigat (anak ng mayamang pamilya ng Kiyangan) habang abala siyang gumagawa sa kalupaan. b. Umibig siya nang labis sa binate na halos ay hindi na siya makakain dahil sa kakaisip sa kanya. c. Naawa si Umalgo sa anak at pinahintulutan niya itong magtungo sa Kiyangan upang makita ni Kabigat.

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasalang Pampanitikan

namasdan ni Bugan ang isang abang taga-lupa (Ifugao) na nagngangalang Kinggauan. d. Nahabag si Bugan at kaagad na nahulog ang kanyang loob sa binate. e. Ipinasya niyang bumalik sa Luktag upang ipaalam sa kanyang ama na nais niyang mapangasawa ang abang taga-lupa. Pumayag ang ama. f. Nagkamabutihan sina Bugan at Kinggauan sa unang pagkikita pa lamang. g. Nang sumunod na araw inaya ni Bugan si Kinggauan na umuwi sa tahanan ng binata upang ipaalam sa ina nito ang kanyang pakay: na nais niya itong tulungan sa pangangaso upang bumuti ang kanilang kalagayan. h. Nagsama ang dalawa bilang mag-asawa nang hindi ikinakasal at nagkaanak. Pinangalanan ni Bugan itong Balituk. i. Bunsod ng inis at inggit ng ibang tao sa aga-Langit, hindi nakatiis si Bugan at nagpasyang lisanin ang lugar. j. Hindi sumama si Kinggauan dahil magkaiba ang kanilang gawi at hilig. k. Kumuha ng kutsilyo si Bugan at hinati ang kanilang anak. Kinuha niya ang ibabang bahagi mula sa tiyan at iniwan ang itaas kay Kinggauan sa pag-	d. Sa loob ng tatlong araw, palihim na ipinaghanda ni Bugan si Kabigat ng makakain sa kanyang kubo pagsapit ng tanghalian. e. Nang ikaapat na araw nagkita na ang dalawa, agad nabighani sa isa't isa, nag-usap, at nagkasundong magpakasal. f. Nang makita ni Umalgo ang tagpong ito labis ang kanyang kasiyahan. g. Nanirahan sina Bugan at Kabigat sa Kiyangan hanggang sa sila'y magkaanak. Pinangalanan nila itong Dulnuwan. h. Di-nagtagal at hindi na magkasundo sina Kabigat at Bugan sapagkat magkaiba ang mga pamamaraan ng tao at Kalangitan. i. Ipinasya nilang maghiwalay. Pinag-agawan nila ang bata hanggang sa mapagkasunduan na lamang nilang paghatian ang katawan nito. j. Pinulot ni Bugan ang itaas na bahagi ni Dulnuwan at umakyat sa Kabunyan. Hiningahan niya ito, muling nabuhay at nabuo bilang si Dulnuwan. k. Kinuha naman ni Kabigat ang ibabang bahagi at dahil hindi alam ang gagawin, isinabit lamang niya ito sa silong ng bahay hanggang sa magsimula itong mabulok.
---	---

aakalang madali niya itong mabibigyan ng bagong buhay. l. Umakyat na si Bugar sa kalangitan dala ang kalahating katawan ng anak. Binigyan niya ito ng bagong buhay at tinawag ding Balituk. m.Samantala, nabulok naman ang parteng naiwan kay Kinggauan dahil hindi niya alam kung paano ito muling bubuhayin. n. Mula sa kalangitan, naamoy ni Bugar ang namamahong katawan at muli siyang bumaba sa lupa, pinagaitan si Kinggauan at sinagip kung anuman ang natira sa katawan. Mula sa iba't ibang bahagi nito, nilikha ni Bugar ang iba't ibang hayop at insekto.q. Ang Balituk na muling binuhay ni Bugar ay nasa pinakamataas na saray ng kalangitan, ang Luktag.	l. Mula sa Kabunyan sumilip si Bugar sa Kiyangan at naamoy niya ang nabubulok na kalahati ng katawan. m. Bumaba siya at pinagsumikapang sagipin ang nasabing bahagi subalit halos hindi na niya ito mahawakan sa tindi ng pagkabulok. n.Kaagad niya itong hiningahan at ang mga nabubulok na parte ng katawan ay naging mga hayop at insektong lumulundag, lumilipad, humuhuni at gumagapang.
---	--

Interesanteng tukuyin ang mga pagkakaiba ng dalawang bersiyon. Una, ang pamagat. Kay Beyer tampok sina Bugar at Kinggauan, ang diyosang taga-langit at mortal na taga-lupa. Samantala, kay Dulawan, nakasentro lamang ito kay Bugar, sa babaeng taga-langit. Ikalawa, may mga pagbabago rin ng pangalan ng tauhan. Ang ama ni Bugar na si Hinumbian sa bersiyong Beyer ay naging si Umalgo, ang Araw, sa bersiyong Dulawan; at si Balituk na kanilang anak ay naging Dulnuwan. Ikatlo, mas mahaba ang banghay ng una dahil sa detalyadong paglalahad sa paghahanap ni Bugar ng mapapangasawa. Tampok dito ang mga detalye ng mahigpit na ugnayang pampamilya na matutunghayan sa usapin ng pag-aasawa. Ikatlo, si Bugar

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasalang Pampanitikan

ang humingi ng pahintulot sa kanyang ama na bumaba ng lupa (bersyong Beyer) at hindi ang ama ang kusang nagsabi sa kanya (bersyong Dulawan). Ikaapat, mahirap lamang ang binatang taga-lupa (si Kinggauan) sa salaysay ni Beyer. Mayaman naman siya sa ikalawa. Ikalima, si Bugan ang naghati sa katawan ng kanilang anak sa una. Samantalang sa kabilang bersyon, napagkasunduan ito ng mag-asawa. At ikaanim, sa salin ni Beyer, higit na naitampok ang tunggalian sa pagitan ni Bugan at ng mga kanayon ni Kinggauan bilang pinakasanhi ng pag-aaway ng mag-asawa. Sa salin ni Dulawan, mahihiwatigang sa pagitan lamang ng mag-asawa ang tunggalian. Tunghayan ang mga sumusunod na sipi:

(Bersiyong Beyer/Eugenio:)

The people bore her much envy because of her being a stranger....they strove to make her depart from their town and to betake herself to her birthplace of Luktag in the sky....(they) made Bugan sick with an intense itch and fever.... (p.108).

At sa labis na pagkasiphayo sa hindi pagsunod ni Kinggauan kay Bugan, sa kabila ng pagsusumikap ng huli na maisama si Kinggauan sa kalangitan sa anumang paraan, nakapagsalita si Bugan ng ganito: "...Thou seest the situation, I cannot continue among thy countrymen, because they hate me unto death (Beyer 1913, 108; akin ang diin)." Sa talababa ni Beyer binibigyang-diin na ang mga tao ang tunay na sanhi ng kanilang paghihiwalay:

It will be noted that most of the things created by Bugan from the corrupted half of Balituk were pests and things of evil omen to torment the people of Kiangnan as they had tormented her (p. 109).

Ano-ano ang mga ito? Sa bersiyon ni Beyer, nariyan ang mga hayop na [karaniwang ibong] nagbabadya ng panganib o anumang bagay na nagpapahiwatig ng masamang pangitan: *akup* (kuwago) mula sa ulo, tuka ng ibong ido mula sa dumi, ibong kukuk mula sa balat, at mga piraso ng natuyo o bulok na sanga ng puno na nalalaglag sa mga dumaraan mula sa mga buto ng braso. Mayroon ding mga sakit o anumang nagdudulot ng

sakit sa tao: isang klase ng fungi mula sa mga tenga, isang uri ng kabibe mula sa ilong, sakit ng pamamaga ng dila mula sa dila, makamandag na ahas mula sa mga buto ng dibdib, mahahabang kabibe mula sa mga daliri, mga uod mula sa buhok, maliliit na paniki (litalit) mula sa dugo, sakit ng dibdib mula sa atay, *amunin* (kahawig ng kuneho o daga) mula sa bituka. Kung pakaiisipin, lahat ng ito’y maituturing na higanti [o parusa] ng isang mataas at makapangyarihang nilalang sa mga taong pinagharian ng inggit o masamang kalooban. Malalim ang implikasyon nito lalo pa’t ang nagpapakahulugan ay kolonyal na lideratong may adyendang itampok ang mga diumano’y kahinaan ng mga taong nais nilang sakupin. Ano ang ibig sabihin ng paghati sa anak?

Sa aklat ni Eugenio, binabanggit na may isa pang bersyon sa *Mythology of the Ifugaos* ni Roy Franklin Barton na pinamagatang “Kinggaowan: The Divided Child” (sinipi sa Eugenio 1993, 33). Maging ang bersyon ng mga Igorot ng Tublai, Benguet na nakuha ni Dean Fansler sang-ayon kay Beyer, ay may ganito ring tema. Ito ang kuwento ng diyos na si Dumagid na bumaba sa kalangitan at nag-asawa ng taga-lupang si Dugai. Sang-ayon sa pagbubuod ni Beyer, nakipamuhay si Dumagid sa mga taga-lupa at tinuruan sila ng maraming bagay. Subalit sa kabila nito, diniktahan pa siya ng mga tao kung ano ang dapat niyang gawin sa kanyang asawa at anak. Nang kinailangang bumalik ni Dumagid sa Kalangitan, kasama ng kanyang anak, hindi pumayag ang mga tao. Kung kaya’t hinati ni Dumagid ang katawan ng bata at iniwan ang kalahati sa kanila sa kondisyong muli nilang bubuhayin ang naiwang bahagi ng bata. Hindi sumunod ang mga tao sa napagkasunduan at sa halip ay hinayaang mabulok lamang ang naiwang katawan. Sa kuwentong ito, higit na itinampok ang napakahalagang papel ng mga tao bilang pangunahing katunggali ng mga diyos. Sabihin mang sadya ngang ganito ang kuwentong bayan noon ng mga katutubo, pero ang punto, nagtataglay ito ng potensyal na kumukumporme o magagamit para sa interes ng may-hawak ng kapangyarihan. Mahina dahil masama ang mga taga-lupa, ang kanilang gawi ay taliwas [hindi lang iba] sa gawi ng nasa itaas. Ibang-iba ito sa kontemporaryong bersyon kung saan ipinipihit ang tunggalian mula sa konteksto ng ugnayang diyos vs. mga tao tungo sa ugnayang diyos vs. tao, pero sa pagkakataong ito, bilang mag-asawa, at sa gayo’y magkapantay. Kumbaga, mas personal ang itinatampok na tunggalian. Tunghayan kung paano inilahad ang parehong tagpo sa bersiyong Dulawan:

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasalang Pampanitikan

Not many years passed, however, and the ways of mortals and Skyworld beings became incompatible. Husband and wife disagreed and quarreled. The love of Kabigat and Bugan for each other ended. "Let us separate and go our separate ways," they said. (p.125; akin ang diin)

Sa paggamit ng salitang "became incompatible," inilalapat sa reyalidad ng buhay-may asawa ang ugnayan nina Bugan at Kabigat na sumasamâ o nasisira lamang sa pagdaraan ng panahon; bukod pa sa katotohanang sila lamang ang tanging may pananagutan sa nasabing paghihiwalay. Tutok lamang ito, kung gayon, sa daynamiks ng dalawang indibidwal lamang, walang ikatlong partido, hindi rin sangkot ang taumbayan o ang kolektibo.

4. Pamumugot ng Ulo

	PRODUKSIYON		REPRODUKSIYON	
Teksto 4	"The Sun Man and Moon Woman or Origin of Headhunting." Nasa: <i>The Bontoc Igorot</i> (1905), pah. 221-222.	"How The First Head Was Taken." Nasa: <i>Philippine Folk Tales</i> (1916), pah.111-112.	(Walang pamagat, subalit nasa ilalim ng sub-heading na "Digmaan at Pamumugot-Ulo" Nasa: <i>Mga Alamat at Kalinangan ng mga Katutubo</i> (1979), pah. 87	"The Origin of Headhunting." Nasa: <i>Philippine Folk Literature: The Myths</i> (1993), pah. 332.
Wika	Ingles	Ingles	Filipino	Ingles
Banghay	a.Gumagawa si Kabigat, ang Buwan, ng isang malaking tansong banga. b. Dumating ang anak na lalaki ni Chal-chal, ang Araw, at pinanood siya. c.Habang matama siyang pinanonood ng	[Tala: Halos walang ikinaiba sa daloy ng kuwento sa bersyon ni Jenks, liban lamang sa paglalarawan kung paano hinuhulma ni Kabigat ang banga.]	a. Nakaupong gumagawa si Bulan , isang babaing tinatawag ding "Kabigat", ng tansong palayok. b. Dumating ang anak na lalaki ni Adlaw, na si	[Tala: Direktang sipi ng teksto kay Jenks (1905)]

bata, bigla na lamang niya itong pinalo ng <i>pip-i</i> (ang ginagamit niyang pamukpok) sa ulo at naputol ito. d. Napag-alaman ito Chal-chal abigat at dali-dali niyang sinaklolohan ang bata. Ibinangon niya ito, at ibinalik ang ulo nito . e. Muling nabuhay ang kanyang anak. f.Sinabi ng Araw sa Buwan: "Dahil pinutol mo ang ulo ng aking anak, nagpupugutan ng ulo ang mga tao sa Lupa, at gagawin nila ito habambuhay." Kung kaya nagpupugutan ng ulo ang mga tao.	Tsalsal upang bantayan si Bulan. c.Pinalo niya ang batang lalaki ng pambuling pamukpok at naputol ang ulo nito. d. Dumating si Adlaw. Inilagay ang ulo ng bata sa kanyang balikat, at nagsalita kay Bulan: "Sapagkat pinutol mo ang ulo ng aking anak na lalaki, ang mga tao sa lupa ay magpupugutan ng kani-kanilang ulo, at gagawin ito mula ngayon."
--	--

Napuna diumano ni Jenks na walang kabuhay-buhay na inilalahad ng mga kuwentistang Bontok ang kanilang mga kuwentong bayan. Kung kaya, bahagya niya umanong dinagdagan ang mga ito upang magkaroon ng "local coloring" (Jenks 1905, 221). Sa partikular, pansinin ang magkaibang paglalarawan nina Jenks at Cook Cole sa paghulma ni Kabigat ng banga:

Jenks:	Cook Cole:
"Kabigat held the heavy sagging pot on her knees and leaned the hardened rim against her <u>naked</u> breasts (p.221; akin ang salunguhit).	"...the woman squatted on the ground with the heavy pot against her knees while she patted and shaped it (p.111)."

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

Wala ang "naked breasts" sa bersiyon ni Cook Cole, na marahil ay isa sa higit na interesanteng bagay para sa lalaking kolonisador. Ang punto, masasabing pinapasukan nga ng subhetibismo ang paraan ng paglalahad. Gaya ng hubad na imahen ng isang babaeng "native," lubhang nakakatawag-pansin ang imahen ng mamumugot ng ulo.

Umaalingawngaw ang takot at poot sa mga ulat-etnograpike ng mga Amerikanong opisyal ng Philippine Commission⁶ sa penomenong ito ng "headhunting" ng "non-Christian tribes" ng Hilagang Luzon. Tunghayan ang sumusunod na sipi:

Their presence, and the existence among them of headhunting, slave hunting, polygamy, and other objectionable practices, create serious problems for the Insular Government (Worcester 1902, 75). (Akin ang salungguhit.)

...a great deal was done to suppress the terrible feuds that wage between these wild communities and keep the population of the whole region in a constant state of panic and apprehension (Barrows 1903, 770). (Akin ang salungguhit.)

...most inveterate head-hunters of northern Luzon (Barrows 1903, 781).

.....I am inclined to believe ... that such a trip would not always be safe for Filipinos (Miller 1905, 781).

All indulged in the thrilling game of headhunting which made the name of the mountain peoples a byword for cruelty and ferocity among the Christianized Filipinos (Keesing & Keesing 1934, 38). (Akin ang salungguhit.)

Mula 1902 hanggang 1934, may sinasabi ang mga pahayag na ito: na sa kabila ng mga puspusang punyagi ng gobyerno, hindi naging ganoon kadali ang pagsawata sa nasabing "barbarikong" gawain. Bukod sa mga tahasang

pahayag, gayon din karami ang mga larawan (potograpiya)⁷ at pagpaksa sa pamumugot ng ulo sa mga publikasyong Amerikano nang mga panahong iyon, e.g., *American Anthropologist*, *The National Geographic Magazine*, at *The Philippine Journal of Science*, ang opisyal na publikasyon ng Philippine Bureau of Science.⁸ Gayundin naman, malaking mantsa sa gunita at insulto sa “national pride” ng mga Amerikano ang pagkapaslang sa isa nilang kababayang etnologong si Dr. William Jones ng *The Field Natural History Museum* sa diumano’y “headhunting country” ng mga Ilongot noong 1909. Samakatwid, matagal itong prinoblema ng pamahalaang kolonyal. Mula pa man sa mga unang taon ng gobyerno-sibil ng mga Amerikano hanggang sa bisperas ng gobyernong Komonwelt ng mga Pilipino, naglunsad ng sistematikong estratehiya ang pamahalaan upang sugpuin ang nasabing “abominable practice,” sa tulong ng mga Kristiyanong Pilipinong lider. Noong 1934, isang klasikong publikasyon ang inilathala tungkol dito: ang *Taming Philippine Headhunters: A Study of Government and of Cultural Change* ng mag-asawang antropologong sina Felix at Marie Keesing. Sa paunang salita, ipinaliliwanag ng mga may-akda ang relatibong importansiya ng “mountain peoples of Northern Luzon” bilang “headhunters” sa kabuuan ng “non-Christian population” sa Pilipinas. Napaliligiran ng mga Kristiyanong populasyon mula sa kapatagan at matagal nang nalantad sa mga impluwensiyang Espanyol, estratehiko at sa gayon ay naghahain ng “espesyal na kaso” ang kanilang kinaroroonan para sa epektibong polisiya ng integrasyon ng gobyerno at “cultural penetration” mula sa mga eryang Kristiyano. Dahil sa napakainteresanteng paksa ng pamumugot ng ulo sa pag-aaral ng lahi, kultura, at pamamahala, tinitingnan din sila bilang “the colonial problem of the Filipino” na papasanin ng huli kahit pa sa panahon ng independensiya (Keesing at Keesing 1934, i).

Gaya rin ng mga datos etnograpiiko at historikal, nagsilbing makapangyarihang testimonya sa pagpapatampok sa pamumugot ng ulo ang mga nailathalang antolohiya ng kuwentong bayan. Dahil minana ng mga Pilipino ang sistema at pilosopiya ng integrasyon ng mga Amerikano, partikular na sa mga “inveterate headhunter,” mamanahin din ng mga iskolar na Pilipino ang makaisang panig na interpretasyon ng mga kolonisador hinggil dito. Inaalingawngaw sa salin ni Atienza (1979) ang maririing pagkiling na maidurugtong sa kolonyal na paglalarawan sa pamumugot ng ulo ng mga Igorot bilang “kasuklam-suklam” (abominable). Tunghayan ang

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasalang Pampanitikan

karagdagang paliwanag ng may-akda na higit na sumisidhi kung itatapat sa medyo-obhetibo-at-tinimping pahayag ng kolonyal na iskolar ng si Cook-Cole.

Cook Cole (1916):	Atienza (1974):
"This story ... gives the origin of the custom of head-hunting, which plays such an important part in the life of the Igorot. The Igorot claim to have taken heads ever since Lumawig lived on earth and taught them to go to war, and they declare that it makes them brave and manly. The return of a successful war party is the signal for a great celebration (p.111)."	"Utos ni Lumawig (?) – Ang ugaling pamumugot ng ulo ay dala ng Igurot sa Luzon.... Sinasabi ng mga taga-Buntok, gayunman, na ang kanilang diyos na si Lumawig ay tumira sa Buntok, at sinabi niya sa mga tao na samahan siya sa isang pakay na pandigma sa Lagod...Hindi mapag-aalinlanganan na ang paghahanap ng ulong mapupugot ay ginagawa bilang tugon sa pagnanais na maging makisig at mapanggulat. Kasama rito ang handaan, sayawan, Sa ibang pananalita, ang mga tao ay likas na <u>pinangangatihan</u> ng palad sa paghahanap ng ulo, sapagkat ang ulo ay nagdudulot sa kanila ng kasiyahan" (p.86-87, at 89; akin ang diin).

Kung ano't anuman, pinagmumukhang likas o normal lang ang nasabing "kasuklam-suklam na gawain" dahil sa sumusunod na kadahilanan. Una, may basbas, ano pa't kagustuhan ito ng kanilang "diyos" (Lumawig). Ikalawa, ginagawa ito upang pangatawanan ang pagkalalaki At ikatlo, isang itong bagay na ipinagdiriwang ng komunidad. Sa huling punto, higit na humihikayat ng masamang pagtingin ang pormulasyon ng Atienza, lalo na sa paggamit ng pariralang "pinangangatihan ng palad" –ibig sabihin wala itong kapararakang tawag ng kamunduhan o kabangisan. Subalit may mga puwang na nagbibigay-daan sa ilang katanungan upang hamunin ang mga naipahayag nilang "katotohanan." Una, bakit ito nagmula sa kanilang diyos kung hind inga integral sa kanilang pag-iral at kaligtasan? Nabanggit na ni Cook-Cole na mahalaga ito sa kanilang buhay—bagay na sinusupil ng pahayag ni Atienza. Kung ito ay mahalaga, may pangangailangan itong tinutugunan na hindi makikita sa simpleng paratang na likas na kagustuhan o hilig lang ng mga tao na pumatay o usapin lang ito ng pagkalalaki. Paano natin uunawain ang sinusupil na katotohanan? Kailangang "makipag-usap" sa ibang teksto.

Sa mga pag-aaral na ginawa ng mestisang-Bontok na si June Prill-Brett [i.e., “Bontok Warfare” (1975) at *Pechen: The Bontok Peace Pact Institution* (1987)], at ng iskolar na Kalinga na si Esteban Magannon [i.e., “Cognition of Time, Change and Social Identity: Kalinga History and Historical Consciousness,” (1984)], iwinawasto ang mga maling palagay tungkol sa pamumugot ng ulo. Inaanyayahan tayo ng mga akdang ito na mahigpit na isaalang-alang ang konteksto—ang “kapookang” heograpikal at kultural ng mga komunidad sa bundok. Sinasabing integral ito sa paniniwalang panrelihiyon ng mga tao kung saan nakasandig ang mga batayan ng eksistensya at kaligtasan sa isang marahas na kapaligirang gaya ng kabundukan. Sa pag-aaral naman ni Zeus Salazar (2011), pinalalalim at pinalalawak niya ang saklaw ng pamumugot ng ulo bilang bahagi ng malaon nang tradisyon ng kabayanihan ng mga sinaunang Pilipino. Sa mga pamayanan sa kabundukan, isa, diumano, itong ritwal panrelihiyon na kaugnay ng pagbibigay ng ginhawa sa bayan o pagpapanatili ng kabuuan ng bayan — ang pangunahing gawain ng bayani o mandirigma. Katumbas naman ito ng pamimihag ng alipin sa mga pamayanang malapit sa dagat (Salazar 2011, w.p.). Sa pakikidigma, hindi lamang sapat na kitlan ng buhay ang kaaway. Minamarapt ding kuhanin ang kanyang ulo na, ayon sa katutubong sikolohiya, ay luklukan ng pinaka-esensiya o kaluluwa ng bawa’t nilalang (Salazar 1977). Maging ang Amerikanong antropologo na si Roy Franklin Barton (sa kanyang akdang *The Half-way Sun, Life Among the Headhunters of the Philippines*, 1930), ay may binabanggit na “soulstuff” (*alimachuan*) sa lipunang Ifugao. Ang alimachuan na ito, diumano, batay sa animistikong paniniwala, ay naililipat sa sinumang nakakuha nito, nakadaragdag sa lakas ng kumuhang pangkat. Sa madaling sabi, kung ilalagay ang teksto sa wastong konteksto nagkakaroon ng saysay ang kuwento. Kalabisan mang sabihin, subalit, wala sa mga nasabing parateksto nina Cook-Cole at Atienza ang malalim na pagsasakonteksto.

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasalang Pampanitikan

5. Kalupitan sa Sariling Tahanan

	PRODUKSIYON	REPRODUKSIYON	
Teksto 5	"Origin of Coling, The Serpent Eagle" Nasa: <i>The Bontoc Igorot</i> (1905), pah. 222-223)	"The Legend of the Kuling Bird." Nasa: <i>Stories and Legends from Filipino Folklore</i> (1968), pah. 248-249.	"Origin of Coling, The Serpent Eagle" Nasa: <i>Philippine Folk Literature: The Myths</i> (1993), pah. 351-352
May-akda	Albert E. Jenks	Maria Delia Coronel	Damiana Eugenio
Tala sa Pagsasalin	[Tala: Gaya rin ng sa Teksto 4]	Kinalap at isinalin sa Ingles mula sa wikang Bontok ni Carmencita Cawed.	Reprint ng salin ni Jenks
Wika	Ingles	Ingles	Ingles
Banghay	a. Araw-araw, inuutusan ng ina ang dalawa niyang anak na lalaki na mangahoy sa bundok. b. Subalit parati siyang nagrereklamo dahil sa mabang uri ng panggatong na kanilang dinadala. c. Parati silang pinagagalitan at pinagmamalupitan, sukdulang hindi pakainin. d. Nangayayat at nanghina ang magkapatid. e. Isang umaga, sa kanilang pangangahoy sa bundok, umakyat sa puno at pumutol ng mga sanga ang nakatatanda. Isa-isa niyang inilaglag sa nakababatang kapatid ang mga ito na naging buto ng kanyang mga putol na braso, paa, tadyang, gulugod, sa huli'y ang kanyang bungo, kasama ang kanyang buhok. Nagwika siya: "luwi mong lahat ito sa bahay at sabihin	a. Noong unang panahon, may dalawang magkapatid na laging nalulungkot dahil sa kalupitan ng kanilang madrasta. b. Isang araw, inutusan silang mangahoy sa kabundukan. Tumalima ang magkapatid sa kabila ng labis na panghihina dahil hindi sila pinapakain. c. Kinagabihan, hindi sumindi nang maayos ang panggatong. Pinagalitan sila nang husto at hindi pinaghapunan. d. Kinabukasan, muli silang nangahoy Umakyat ang nakatatanda sa puno. Gamit ang kanyang pamugot-ulo (head-axe), pinagputol-putol niya ang kanyang mga paa at braso. e. Sinabi sa nakababatang kapatid na iuwi ang lahat ng ito at ibigay sa kanilang madrasta para ipangatong.	[Tala: Direktang sipi ng salin ni Jenks (1905)].

mo sa babae na ang mga ito ang kanyang ipanggatong; ang tanging gusto lang naman niya ay ang aking mga buto.” f. Tumalima ang nakababata. g. Naging ibong Coling ang nakatatanda na lumilipad-lipad sa ulunan ng nakababata pauwi ng kanilang bahay. h. Laking takot ng mga magulang nang ibigay ng nakababata ang putol-putol na bahagi ng katawan ng kanyang kapatid. i. Tumakbo sila palabas ng bahay hanggang sa marinig nila ang huni ng Coling na umaali-aligid sa itaas ng bubungan.	f. Nangangatog sa takot na sumunod ang nakababata at winika sa kanilang inahan na nasa kanya na “ang pinakamaiinam at pinakamamahaling panggatong sa sandaigdigan.” g. Nagulantang ang inahan at nanikluhod na humingi ng kapatawaran. h. Pinag-apon-apon niya ang mga braso at paa hanggang sa may ibong Kuling na lumipad-lipad sa kanilang ulunan. Nagwika ito na siya ang nakatatandang anak-anakan. h. Inutusan ng ibon na tratuhing mabuti ang kanyang kapatid. i. Nangako ang babae na tutupad ang kanyang utos. i. Mula noon, palaging bumabalik-balik ang Kuling upang bantayan ang kapatid at tiyaking tinutupad ng babae ang kanyang pangako.
--	--

May dalawang imahen ng masidhing kalupitan sa bersiyon ni Jenks. Una, ang tunggalian sa pagitan ng ina at anak. Higit ang kalupitan kung sarili mismong magulang (lalo na’t ina) ang gumagawa nito sa sarili mismong anak—isang bagay na tila nawawalan ng lohika, o kung umiiral man ay di katanggap-tanggap, lalo na sa lipunang Pilipinong mapagpahalaga sa mga personal/interpersonal na ugnayan. Nakatambad sa mambabasa ang trahedya ng pagtakwil sa magulang sa dulo ng kuwento. Ikalawa, malupit ang tagpo ng mutilasyon sa sariling katawan na ginawa ng nakatatandang kapatid bilang pagbubulalas ng poot at bagsik sa kanilang magulang. Lumulundo ang dalawang anyo ng kalupitan sa kaibuturan ng “sarili”:

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

sariling ina at sariling katawan. At dito madarama ang kasidhian. Kung babalikan ang kontra-independensiyang kampanya ng mga Amerikano sa panahong umaarangkada ang pakikibaka para sa pagsasarili ng mga Pilipino, maidurugtong ang mensahe ng kuwento: ang kalupitan sa sarili, at ang subteksto nito: ang katiwalian sa at kahinaan ng sarili. Matatandaang isinakay ng Himagsikang 1896 ang metapora ng kabuuan sa "Inang Bayan." Binigyan pa ng katwiran ni Andres Bonifacio ang "himagsikan" bilang pagkilala at pagpapahayag ng pag-ibig sa "tunay na Ina" – ang tinubuang lupa, lampas pa sa pagbubulalas ng bagsik at pagtakwil sa "sukabang ina." Malaon nang nakaugat ang mahalagang papel ng ina, gayundin ang kabuluhan ng bigkis ng ina-at-anak sa ating katutubong lipunan-at-kalinangan – na siyang itinatampok sa ating mga epikong bayan (Meñez 1996; Ileto 1979). Ito ang pangkamalayang balangkas na binabangga ng bersiyong kolonyal ni Jenks. Sa antas ng kaisipan, nagsasagawa ito ng karahasang epistemolohikal. Lubhang mapanganib ang mga imahen at metaporang itinanghal dito: sariling kadugo ang kalaban. Akmang-akma sa estratehiyang hatiin-at-pamunuan (divide-and-rule) ng mga kolonisador?

Sa kabilang banda, ipinihit ng bersiyon ni Cawed ang karahasan mula sa sarili o loob patungong iba o labas: ang ina-inahan. Sa konteksto ng huwad na ina, nagkakaroon ng lohika at nagiging katanggap-tanggap ang galit at malupit na aksiyon ng anak. Gayundin naman, pinahina ang sidhi ng kalupitan sa tagpong pinagputol-putol ang kanyang katawan. Taliwas sa isang trahedya winakasan ni Cawed ang kuwento sa redempson sa sarili ng kontra-bida. "Pinoy-na-Pinoy" 'ika nga ang bagong pag-asang hatid nito.

Maiuugnay ang usapin ng "kalupitan sa sarili" sa dalawa pang kalipunan ng mga kuwentong sumusuhay sa tema ng tunggalian sa pamilya at paghihiganti. At sa lahat ng ito, ang naikikintal ng mga kolonyal na teksto sa mambabasa ay ang karimarimarim na gawain ng pamumugot ng ulo ng mga nasabing tribu.

6. Tunggalian sa Loob ng Pamilya

	PRODUKSIYON	REPRODUKSIYON
Teksto 6	[Hindi nilagyan ng pamagat ang kuwento]Nasa: <i>Study of Tinguian Folklore</i> (1915), pah. 36-37	"The Bolnay Tree of Matawitawen." Nasa: "Tinguian Folklore and How It Mirrors Tinguian Culture and Folklife." M.A. Thesis, University of San Carlos (1966), pah. 70-72.
May-akda	Fay Cooper Cole	Artemio Peraren
Tala sa pagsasalin	Kinalap ni Cole sa kanyang 16 na buwan ng pamamalagi sa mga Tinguian na naninirahan sa mga distrito ng Abra, Ilocos Sur at Norte. Narinig niya ito sa mga pagtitipon (gaya ng paghahabi ng kababaihan at paggawa ng lambat o pagkukumpuni ng mga sandata at kasangkapan ng mga kalalakihan) sa iba't ibang lugar sa nayon. Siya ang nagsalin sa Ingles.	Kinuha ni Peraren ang kuwento mula sa koleksyon ng mga kuwentong bayan ng mga Tinguian ni Fay Cooper Cole sa kanyang librong <i>Traditions of the Tinguians</i> . Subalit hindi niya ito direktang sinipi.
Banghay	a. Nagsabi ang isang nagdadalantaong babae na gusto niya ng bunga ng punong <i>bolnay</i>. b. Nang tanungin ng kanyang asawa kung ano ang kanyang nais, nagsinungaling siya at sinabing gusto niya ng itlog ng isda. c. Gamit ang kanyang mahiwagang kapangyarihan, hinuli ng lalaki ang lahat ng isda sa ilog at pinili ang may itlog, pagkatapos ay pinakawalan na ang iba pa. d. Ipinakain lamang ito ng babae sa mga aso at sinabi sa asawang atay ng usa ang kailangan niya. e. Muli, ibinigay na naman ng babae ang atay sa mga aso at nagtaka na ang lalaki. f. Nag-anyo siyang langgam at nagkubli malapit sa kanyang asawa hanggang palihim niyang napag-alamang bunga pala ng <i>bolnay</i> ang tunay na nais niya.	a. Nang nagdadalanta si Aponibolinayen, labis niyang nagustuhan ang bunga ng punong bolnay ng Matawitawen (isang punong namumunga ng maasim pero nakakain). b. Subalit nang tanungin siya ng kanyang asawang si Ligi kung ano ang kanyang nais, nagsinungaling siya, at sa halip ay sinabing gusto niya ng itlog ng isda. c. [Ang mga sumunod na pangyayari ay alinsunod na sa bersyon ni Cole liban lamang sa mga sumusunod na pagkakaiba: <u>sa "i"</u>: Hindi ang babae ang umaway sa lalaki, nag-away sila. Iniwan ni Ligi si Aponibolinayen sa butas.

g. Nakakuha ang lalaki ng mga bunga, subalit sa kanyang pag-uwi, nakasalubong niya ang kanyang mga kalaguyo . Pinayagan niyang kunin nila ang mga bunga hanggang sa isa na lamang ang matira para sa kanyang tunay na asawa. h. Kinain ng babae kung anuman ang natira, subalit nagustuhan pa niya. i. Inaway niya ang kanyang asawa, at dahil sa galit ng huli, kinaladkad siya patungo sa puno ng bolnay at inilagay siya sa isang butas. j. Di nagtagal at nagsilang ang babae ng isang sanggol na lalaking pinangalanan niyan Kanag. k. Mabilis na lumalaki ang bata tuwing pinaliliguan. l. Natuto siyang makipaglaban kasama ng iba pang mga bata. m. Nagtanim siya ng baging ng <i>lawed</i> upang maipaalam parati sa kanyang ina kung ano na ang kanyang kalagayan. n. Lingid sa kaalaman ng ama at anak nagkasama sila sa isang grupong nakikidigma laban sa kanilang kaaway na bayan. o. Nakapugot ng ulo ng kaaway si Kanag, gayundin ang iba pa niyang mga kasamahan. p. Umuwi sila at nagdaos ng piging at sayawan. Nang sumasayaw si Kanag, nayanig ang lupa, nahulog ang mga niyog mula sa puno, dumaloy ang tubig sa ilog sa kanilang bayan at dumaluhong ang mga isda sa kanyang paanan. Dahil sa inggit, pinugutan siya ng ulo ng kanyang ama. q. Mula sa nalantang <i>lawed</i>, nabatid ng kanyang ina na namatay si Kanag at pinuntahan niya ito. Muli niyang nakita ang kanyang asawa at ipinaalam sa kanya na anak nila ang kanyang pinatay.	<u>sa "m":</u> <i>Bago siya nagtanim ng lawed, sinabi sa kuwento na nagbinata na si Kanag.</i> <u>sa "p":</u> <i>Sa Kadalayapan, kung saan nakatira si Ligi, ang ama ni Kanag, idinaos ang piging at sayawan. Bago sumayaw si Kanag, tiningnan muna ni Aponibolinayen ang lawed ng kanyang anak, at ito'y luntian kung kaya't batid niyang nasa mabuti siyang kalagayan.</i> <u>sa "r":</u> <i>Hindi ang ina ang muling bumuhay sa anak kundi ang ama. Iniuwi ni Aponibolinayen si Kanag sa Matawitawen.</i> <u>sa "s":</u> <i>Sa labis na pagsisisi, hindi na kumain si Ligi at nagkasakit nang malubha.</i> <u>sa "t":</u> <i>Naawa si Aponibolinayen kay Ligi, pinatawad niya ang huli at di naglaon, muling nagkapiling ang dalawa. Simula noon, namuhay sila nang maligaya.</i>
--	---

	r. Muling binuhay ng ina ang anak at nilisan nila ang lugar. s. Sinundan sila ng ama subalit bigla na lamang may mga tumubong makapal na tinik sa daan upang siya'y hadlangan . t.Sa wakas ay nakipagkasundo ang ama sa kanyang mag-ina at pinatay niya ang kanyang mga kalaguyo.	
--	--	--

Halos nakakapareho ito ng sumusunod na kuwento.

7. Paghihiganti

	PRODUKSIYON		REPRODUKSIYON
Teksto 7	[Hindi nilagyan ng pamagat; kuwento ng tagumpay laban sa kaaway] Nasa: <i>Study of Tinguian Folklore</i> (1915), pah. 37-38	"Gawigawen of Adasen" Nasa: <i>Philippine Folk Tales</i> (1916), pah. 25-36	"Aponitolao" Nasa: <i>Epic Tales of the Philippines: Tribal Lore of Filipinos</i> (2003), pah. 25-33
May-akda	Fay Cooper Cole	Mabel Cook Cole	Artemio Guillermo
Tala sa pagsasalin	[Tingnan ang nasa Teksto 6.]	Narinig ni Cook Cole sa kanyang pagsama-sama sa asawang si Fay cooper Cole sa pagsasagawa ng <i>field work</i> para sa Field Museum of Natural History.	
Banghay	a.Naisipan ng isang buntis na babae na kumain ng kahel na pagmamay-ari ng higitang may-anim-na-ulo, si Gawigawen. b. Matapos ang maraming pagsubok, natuklasan ng	a.Masakit ang ulo ni Aponibolinayen at bigla siyang napahiling na gusto niya ng kahel na pagmamay-ari ng higitang si Gawigawen.b. Nang tanungin ni Aponitolau kung ano ang hiling ng kanyang asawa naglihim na lang ang huli	a.Naglilihi si Aponibolinayen at nagustuhang kumain ng <i>biyo</i> (kahel) ng Adasen na tumutubo sa halamanan ng mabangis na

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasalang Pampanitikan

kanyang asawa kung ano ang kanyang tunay na nais. c. Nang malaman ng asawa na nasa bayan ito ni Gawigawen, inarmanan niya ang sarili at naghanda sa isang mapanganib na paglalakbay. Nagtanim din siya ng <i>lawed</i>, isang uri ng baging na magbibigay-babala ng kanyang kaligtasan o kasawian. e. Matapos mapagtagumpayan ang mga pagsubok ng higante sa tulong ng kanyang mga kaibigang langgam at langaw, pinayagan siyang pumitas ng bunga. h. Subalit nahiwa siya ng mga sanga ng puno na sa katunaya'y mga patalim pala. i. Sa kanilang tahanan, nalanta ang <i>lawed</i>, hudyat ng kanyang kamatayan. j. Pinaghiwa-hiwalay ng higante ang mga bahagi ng kanyang katawan. k. Nagsilang ng sanggol ang kanyang asawa. l. Maliit pa lang ang bata ay nagpasya nang hanapin ang bangkay ng ama sa kabila ng mariing pagtutol ng kanyang ina. m. Sa kanyang paglalakbay, naranasan niya ang lahat ng mga pagsubok na sinuong ng ama, at ang mga ito'y kanyang napagtagumpayan. n. Natagpuan niya ang kinaroroonan ng higante at sila'y naglaban.	sa pangambang ikamamatay ni Aponitolau ang pagkuha ng mga prutas kay Gawigawen.c. Matapos magbalatkayo bilang isang centipede, natuklasan niya ang tunay na hiling ng kanyang maybahay.d. Tumutol man ang maybahay, nagpasyang umalis si Aponitolau.e. Ipinaghanda siya ni Aponibolinayen ng makakain sa paglalakbay. Pumutol siya ng isang baging, <i>lawed</i> at itinanim ito sa kanilang kalan at sinabi sa asawang kapag ito ay nalanta, ibig sabihin ay namatay na siya.f. Sa kabila ng masasamang babala mula sa aso, kulog at kidlat nagpatuloy pa rin siya sa paglalakbay.g. Narating niya ang Adasen, lugar ni Gawigawen, sa tulong ng pinuno ng mga gagamba . h. Natagpuan ni Aponitolau si Gawigawen sa kanyang <i>balaua</i> (spirit house) at magalang siyang nagpaalam na bibili ng kanyang kahel. i. Subalit ikinamatay niya ang pagpitas sa bunga. At nalanta ang <i>lawed</i> sa kanilang tahanan. j. Pinagputol-putol ng higante ang kanyang katawan. k. Di nagtagal at nagsilang ng isang sanggol na lalaki si Aponibolinayen, na pinangalanan niyang Kanag. Mabilis na lumaki ang batang magiting at matapang. l. Minsan sa kanyang paglalaro, napag-alaman niyang pinatay ang kanyang ama ng higanteng si Gawigawen.	higanteng may anim na ulo, si Gawigawen. b. Dahil mapanganib pumunta sa lugar na iyon, ipinaghihim niya sa kanyang aswang si Aponitolao ang tunay niyang nais, sa halip, humingi na lamang siya ng ibang bagay na hindi naman talaga niya gusto. c. Nag-anyong isang centipede si Aponitolao at palihim niyang natuklasan ang tunay na nais ng kanyang maybahay. d. Sinuong niya ang panganib na mamatay sa kabila ng pagtutol ni Aponibolanayen. e. Sa kanyang paglalakbay patungo sa Adasen, maraming masamang babalang nagtangkang pigilan siya subalit tumuloy pa rin siya. f. Nakarating si Aponitolao sa kinaroroonan ni
--	--	--

n. Napugutan niya ang higante ng limang ulo. Itinira niya ang isa upang sabihin sa kanya kung saan niya matatagpuan ang kanyang ama. o. Kinalap niya ang katawan ng ama at muli itong binuhay. Nabuhay rin ang <i>lawed</i> sa kanilang tahanan. p. Pinugot ng anak ang huling ulo ng higante . q. Inutusan ng mag-ama ang mga pamugot ng ulo na patayin ang lahat ng tao sa bayang iyon, hanggang sa dumanak ang dugo sa dami ng napatay. r. Nakabalik ang mag-ama sa kanilang tahanan at nagdaos ng malaking piging para ipagbunyi ang mga nakuhang ulo.	m. Nagpaalam siya sa kanyang ina upang hanapin ang bangkay ng kanyang ama. n. Napagtagumpayan ni Kanag ang lahat ng matitinding pagsubok at natagpuan at nakalap niya ang mga bahagi ng katawan ng kanyang ama. o. Muli niya itong binuhay gamit ang kanyang anting-anting (magical power).[Tala: Mula rito, lahat ng sumunod na pangyayari ay kagaya rin ng sa bersiyon ni Cooper-Cole. Liban lang sa detalye kung paano nila nilupig ang buong bayan ng higante. Sa bersiyon ni Cook-Cole, gumamit ng mahika ang mag-ama. Pinalipad nila ang kanilang mga sibat at pamugot-ulo upang patayin ang lahat ng tao. At lahat ng mga ulo at mahahalagang bagay ay umuwi sa kanilang tahanan. At sa kanilang pag-uwi, lahat ng kamag-anak ay nagtungo sa kanilang bahay para sa isang piging; masaya ang lahat at napangiti ang buong mundo.	Gawigawen, at nang makaharap niya ito, magalang siyang nagpaalam na bibili siya ng kanyang mga biyo para sa asawang naglilihi. g.Bago pa man mahulog sa patibong ng higante, nakakuha na siya ng dalawang bungkos ng biyo, itinali niya ito sa kanyang sibat at pinalipad patungo sa kanilang tahanan. Nang makita ito ni Aponibolinayen at nalanta ang <i>lawed</i> na magbabadya ng kaligtasan ni Aponitolao, nabatid niyang namatay na ang huli. h. Isinilang niya si Kanag at lumaking isang matapang na mandirigma. i. Nang mapag-alaman niya ang tunay na nangyari sa kanyang ama, ipinasya ni Kanag na hanapin ang katawan nito, sa kabila ng matinding pagtutol ng kanyang ina.
---	--	---

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

			j. Sa kanyang mga dinaanan, nakatagpo siya ng magagandang babala. k. Sa wakas ay nakaharap niya ang higante . l. Sa tulong ng mahiwagang bato, nalupig niya ang higante at pinugutan niya ito ng limang ulo. Itinira niya ang isa upang maituro sa kanya kung nasaan ang mga pira-pirasong bahagi ng katawan ng kanyang ama. m. Nakuha niya ito isa-isa at dinasalan kay Lumawig na muli itong buhayin. Gayundin ang iba pang mga katawan at ulong pinugutan ni Gawigawen, pinagsama-sama niya ito at dinasalan at naibalik ang kanilang buhay. Sa isang kisap-mata, naibalik sila sa kani-kanilang tahanan. n. Nag-aalalang naghihintay si Aponibolinayen
--	--	--	---

			nang makita niyang lumago ang <i>lawed</i> . Batid niyang buhay ang kanyang anak. o.Gayon na lamang ang kanyang kaligayahan nang makita niyang magkasamang dumating ang kanyang mag-ama. p. Nagdaos ng <i>canyao</i> ang buong pamayanan upang magbunyi sa kanilang pagbabalik.
--	--	--	--

Bagaman kuwento ito ng pananagumpay laban sa kaaway, higit na naitatampok ang karimarimarim na pugutan ng ulo sa mga bersiyong kolonyal ng dalawang teksto (6 at 7). Tunghayan ang mga sipi:

[Teksto Blg. 7]

Slaughter is so great the father swims in blood, but son stands on it. Both return home and hold a great celebration over the heads (Cooper-Cole 1915: 38).

Then Kanag and his father used magic so that the spears and head-axes flew about, killing all the people in their town, and the heads and valuable things went to their home (Cook Cole 1916: 36).

[Teksto Blg. 6]

Kanag cuts off head of a pretty girl; his companions kill an old man and woman. They return home and hold dance around the heads.... (Cooper-Cole 1915: 37).

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

Lalong lumalakas at nagiging makapangyarihan ang bisa ng kuwento kung direktang inuugnay sa totoong buhay. Halimbawa, sa bahaging inilalarawan ni Cook Cole ang bayan ng higitang si Gawigawen na pinalilibutan ng mga pugot na ulo, naglagay siya ng sumusunod na karagdagang talababa:

It was the ancient custom to place the heads of slain enemies at the gate or around the town, and this practice still prevails with some of the surrounding tribes. More recently it was the custom to expose the head at the gate of the town for three days, after which followed a great celebration when the skulls were broken and pieces were given to the guests (Cook Cole 1913, 34; akin ang diin).

Mahalagang mabatid na nakapaloob ang mga teksto ni Cooper Cole sa isang 55-pahinang sanaysay na kanyang iniakda Cole tungkol sa mga gawi, kaugalian, at paniniwalang Tinguian na nagsisilbing pambungad sa mga kuwentong bayan. Matutunghayan sa bahaging ito ng akda kung paano itinatampok ang pagiging "kakatwa" ("strange") at kawalan ng lohika ng ilang gawi ng mga "tribes." Gayon na lamang ang banggit niya sa pamumugot ng ulo bilang isa sa pinakamahalagang pangyayari sa buhay ng mga Tinguian (noong unang panahon). Bagaman, aniya, paminsan-minsan na lamang itong ginagawa (sa panahong isinusulat niya ang akdang ito). Mapapaisip pa rin marahil tayo sa grapiko niyang paglalarawan tungkol sa pagdiriwang kaugnay ng pamumugot ng ulo. Aniya:

The tales tell of the heads being placed on the *sagang* at the spring, at the gate, or about the town, after the celebration. Certain of the present villages make use of the *sagang*, but the more common type of head holder is the *saloko*, which still figures in many ceremonies. However, the heads only remain in these receptacles until the day set for the festival. They are then carried to the centre of the village and there, amid great rejoicing, are cut open; the brains are removed and to them are added the lobes of the ears and joints of the little fingers, and the whole is then placed in the liquor, which is served to the dancers. Before the guests depart the skulls are broken into small pieces and a fragment is

presented to each male guest, who carries it home and is thus often reminded of the valor of the takers. A study of Tinguian beliefs furnishes an additional religious motive for the taking of heads, but with the people of Kadalayapan and Kaodanan revenge and the desire for renown were the prime incentives (Cole 1915, 18-19; akin ang diin).⁹

Sa ganang mga nabanggit, higit na itinatanghal ang paghihiganti at ang hamak na pagtingin dito bilang patunay sa inaakusang “savagery” o kabangisan ng mga tribu, na hindi kayang pagtakpan ng eupemistikong pamagat na “*Savage Gentleman*” sa aklat ni Mabel Cook Cole (1929). Taliwas na taliwas ito sa larawang ipinipinta ng teksto ni Guillermo. Sa una, pinagpapatay, pinagpupugutan ng ulo ng mag-ama ang lahat ng tao sa bayan ni Gawigawen sukdulang “lumalangoy sa dugo ang ama” (Cooper Cole 1915: 37-38; at Cook Cole 1916: 36). Sa huli, higante lamang ang pinatay, at sa halip na patayin din ang mga kababayan ni Gawigawen, kinalap nila ang mga hiwa-hiwalay na bahagi ng iba pang biktima at ipinagdasal kay Lumawig na muli silang mabuhay (Guillermo 2003, 33). May tensiyon, kung gayon sa pagitan ng mga bersyong kolonyal at kontemporaryong Pilipino.

Nagkakaiba rin ang mga bersyon sa paglalahad ng muling pagkabuhay ni Aponitolao. Sa mag-asawang Cole, tanging si Kanag ang nagpanumbalik ng buhay ng kanyang ama; samantala, kay Guillermo, si Lumawig pa rin ang kinikilalang nagbibigay at nagpapanumbalik ng buhay. Tunghayan:

Cooper Cole at Cook Cole	Guillermo
(The son) collects father's body together and restores it to life (p. 37).	He gathered all the parts and assembled them into a human body. Then he prayed to the gods to restore his father to life. The supreme god Lumawig heard his prayers, and Aponitolao was brought back to life (p.33).
After he had gathered all the parts of the body together, Kanag used magical power, and his father came to life (p. 35)	

Nagmumukha ring mababaw at simpleng kapritso lamang ang pangunahing dahilan ng paghahanap ng bunga ng kahel ni Aponibolinayen sa bersyon ni Cook Cole kung ikukumpara sa dahilang ibinigay sa bersyon ni Guillermo:

RODRIGUEZ
 "Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

Cook Cole	Guillermo
Aponibolinayen was sick with a headache, and she lay on a mat alone in her house. Suddenly she remembered some fruit that she had heard of but had never seen, and she said to herself, "Oh, I wish I had some of the oranges of Gawigawen"(p.25).	Aponibolinayen was on her first month of pregnancy when she felt a deep craving for <i>biyo</i> , which were the sweet, juicy oranges of Adasen (p.25).

Makikita rin sa pamagat kung ano ang higit na itinatanghal: kay Cook Cole, si Gawigawen bilang simbolo ng kalupitan at kabangisan at obheto ng paghihiganti ng mga pangunahing tauhan; samantala, kay Guillermo, si Aponitolao bilang simbolo ng mapagsakripisyong kabiya at ng kanyang walang-maliw na pag-ibig sa asawa.

Bukod sa pamumugot ng ulo, naikikintal din sa isipan ng mambabasa ang ipinaparatang na "primitibismo" at pagiging kakaiba ("weird"/"strange") ng mga Tinguian sa kanilang mga paniniwalang binabansagang "magic" at "superstitions." Muli, may kaukulang paliwang si Cooper Cole hinggil dito:

Magic was practiced extensively in "the first time," but it is by no means unknown to the people of the present day. They cannot now bring a dead person back to life, ... but they can and do cause sickness and death to their foes by performing certain rites or directing actions against garments or other objects recently in their possession. Even the name of an enemy can be applied to an animal or inanimate object and action against it be transferred to the owner (p. 21; Akin ang diin.)

Tila di-natitinag na katotohanan ang inilahad niyang konklusyon hinggil sa mga kuwentong bayan ng mga Tinguian: na ang namamayaning kaisipan ng mga tao ay yaon ding nasa kuwentong bayan. Aniya:

In short, there is no sharp break between the mode of thought of to-day and that exhibited in the folklore (p. 28).

Nilalamnan at pinagtitibay din ni Cook Cole ang mga asersyong ito sa kanyang mga talababa sa kuwento sa itaas. Paglilinaw niya:

In their beliefs of today the Tinguians recognize many giants, some with more than one head. In a part of the ritual of one ceremony, we read, "A man opens the door to learn the cause of the barking and he sees a man, fat and tall, with nine heads" (p. 35).

From this and other incidents it is evident that these people talked with the lightning and thunder. They still have great regard for the omens derived from these forces; but it is now believed that thunder is the dog of Kadaklan, the greatest of all the spirits, and that by the barking of this dog, the god makes known his desires (p.29).

Sa "The Bolnay Tree of Matawitawen," makikita ang matingkad na pagkakapareho sa teksto blg. 7. Anupa't parang alternatibong bersyon ito ng nauna. Bagaman, kapansin-pansin ang pagpihit ng tunggalian mula "asawang babae vs. lalaki" tungong "asawang lalaki vs. higante." Sa teksto 6, higit na marahas ang away ng mag-asawa, na humantong pa sa pagpatay ng sariling ama sa anak. Malagim at kontrobesyal kung gayon, ang internal na tunggaliang ibinunga ng paglayo ng ama sa kanyang pamilya. Samantala sa teksto 7, inilarawan si Aponitolau bilang isang amang handang mamatay para sa kanyang pamilya. Matatandaang nang humiling ng prutas ang kanyang asawa, ipinakain lamang niya ang karamihan nito sa kanyang mga kalaguyo. Hindi lamang personal o familial ang usaping ito. Napakapolitikal nito kung sisipatin muli sa nasyonalistang asersiyon ng mga Pilipino nang panahong iyon na pamahalaan ang sarili. Kung batbat ang ating kultura at lipunan ng malulupit na labanan, lalong nalulusaw ang batayan pagsasarili.

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

Sa Kabanata 3 ng tesis ni Peraren, inamin niyang karamihan sa mga kuwentong bayang pinili niya para sa pag-aaral na ito ay nagmula sa inilimbag na koleksyon ni Fay Cooper Cole (Peraren 1966, 41). Subalit nakakapagtaka, hindi niya isinama ang kuwento tungkol kay Aponitolau at sa may-anim-na-ulong higante gayong isa ito sa mga pinakapopular at napasama na rin sa iba pang antolohiya ng mga kuwentong bayan sa Pilipinas. Bagkus, mas pinili niya ang higit na kontrobersyal na "The Bolnay Tree of Matawitawen" na nagtatampok sa kuwento ng amang pumatay sa sariling anak dahil sa inggit. Kung ano't anuman, tinangka pa rin ni Peraren na magsagawa ng ilang pagbabago sa pamamagitan ng pagpapahina sa imahen ng karahasan. Sa bersyong Cole, nagtatapos ang kuwento sa pakikipagkasundo ng ama sa kanyang pamilya subalit pinagpapatay naman niya ang kanyang mga kalaguyo. Samantalang sa bersyon ni Peraren, higit na "pinaamo" ang depiksyon sa ama. Pansinin, siya ang bumuhay sa anak, hindi ang ina (gaya ng isinasaad sa bersyong Cole). Labis ang kanyang pagkabagabag sa nangyari, hindi siya nakakain hanggang sa magkasakit nang malubha – ito na marahil ang sukdulang manipestasyon ng kanyang pagsisisi. Wala na ang tagpo ng patayan, pagkakasundo ng mag-asawa lamang. At nagarantiyahan ang pamumuhay "nang maligaya."

8. Mga Kakatwang Kaugalian ("Weird Customs")

	PRODUKSIYON		REPRODUKSIYON	
Teksto 8	1."Cosmogony" 2. "In the Days of the Mona" 3. "Why the Sky Went Up" Nasa: "Bagobo Myths," <i>Journal of American Folklore</i> (Jan-March, 1913), pah. 15-16; pah. 16-17	1."Origin" 2."Lumabet" Nasa: Philippine Folk Tales (1916), pah. 133-134; pah.135-138	"The Bagobo Legend of Creation" <i>Stories and Legends from Filipino Folklore</i> (1968), pah. 47-50	[Direktang sipi ng salin ni LW Benedict]Nasa: Philippine Folk Literature : The Myths (1993), pah. 92, 111, 112

May-akda	Laura Watson Benedict	Mabel Cook Cole	Ma. Delia Coronel	Damiana L. Eugenio
Tala sa pagsasalin	Kinalap at isinalin sa Ingles ni LW Benedict.	Nakalap ni Cook Cole sa apat na taon ng kanilang field work ng kanyang asawang si Fay Cooper Cole mula sa "wild tribes" ng Pilipinas.	Isinalin mula sa kuwento ni Luzviminda Llobrera ng Banga, Cotabato	Reprint ng kay LW Benedict (1913)
Banghay	1. "Cosmogony" a. Sa simula, nilikha ni Diwata ang karagatan at kalupaan , at nagtanim ng iba't ibang uri ng puno. b. Pagkatapos, nilalang ni Diwata ang unang lalaki at babae sa pamamagitan ng dalawang tumpok ng lupang kanyang dinuraan. c. Nagpakasal ang dalawa, sina Tuglay (ang matandang lalaki) at Tuglibung (ang matandang babae). d. Nagtayo si Tuglay ng bahay at itinanim ang iba't ibang uri ng buto ng halamang ibinigay sa kanya ni Diwata. e. Nilikha ni Diwata ang araw, buwan, mga bituin, at mga ilog. f. Una rin niyang nilikha ang malaking palos (<i>kasili</i>) at ipinalupot ito sa paligid ng mundo. Pagkatapos ay lumikha siya ng malaking	1. "Origin" a. Sa simula, nagkaanak sina Toglai at Toglison ng isang lalaki at babae. b. Sa kanilang paglaki, naglakbay ang magkapatid sa ibayo ng mga ilog upang maghanap ng mabuting lugar na matitirhan at hindi na bumalik pa. c. Samantala, nanatili ang iba pang naging mga anak nina Toglai at Toglison sa Cibolan sa Bundok Apo hanggang sa mamatay ang kanilang mga magulang at maging mga espiritu. d. Di nagtagal at nagkaroon ng matinding tagtuyot sa Cibolan na pinaniniwalaan nilang parusa ni Manama (ang Dakilang Espiritu). e. Dala-dalawang nilisan ng mga anak	. Sa simula, bago pa lalangin ang mga tao, mga unggoy (<i>lutung</i>) ang unang nanirahan sa uniberso . Kawangis din sila ng tao noon subalit naiba ang kanilang anyo nang magkaroon na ng tao. b. Nilikha ang mga <i>mona</i>, ang pinaniniwalaang ninuno ng mga Bagobo sa gitna ng kalupaan. Sabi naman ng iba, nasa kabundukan sila ng Mindanao kung saan naroroon ang mga Bagobo sa kasalukuyan. c. Tinatawag na <i>tinglay</i> o <i>tuglay</i> ang matatandang lalaki, at <i>tuglibung</i> naman ang matatandang babae. d. Nilikha ng diwatang si Pamulak Manobo ang lupa at ang mga <i>mona</i>.	[Direktang sinipi mula kay Benedict sa tatlong pinaghiwa-hiwalay na kuwento: 1. Cosmogony 2. In the Days of the Mona 3. Why the Sky Went Up

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasalang Pampanitikan

talangka (kayumang) at inilagay sa tabi ng palos. Lumilindol kapag kinagat ng talangka ang palos . Umuulan naman kapag dumudura si Diwata. 2. "In the Days of the Mona" a.Noong unang panahon, halos naaabot na ng araw ang lupa dahil mababa ang langit. Sa udyok ng matandang babaeng naggangalang Mona umakyat ang langit paitaas upang makapagbayo siya ng palay. b. Nilikha nina Mona at Tuglay (ang kauna-unahang lalaki) ang lahat ng bagay sa daigdig; samantalang ang diyos naman ang lumikha ng babae at lalaki. Yumaman sina Mona at Tuglay sapagkat nakikita nila ang diyos. d.Subalit inudyukan sila ng ahas na kainin ang prutas. Nagalit ang diyos sa kanila at hindi na kailanman nagpakita. 3. "Why the Sky Went Up" a.Sa simula, mababa lamang ang langit kung	ang kanilang lupang sinilangan. Sa mga lugar na kanilang pinuntahan , isang bagong grupo ng mga tao ang lumitaw. Lahat ng tribu sa sandaigdigan ay nagkaroon ng pangalan batay sa kanilang dala-dalang mahahalagang bagay mula sa Cibolan . May nagtungo pakanluran, dala ang bato at tinawag na Maguindanao ang kanilang mga naging anak May nagtungo patimog, dala ang <i>baraan</i>, mga basket ng kababaihan at tinawag ang kanilang mga inapo na Baraan o Bilaan (mula sa mga nasabing basket). f. Subalit may nagpaiwan sa Bundok Apo: isang lalaki at isang babae. Nang mamamatay na sila sa matinding gutom at uhaw, nakatagpo ang batang lalaki ng tubó. Pinutol niya ito at ininom nilang magkapatid ang tubig na nagmula sa katas nito . Dahil dito, tinawag ang kanilang mga anak na Bagobo.	e. Tinulungan siya ng unang tuglay at tuglibung sa paglikha ng mga halaman at ng iba pang bagay. f. Bagamat may bigas at prutas na nakakain ang mga mona, lubhang miserable ang kanilang kalagayan dahil sa sobrang baba ng langit at hindi sila masyadong nakakatayo. Napakalapit din ng araw sa kanila kung kaya't nagkakanlong sila sa malalalim na hukay sa lupa upang maligtas sa sobrang init nito. g. Isang araw, napagod na ang isang babae sa kababayo ng palay at napasigaw siya sa langit dahil sa abalang idinudulot nito sa kanya. Tumaas nang tumaas ang langit palayo sa kalupaan. g. Mula noon, uminam na ang kalagayan ng mga tao. Nakakatayo at nakakalakad na sila nang tuwid, nakapagtayo na sila ng bahay at nagsitubo nang maayos ang mga halaman. Sagana ang mga mona liban na lamang sa panahon ng tagtuyot.
---	---	--

kaya't nahihirapang magbayo ng palay ang mga Mona (mahihirap na pamilyang nakatira sa lupa) b. Inutusan ng isang babae ang langit na tumaas upang mabayo nilang mabuti ang kanilang palay. c. Pinataas pa niya ito nang pinataas hanggang sa magalit na ang araw. d. Napakatanda na ng mga Mona subalit nang tumaas at lumayo na ang araw sa kanila, nagsimula na silang magdalantao .	2. "Lumabet" a. Pagkatapos lalangin ang mga tao sa lupa, may isinilang na batang lalaking nagngangalang Lumabet, na nabuhay nang matandang matanda na. b. Sa tanang buhay niya pawang magagandang bagay ang kanyang ginawa hanggang sa maniwala ang mga tao na isinugo siya ni Manama, ang Dakilang Espiritu. c. Maraming kuwento tungkol sa kamanghamanghang niyang ginawa. d. Lahat ay naniwalang isa siyang diyos. f. Dinala niya ang mga taong naniniwala sa kanya sa lugar kung saan nagtatagpo ang langit at lupa. h. Nang halos lahat ng taong sumunod kay Lumabet ay nasa langit na, may isang nalungkot at gustong bumalik sa kanyang tahanan. m. Ibinaba siya ng mga espiritu mula sa langit at ginawang kuwago	h. Nagsimula na silang manganak. Tinawag na <i>Malaki</i> ang unang sanggol na lalaki, habang <i>Bai</i> naman ang unang babae. i. Nagsimulang dumami ang mga tao; kaunti lamang ang namamatay . Maging ang mga <i>buso</i> (<i>demons</i>) ay bumait sa kanila. j. Di nagtagal, nag-away din ang <i>buso</i> at ang tao. k. Sa labanang ito, napabantog si Lumabat sa kalalakihan. Maraming kuwento tungkol sa tagumpay ni Lumabat. Nagapi rin niya si Nabuyon, ang bantay ng pintuan ng Lupain ng mga Yumao (ang Guinokudon). l. Pagkatapos maglaho ni Nabuyon, naglakbay si Lumabat upang makapasok sa lupain sa ibabaw ng kalangitan. Maraming kamag-anak ang sumama sa kanya, subalit lahat, liban kay Lumabat, ay naparusahan sa kanilang dinaanan. Matapos malampasan ang pagsubok, si Lumabat lamang ang tanging nakarating sa kalangitan at naging dakilang Diwata.	
--	--	---	--

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasalang Pampanitikan

Para sa mga salin ng mga Amerikanong antropologong sina Benedict at Cook Cole, minabuti kong pagsama-samahin ang mga kuwentong Bagobo na umaakma sa bersiyong Pilipino, sa partikuar, sa salin ni Coronel. Sa tatlong kuwento ng bersiyong Benedict, maibubuod lamang ito sa dalawa: (1) ang kuwento ng paglalang sa unang lalaki at babae at sa kapaligiran; at (2) ang kuwento tungkol sa pagtaas ng langit. Samantala, sa bersiyon ni Cook Cole, idinagdag ang kuwento tungkol kay Lumabet (na wala kay Benedict pero mayroon kay Coronel). Sa mga espesipikong pagkakaiba ng tatlong bersyon, mahalagang banggitin ang mga sumusunod. Una, ang pagtukso ng ahas sa unang lalaki at babae sa bersiyong Benedict— wala ito kina Cook Cole at Coronel. Ikalawa, ang lugar ng mga Bagobo bilang pinagmulan ng iba pang grupong etniko sa Mindanao gaya ng mga Bilaan (sic.) at Maguindanao (na wala kina Benedict at Coronel). At ikatlo, ang pangunguna ng mga unggoy bago ang tao sa bersiyong Coronel. Bukod dito, si Lumabat lamang ang tanging nakarating sa langit at naging dakilang Diwata; kay Cook Cole, halos lahat ng sumama kay Lumabet ay nakarating sa langit. Mapapansing sa pagpuntang ito rin sa langit nagwawakas ang kuwento sa bersiyon ni Coronel; samantala, sa bersyon ni Cook Cole, nagtapos ang paglalahad sa pinagmulan ng kuwago. Gayumpaman, higit na interesanteng pagtuunan ng pansin ang pagkakapare-pareho ng mga ito sa ganang banggit ng mga alusyon sa mga kuwentong kanluranin. Nariyan ang alusyon sa isang tagpo sa Henesis sa Bibliya—ang pag-udyok o pagtukso ng ahas kina Mona/Tuglibung at Tuglay sa bersyon ni Benedict. Anang salaysay:

But the snake was there too, and he gave the fruit to the man and the woman, saying to them, "If you eat the fruit, it will open your eyes." Then they both ate the fruit. This made the god angry (Benedict 1913).

Sa *reprint* ni Eugenio ng bersiyon ni Benedict, nilagyan din ng una ng talababa ang bahaging kumuha si Diwata ng dalawang tumpok ng lupa. Nakasaad dito:

In Malaysian-Arabic Tradition, Adam was moulded from a lump of clay mixed with water (cf. W.W. Skeat, *Malay Magic*, 1900), p. 21-22 (Eugenio 1993: 92).

Sa bersiyon naman ni Coronel, may pagtukoy sa karanasang Griyego kaugnay ng kapangyarihan ni Nabuyon—bagay na nagpapahiwatig, diumano, ng impluwensiyang Aryano. Aniya:

Down there in Guinokudon she shakes a lemon tree and the random fall of green or ripe fruit, like the blind snipping shears of the Greek fate Atropas, calls youth or old age to the lower world. (This element seems very suggestive of Aryan influence, since the tendency of pure Malay myth is to make demons and ghosts responsible for all sickness and death.) (Coronel 1968, 49).

Makikita naman sa bersiyon ni Cook Cole ang direktang inkorporasyon ng mga Espanyol at Amerikano bilang mga inapo nina Toglai at Toglibon sa kanilang kauna-unahang anak na lalaki at babae na umalis at nagpakalayu-layo sa paghahanap ng magandang lugar na matitirhan. Batay sa kanyang paglalahad:

In the beginning there lived one man and one woman, Toglai and Toglibon. Their first children were a boy and a girl. When they were old enough, the boy and the girl went far away across the waters seeking a good place to live in. Nothing more was heard of them until their children, the Spaniards and Americans, came back (Cook Cole 1916: 133).

Mahihiwatigan sa mga alusyong nabanggit kung ano ang ginagamit na pamantayan ng mga tagasalin/muling tagapaglimbag ng nasabing kuwentong bayan, i.e., kanluranin pa rin. Sapagkat ang kinakausap (kapwa sa panig ng mga Amerikano at Pilipinong iskolar) ay ang mambabasa sa Ingles: Amerikanong kolonisador noon at Pilipinong westernisado ngayon.

Sa kabilang banda, kung pamantayang kanluranin ang pagbabatayan, tahasan namang sinasabi ni Cook Cole na “weird” o kakatwa ang mga paniniwala at kaugaliang nakamarka sa mga kuwentong bayan. Walang lohika para sa kanya ang pagdaragdag ng kuwento ng taong naging kuwago sa bersiyon niya ng “Lumabet.” Aniya, “Here, as is often the case, an origin story has been added to a tale with which it has no logical connection

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

(Cook Cole 1913, 138). Subalit ano nga ba ang sinasagisag ng kuwago sa sinaunang paniniwala ng mga Pilipino? Kung sasangguni sa *Comparative Austronesian Dictionary*, ang "owl" ay anitu o espiritu ng mga ninuno o ng kalikasan, o ibong nagbibigay-babala bilang patnubay sa ikinikilos ng mga tao. Iba't ibang katutubong salitang Austronesyano ang ipinantutukoy rito: *qanitu (PMP), *kururu (POC), *butbut (PWMP), *bukaw (PWMP) (Blust, Trussel & Smith 2020). Ibig sabihin, kahit sa lupa nananahan ang mga espiritong bantay –isang malaganap na paniniwalang pinagsasaluhan ng halos lahat ng mga grupong etniko sa kapuluan. Kung kaya nagpapa-"tabi-tabi po!" ang mga Tagalog. "Bari-bari apu!" naman ito sa mga Ilokano. "Tebiya" sa mga Erumanen ne Menuvu.

Sa isa pa ring bahagi ng kuwento, may sinasabi tungkol sa pagpatay sa ama ni Lumabet, at pagkatapos, muli siyang bubuhayin:

...Lumabet told them to take a knife and kill his father.
They were greatly surprised, but did as he commanded,
and when the old man was dead, Lumabet waved his
headband over him and he came to life again...(Cook Cole
1913: 136).

Mauunawaan ito kung gagap ang holistikong pananaw pandaigdig ng mga tao. Para sa mga taga-pulo tinitingnan ang mga bagay-bagay na magkakaugnay – bumabanggâ at marahil hindi nga akma, sa linyar at kompartmentalisadong perspektiba ng mga Kanluranin. Kung kaya, kinailangan pang ipaliwanag ni Eugenio sa talababa ang pagkakaugnay ng "Mona" sa "Tuglay" at "Tuglibung." Aniya, ang ngalang Mona ay tumutukoy kapwa sa matandang lalaki at matandang babae noong panahong "pre-historiko." Samantala, isa ring pangkalahatang taguri para sa matandang lalaki ang "Tuglay" sa mga sinaunang mito (Eugenio 1993, 112). Kung pagkakaugnay-ugnay ang isinasalang-alang, maaari ngang magkakapalit-palit ang mga ito. Kung kaya, si Lumabet ay maaari ding maging dakilang Diwata. Ang tao'y maaari ding maging kuwago. Ang mga nilalang sa lupa ay maaari ding pumunta sa kalangitan nang hindi kinakailangang mamatay muna ang pisikal na katawan. At mula sa langit maaari pa ring bumalik sa lupa. Ang namatay ay maaari pa ring mabuhay. Dahil sa holistikong pananaw nagkakaugnay-ugnay at napag-uugnay-ugnay ang lahat.

Gayumpaman, sa atin ding kalakasan nagmumula ang ating kahinaan. Sa kuwentong ito ng paglalang, maging ang mga kolonyalistang Espanyol at Amerikano ay kasama bilang “mga anak” ng unang lalaki at babae. Lubhang makapangyarihan ang motif na ito ng kamag-anakan. Ginamit ng mga Espanyol ang mito ng sanduguan nina Legazpi at Sikatuna noong siglo 16 upang itawid ang kahulugan ng pananakop sa pagpapahalaga ng mga Pilipino sa pamilya. Hanggang sa panahon ng “Filipino enlightenment” noong siglo 19, dumaloy rin ito sa kamalayang propagandista at naging sandigan ng kanilang diskurso ng “Inang Espanya” (Flores 1888; del Pilar 1889). Isinakay rin ng mga Amerikano sa paternalismo ang talinghaga ng “benevolent assimilation” para sa mga “non-Christian tribes” – bagay na bumalandra laban sa ating independensiya noong 1946. Sa pagkakataong ito nagpahayag ng matinding pagtutol ang sambayanang Moro at nagsabing “We prefer to be in the hands of the Americans, who are father and mother to us now... (Sadain 2000).” Ito ang panganib ng pagiging inklusibo ng mga Pilipino na balintunang nagamit sa “politics of difference” at “racial politics” ng mga Amerikano.

Ang “Mito” sa “Tribu”: Isinaling Kuwento, Isinaling Diskurso at ang Patuloy na Problema ng Bansang Pilipino

“Even an independent Philippines will have them (non-Christians) to deal with for long as more or less dependent peoples within its borders—they are, so to speak, **the colonial problem of the Filipino.**”

Felix M. Keesing and Marie Keesing
Taming Philippine Headhunters (1934)

Tila nagbababala ang sinabing ito ng mag-asawang Amerikanong antropologo sa isisilang na bansang Pilipino matapos ang sampung taon ng gobyernong Komonwelt (basahin: pagsasanay sa sistema ng pamamahala ng Amerikano). “Dependent peoples” sa loob ng independiyenteng Pilipinas? Hindi ba ito ang tinutukoy na “internal na kolonyalismo” nang ipása ang “Pasanin ng mga Puti” (White Man’s Burden) sa mga Pilipino? Subalit hindi lamang pasanin ang ipinasa, kundi pati na rin ang rasyalisadong oryentasyon, kaalaman, at paglalarawan sa mga di-Kristiyano bilang “tribu.”

RODRIGUEZ

“Non-Christian Tribes” sa Kuwentong Bayan: Ang “Katutubo” sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

Sa panahon ng independensiya, tinangka ng pamahalaang Pilipino na palitan ang taguring “non-Christian tribes” upang ipagpatuloy ang proyekto ng integrasyon. Sa pamamagitan ng mga batas na bumuo ng mga kaukulang ahensiya, isinalin-salin din ang mga katawagan kakabit ng (re)produksiyon ng (kolonyal na) kaalaman tungkol sa kanila: “National Cultural Minorities” ng Commission on National Integration (CNI) (1957-1975), “National Minorities” ng Presidential Assistant on National Minorities (PANAMIN) (1975-1983), “National Cultural Communities” ng Southern Philippines Development Authority (SPDA) (1975-1986) at ng Office for Muslim Affairs and Cultural Communities (OMACC) (1985-1987); “Indigenous Cultural Communities” (ICCs) ng Office of Northern Cultural Communities (ONCC) at Office of Southern Cultural Communities (OSCC) (1987-1997), hanggang ipakilala at idagdag sa “ICCs” ang bagong nomenklaturang “Indigenous Peoples” (IPs) bilang taguring naninindigan para sa kanilang mga karapatan sa bisa ng Indigenous Peoples Rights Act (IPRA o Republic Act Blg. 8371 ng 1997). Nag-iba-iba man ang opisyal na pangalan subalit hindi nagbago ang mapambukod (*exclusivist*) at mapanaklaw (hegemonic) na polisiya ng integrasyon. Patuloy na dumadaloy sa mga kategoryang ito ang nilikhang “mito” ng pagiging “iba,” “mahina,” at “tiwalag” sa dominanteng kultura.

Bakit “mito” sa “tribu”? Hinabi ang salaysay ng primitibismo at pagiging hiwa-hiwalay ng mga pangkat etniko sa Pilipinas sa isang kapaligirang hindi naman nagpapahintulot dito. Masdan ang kapuluan. Nagsasanga-sanga ang mga kailugan mula sa bundok pababa ng kapatagan. Ito ang dinamikong kompleks ng ugnayang sa-*raya* (upstream) at sa-*laud* (downstream) na matagal nang humuhulma sa pagbubuo ng pamayanan: sa mga ugnayan natin sa isa’t isa, at pakikipag-ugnayan natin sa taga-labas o iba (Casiño 2000; Rodriguez-Tatel 2012 at 2021). Habang nagsasanga-sanga ang mga daloy ng tubig, nagtatagpu-tagpo rin ang mga ito sa isang lugar na tinatawag na “salapungan/serepungan” (ng mga Erumanen né Menuvu), “salupungan” (Tagalog), “salugpungan” (Ata Manobo) (Rodriguez 2021, 68-69). Hanggang sa umagos ito sa mga deltang nakikipagniig sa karagatan. Talinghaga ito ng bukás at malayang daloy ng mga ugnayan sa loob at labas ng kapuluan. Talinghaga itong humahamon sa proseso at produkto ng eksklusyong bitbit ng katagang “tribu.” Isa ngang malaking kontradiksiyon: ipinaloob sila sa mainstream upang maging “pambansang

minorya”? Samakatwid, isang dayalektikal na proseso ang natunghayan: ang paglikha ng diskurso ng “tribu” sa mga mito (o kuwentong bayan) at ang pagsasamito ng “tribu.” Masaklap ang ibinunga nito sapagkat nanuot na sa kamalayang Pilipino. Tanggap na ito’t umiiral bilang normal o natural. Pumupuslit na sa mga biro o ekspresyong gaya nito: “Akala n’yo Igorot ako, hindi ako Igorot, tao po ako!” (Candy Pangilinan, sinipi sa Catajan 2009).

Sa mga bersiyon ng mga Pilipinong iskolar, matutunghayan natin kung paano sila nakikibahagi, maláy o hindi man, sa pagpapatuloy ng “mito ng primitibismo.” Umaalingawngaw ang bisà nito sa parateksto ng kanilang mga akda. Paano tinutukoy at pinapangalanan ang paksa? Mababasa roon ang mga katagang “pagan,” “tribu”/ “tribe,” “tribal lore,” “minorya,” “kalingangang nakakaunti” (cultural minority), “katutubong...nasa kabundukan,” “ang mga katutubo....bilang sinaunang tao sa Pilipinas,” “ating mga katutubo” bilang obheto ng posesyon. Paano sila inilalarawan? Taglay pa rin ang esensiyalismo ng perspektibang kolonyal: “sadyang magkakaiba,” “hindi nagbabago,” “pinakadalisay na kalinangan.” Litaw na litaw din ang diskursong *diffusionist* ng “impluwensiya” —na nagsasabing sa kapuluang ito, lahat: tao, kultura, ang buong proseso ng pag-unlad, ay mula sa labas! Kung kaya, ginagamit pa rin ang “sinaunang Malay.” Diumano, nagiging “iba” kung nanatiling “native.” Tunghayan ang sumusunod na sipi mula sa mga parateksto upang masipat nang malapitan ang mga binabanggit na punto. (Akin ang mga salungguhit):

The Mindanao and Sulu legends are divided into three distinct groups: Christian, Muslim and Pagan (Coronel 1968, 8).

The stories from the Maguindanao, Maranao, Bagobo, Manobo and Bilaan tribes....(Coronel 1968, 9).

Striking differences are noticeable between the stories of the Igorots of the Mountain Province and the Moros of Mindanao. Whereas the Igorot culture remains distinctly native, the Moros, having received the Muslim religion from Arabia, are definitely influenced by their culture (Coronel 1968, 9).

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

Among the mountain tribes of the Visayas and Mindanao...(Eugenio 1993, xxxiv).

...all peoples are represented—Christian, Muslim, and pagan groups as well (Arsenio, sinipi sa Eugenio 2007, xiv).
...because he was the first of his tribe...(Guillermo 2003, 36).

Later on, the three tribes, realizing that all of them descended ... (Peraren 1966, 79).

Ang Dakilang Diyos ay sumagot...."Kung ako'y masiyahan, uunlad ang inyong tribu.".... Ipinagbigay-alam ni Kabagan sa ulo ng tribu ang kanyang narinig (Cuasay 1991, 74).

Ang aklat ngang ito ay naglalayong itampok naman ang mga alamat at kalinangan ng ating mga katutubong karamihan ay nasa kabundukan na kabilang sa tinatawag na Kalinangang Nakauunti (Cultural Minority) ... pinakadalisay na kalinangan... (Atienza 1979, vii).

... iba-iba ang kanilang mga lipi, tulad ng Igorot, Ipugaw, Buntok, at iba pa (Atienza p. 19).

Iba't ibang antas ng kalinangan ang kumakatawan sa mga taong ito, at dito nakikita ang kani-kanilang di-pantay na kaunlaran ng palaalamatan. Kabilang ang lahat ng uri ng tao; *sinauna* (primitive), gaya ng mga paniniwala ng mga Mangyan ng Mindoro, mga Tagbanwa ng Palawan, at ng mga Ilonggot ng Hilagang Luzon; *karaniwan*, gaya ng mga paniniwala ng mga liping di-binyagan ng Mindanaw; at *napaunlad na mabuti*, gaya ng makulay na paniniwala sa mga bathala ng mga Igorot, Kalinga at iba pang mga tao sa Bulubunduking lalawigan sa Luzon (Atienza 1979, 2).

Ang sinaunang tao sa Pilipinas ay kinakatawan ngayon di lamang ng isang uri ng maliliit na katutubo:...na mga

Negrito, Ata, Ita, Ati...nguni't may mga 30 iba't ibang sinaunang liping Malay...at may mababang uri na nalalabi pang mga lipi....Sa hilagang Luzon ay ang *Igurot*, isang sagisag ng sinaunang Malay....Sa Mindoro matatagpuan ang mga Mangyan, ang tanging hamak na Malay, na maaaring magpatotoong tunay na katutubo sa kalinangan (Atienza 1979, 3).

Napakainteresanteng itampok ang mga sipi mula kay Atienza. Kung itatapat ito sa *Origin Myths* ni Beyer (1913), masasabing direktang salin ito ng mga pagkiling ng huli tungkol sa hirarkikal na klasipikasyon ng mitolohiya ng mga "liping di-binyagan." Pansinin ang paggamit ng "sinauna" ("primitive"), "karaniwan," at "napaunlad na mabuti" bilang manipestasyon ng "di-pantay na kaunlaran ng palaalamatan." Siyang-siya, mauulinigan din dito ang minsan nang naipahayag ni Barrows noong 1903: "whole scale of culture from savagery to civilization." Malinaw rin kay Atienza ang kolonyal na pagtutumbas sa mga grupo ng tao sa antas ng kanilang "sibilisasyon" o ang kawalan nito. Dahil "iba-iba ang mga lipi" tinitingnang "iba't iba" rin ang "antas ng pag-unlad" ng kanilang mga kuwentong bayan. Sa huling talata, nagsasalimbayan ang mga pariralang salin ng kolonyal na deskripsiyon sa mga "tribu": "sinaunang tao sa Pilipinas," "sinaunang lipi" "sinaunang Malay," "hamak na Malay," "tunay na katutubo" upang ilarawan ang mga pangngalang pantangi (proper nouns): "Negrito, Ata, Ati, Ita, Igurot (sic.) at Mangyan. Nasa pag-uulit ang kasidhian. Lahat ng ito ay sa konteksto ng pag-aaral sa kanilang panitikang bayan. Ito na nga ang kolonyal na kaalamang isinalin ng mga Pilipino sa kontemporaryong araling pampanitikan.

Gayumpaman, makasisipat ng tensiyon sa mga teksto. Habang itinatanghal ang kaibahan ng mga "tribu" vis-à-vis "nakararaming Pilipino," nagkakaisa rin ang mga nasabing awtor sa pagkilala sa kahalagahan ng kanilang kuwentong bayan sa proyekto ng pagsasabansa. Tunghayan ang kanilang artikulasyon sa sumusunod na sipi. (Akin ang salungguhit.)

Knowledge of a nation's folklore is knowledge of the creative workings of the minds of its folks. It is a key to nation's values, a path that leads into the heart of its people (Coronel 1968, 5).

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

May this collection of folklore help us realize the meaning of the word Filipino. May it identify us (Coronel 1968, 10).

Kaipala, kung may adhikain ang ating Pamahalaan na pagyamanin sa puso at isipan ng bayan ang kalinangan ng ating mga katutubo, gaya ng kasalukuyang isinasagawa, naniniwala ako na ang aklat na ito ay magiging ambag sa paghahasik ng mga butil ng mga binhi ng kalinangang iyan na kung didiligin ng pagsuyo ay mamumulaklak ng pagmamahal (Atienza 1979, viii).

Together with data that science can give us, these stories may give us valuable insights into our past as a people that will enable us to better understand ourselves today (Eugenio 1993, xxv).

Pero paano kung ang tinig ng nakalipas ay hindi eksklusibong pag-aari ng pinapaksang "bayan" ? Sa pambungad na salita ni Ponciano B. Pineda sa libro ni Atienza (1979), isinasatinig ang pagtatangka ng mga Pilipinong iskolar na bumangon sa "abo ng nakalipas" (aniya sa tulang "Ako'y Pilipino") ng karanasang kolonyal:

Ang ating panahon ay saksi sa nagbabangong pagkamulat tungo sa pagbuo ng pambansang pagkakakilanlan. Unti-unti, natututuhan na nating tuklasin ang mayaman ngunit natatagong kalinangan ng iba't ibang pamayanang kultural sa ating bansa. Sila, tulad natin, ay may makukulay na alamat, paniniwala at kaugaliang nararapat pagyamanin at itampok bilang bahagi ng kalinangang Pilipino (vi; akin ang diin.)

Isa itong panawagan upang kilalanin ang lugar at ambag ng mga katutubong pamayanan sa ating "pambansang pagkakakilanlan." Subalit sino ang kinakausap? Sino ang pinag-uusapan? Lumalabnaw ang diwa ng sinasabing "pambansa" kung may bahaging hindi pa rin naisasama sa dayalogo: ang

“sila” na tinawag niyang “pamayanang kultural”? May komunidad bang hindi “kultural”? Bakit kailangang “tuklasin”? Bakit “natatago”? Salin din ba ito ng diskurso ng “discovery” ng mga kolonyalista? Hindi ba’t ang kolonyalismo ay isinakay rin sa wika ng “pagtuklas” (“*discovery*”) na ginagawa lamang ng isang dayuhan o taga-labas sa isang lugar na kanyang ginalugad? Walang direksiyon ang eksplorasyon at pagtuklas. Sa malalabong konsepto at salita, humahapay rin ang paninindigan ng pahayag para sa panawagan nitong pagsasabansa. Simptomatiko ito ng katarsis na kakabit ng pagtatakda ng isang nabibilang sa “edukado at mayoryang Pilipino.”

“Dambuhalang Pagkakahating Pangkalinangan” (Great Cultural Divide) ang itinaguri ng historyador na si Salazar (1991) sa malagim na tadhana ng nasyong Pilipino. Hati o dikotomiya ito sa pagitan ng kulturang nasyonal ng akulturadong elit vs. kalinangang bayang nananatiling nakaugat sa lupang tinubuan. Gayumpaman, hindi na lamang ito problema ng tinataguriang “Filipino majority” sapagkat pumasok na rin ito sa kamalayan ng mga pinatutungkulang bayang “nasa laylayan.” Pinapatotohanan ito ni Manuel Dulawan sa introduksiyon ng kanyang *Oral Literature of the Ifugao*. Aniya,

In the areas where the Spaniards and, later, the Americans failed to make significant cultural inroads, the Philippine government had been relentlessly pursuing the same myopic policy of “cultural integration” at the expense of minority cultures. Hence, for decades, the national government was unwittingly exerting efforts to eradicate various Philippine ethnic cultures (Dulawan 2005, 18).

Masaklap ang ibinunga nito, lalo na sa kabataang Ifugao. Sa kanyang pagpapatuloy:

Generations of Ifugao have been culturally brainwashed. Christian missionaries succeeded in making the Ifugao fear, even hate, their ancestral beliefs, while the school system, with its colonial roots and orientation, made them ignorant of their cultural heritage... (Ibid., w.p.)

Ito na marahil ang ruok ng asimilasyonistang integrasyon na isinisisi ni Dulawan sa gobyerno, mga eskuwelahan, at simbahan sa kanilang:

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

...tireless efforts and pressures to 'educate' and proselytize the Ifugao for decades. Indeed, the acculturation of the Ifugao has been thorough and deep. As a result, their sense of cultural values is disoriented. (*Ibid.*, 17; akin ang diin.)

Ganap at malalim na rin ang pagsasabanyaga ng mga katutubo kung kaya ang "obheto ng representasyon" ay siya na rin mismong nagpapalaganap ng baluktot na interpretasyon. Halimbawa, sa isang librong iniakda ng isang Ifugao mismo, pinupuna ang kanilang sinaunang relihiyon bilang isang anyo ng "pagkaalipin" ("bondage"):

At present, only the non-Christian Ifugao still put themselves at the mercy of these deities. Most Ifugaos, especially the educated, have been freed from this bondage (Dumia 1979, 24; akin ang diin.)

Tinalikuran at mas masahol pa, kinutya ang sariling paniniwala. Samakatwid, nakaabot na ang politika ng mga saling kolonyal sa kaibuturan ng sarili. Minsan ko pang narinig mula sa isang lider ng katutubong pamayanang kadayalogo ko: "Pinagbibiyak-biyak kami!" Ito na ang ngayon ang lalim ng "kolonyal na problema ng independiyentng Pilipino." Umabot na sa "pinakaugat" kung ang mga katutubo ang tinatagurian nating "nananatiling nakaugat."

Lagom: "Ang Tribu ko ay Katutubo!": Tinig na Bumabawi ng Pakahulugan

Bahagi ng koro ng isang awiting Blaan ang sinipi ko sa subheading. Narinig ko ito sa pagtatanghal ni Melchor Maguan, mang-aawit at gurong Blaan ng probinsiya ng Sarangani nang dumalo kami sa unang kumperensiya ng International Decade of the Indigenous Languages (IDIL) sa Pilipinas, taong 2022. Paulit-ulit at malakas itong binigkas sa saliw ng mabilis na ritmo ng kanyang himig. Kung kaya damang-dama at tumatak sa aking isipan ang ipinababatid na mensahe nito: binabawi nila ang kolonyal na pakahulugan! Dahil may kapangyarihan din ang mga pinatutungkulan.

Mula sa kolonyal na representasyon ng "kabangisan," pinapag-anyo ang bangis upang maging malikhaing enerhiyang gumagatong sa kanilang

pagmamalaki at asersiyon: “Ang tribu ko ay katutubo!” Sa ganang ito, masasabing isinalin ang “tribu.” Hinubdan ng kolonyal na bihis at inangkin, itinawid sa patuloy na paggigiit ng kaakuhang may saysay para sa pinatutungkulan. May saysay ang sinaunang salitang “katutubo” dahil nakatuon ito sa imahen ng kasamang isinilang at lumaki. May saysay ito dahil “pagkakaugat sa lupa” ang batayan ng “samahan.” Pagpapahalaga sa “kasama,” “lupa,” at “mga ugnayan,” ang makapangyarihang bumabalangkas sa “pagkakatatutubo” — gaya ng pamaya’t maya kong naririnig sa mga komunidad na aking napupuntahan. Subalit hindi ito natutuldukan. Sapagkat pinapanindigan ang mga pinahahalagahan upang di maglaho sa agos ng panahon. Wika nga ng isa pang lider-katutubo, “kung hindi kami lumaban, walang IPs ngayon” (Mansayagan 2016). Naroon ito sa nakadambanang depinisyon ng “Katutubong Pamayanan” sa IPRA:

...a group of people ... who have, through resistance to political, social and cultural inroads of colonization, non-indigenous religions and cultures, become historically differentiated from the majority of the Filipinos. [...mga pamayanang dahil sa pagtutol sa pampolitika, panlipunan at pangkalinangang panghihimasok at pananakop ng mga dayuhan ay makasaysayang naging bukod o iba sa nakararaming Pilipino]. (Republic Act 8371, Section 3h, Chapter 2; akin ang salin at diin.)

“Ang tribu ko ay katutubo.” Nagsasalita na ngayon ang obheto ng diskurso. Mula rito, mapagtatanto nating may taling nagbibigkis sa pagsasalin at pagkakakilanlan – ang proseso ng pagpapakahulugan. At sa bigkis na ito humuhulagpos ang mga kahulugan mula sa linyar na patunguhan. Mula sa sarili tungo sa labas pabalik sa sarili. Isang pagtawid kung tutuusin ang pagsasalin. Mula sa isang punto tungo sa kabila. Subalit sa mundo ng mga katutubo ang kabila ay hindi iba o kabaligtaran ng sarili. Bagkus, ang kabila ay ang makabuluhang **kabahagi** ng sarili. Kung kaya, upang maging makabuluhan ang “pagtawid” kinakailangang maipaloob o maibalik sa sarili ang itinatawid. Sa ganang ito, lumalawig ang búhay ng sinasabing “obheto ng representasyon” sa pagsasalin. Nakakamtan ang ganap na kahulugan kung ang “obheto” ay nagiging “subheto” sa dulo ng proseso. Nag-aanyo ang “sila” bilang “tayo.”

RODRIGUEZ

“Non-Christian Tribes” sa Kuwentong Bayan: Ang “Katutubo” sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

Mula “katutubo tungong “tribu” pabalik ng katutubo.” Kagampan ito ng siklo. Sarili pa rin ang magpapasya sa huli’t huli. Gaya ng matutunghayan sa mga punyagi nina Manuel Dulawan—isang Ifugao, at Carmencita Cawed, isang Bontok. Naeduka man sa sistema ng “labas” subalit nagsusumikap “umuwi.” “Pauwi” pabalik ng “Sarili” makasisipat tayo ng ilang kaparaanan sa aklat ni Dulawan. Una, ipinamamalay niya sa kanyang kababayan na nasa kanila na ngayon ang problema. Sa simula pa lang ng aklat bumubungad na sa mambabasa ang kritisismo sa sarili. Ikalawa, kumakawala ang teksto sa mga rasyalisadong konsepto at katawagan. “Ifugao” na lang ang gamit niya sa pagtukoy sa mga tao. Wala nang “tribes.” Ikatlo, itinatampok sa orihinal o katutubong wika ang mga kuwento. Sa mga tinutukoy niyang “culturally brainwashed” o akulturadong Ifugao” mala-*antidote* ito sa patuloy na paglalahò ng gunita (2005, 16-18). Marahil, ito rin ang dahilan kung bakit nasa Ingles at hindi nasa Filipino ang libro. Gayumpaman, maituturing na malaki na itong pihit bilang panimulang hakbang. Mula sa mga nasimulan, pinalalawig ang kanilang kolektibong SARILI sa kinabukasan. At sino ba ang may-tangan ng kinabukasan? Malinaw ang sagot sa pahina ng dedikasyon ng aklat:

To the Ifugao youth, in the hope that they be encouraged
to rediscover their cultural roots and be proud of their
cultural identity.

Gayumpaman, mahaba pa ang lalakbayin sapagkat umabot na sa kaibuturan ang problema. Sa hanay ng mga ineetsapwerang “tribu” mayroon na ring nang-eetsapwera. Hindi na lamang din ito usaping pampanitikan, bagkus, sistemiko—ang buong sistema ng edukasyong naglulubid ng mga kasinungalingan tungkol sa ating katutubo/sariling kalinangan. Sa huli, hindi nga ito problema lang ng mga ibinubukod na “Katutubong Pamayanan (Indigenous Peoples).” Sapagkat sa pagbubukod ang nagbubukod ay naibubukod din. Ang hamon sa ating lahat: paano isasagawa ang makabuluhang pagbubuklod? Kailangang ipihit na ang talastasan mula “sila” o “kami” patungong “TAYO.” Bilang makabuluhang “kabahagi” o “kasama,” ang lahat ay dapat “tumawid” pauwi sa lupang pinag-uugatan ng malalim na karunungan.

Nagtapos si **Mary Jane B. Rodriguez-Tatel** ng BA at Masterado sa Kasaysaysayan at Doktorado sa Philippine Studies sa UP Diliman. Kasalukuyan siyang katuwang na propesor sa UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas at Tri-College PhD in Philippine Studies Program. Umikot sa kasaysayan, wika, kalinangang bayan at dunong katutubo ang kanyang propesyon at adbokasiya, tampok ang mga usapin ng etnisidad, kababaihan, kabataan at politika ng wika. Kasalukuyang katuwang na propesor sa UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, ang kanyang mga pananaliksik at pag-aakda ay masasabing “hugpungan” ng mga disiplina ng kasaysayan, antropolohiya at wika/lingguwistika. Ibinalangkas din sa hugpungan ng mga nasabing disiplina ang kanyang disertasyong pinamagatang “Serepungan: Ang ‘Katutubo’ sa Hugpungan ng mga Diskurso (Isang Pag-aaral sa mga Erumanen ne Menuvu at Teduray-Lambangian)”. Kasalukuyan din siyang pangulo ng Aliguyon-University of the Philippines Folklorists, Inc. na nagsusumikap palalimin at palawigin pa ang mga saliksik sa kaalamang bayan sa pamamagitan ng mga gawaing kolaborasyon sa mga Katutubong Pamayanan (IPs). Mahigpit na ipinamamalay ng kanyang mga saliksik, akda, at adbokasiya na kinakailangang pagpunyagian ang pagteteorisa sa mga araling Pilipino gamit ang wika/dalumat/ o dunong katutubo. Naging batayan ang mga punyagi niyang ito upang gawaran siya ng “Dangal ng Wika 2021” ng Komisyon sa Wikang Filipino.

TALAHULI

¹ Ganap na matutunghayan sa akdang *The Critical Decade , 1921-1930* ni Samuel K. Tan kung gaano kasalimuot ang nasabing ugnayan,

²Ang pagtingin sa “panitikan bilang isang sistema” ay ipinanukala ng mga pormalistang Ruso, gaya nina Tynianov, Jakobson, at mga estrukturalistang Czech gaya nina Mukarovsky at Vodick, mga estrukturalistang Pranses, at Marxistang iskolar na ang turing sa panitikan ay isang seksyon ng ‘*superstructure*’. Sa disiplina ng pagsasalin, sina Andre Lefevere, Gideon Toury, Itamar Evan -Zohar, at Theo Hermans ang ilan sa mga nagtaguyod nito.

³ Isang kongkretong halimbawa, sinasabi ni Beyer na kinuha at isinalin niya ang mitolohiyang Ifugao mula sa “The Religious Beliefs of the Kián`gan Ifugaos,” 300-pahinang manuskrito ni Fray Juan Fernandez Villaverde, OP na kanyang isinalin at nilapatan ng anotasyon sa tulong ni John M. Garvan (Beyer 1912, 117).

⁴ Sumunod ito sa “Origin of the Mountains” na nagsasalaysay ng pagbaba ni Kabigat, anak ni Wigan mula sa kalangitan, ang *Hudog*, tungong kalupaan upang

RODRIGUEZ

“Non-Christian Tribes” sa Kuwentong Bayan: Ang “Katutubo” sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

mangaso kasama ng kanyang aso; pagbaha dulot ng pagtapal ni Kabigat sa pinagmumulan ng tubig, at paglitaw ng mga bundok (Beyer 1913, 100).

⁵ Sa talasalitaang Batad Ifugao dalawa ang kahulugan ng *bagol*: (1) “A class of spirit beings” – mga espiritung tinatawag kapag ang isang ritwal ay isinasagawa nang may panalangin; at (2) panalangin sa ritwal ukol sa isang supernatural na nilalang [Leonard Newell at Francis Bon’og Poligon, *Batad Ifugao Dictionary* (Manila: Linguistics Society of the Philippines, 1993), p. 159.]

⁶ Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod na may mga posisyong ginampanan sa Bureau of Non-Christian Tribes (BNCT) sa ilalim ng Departamento ng Interyor: Dean C. Worcester, Kalihim ng Departamento ng Interyor, 1901-1913; David P. Barrows, Hepe ng BNCT, 1901-1903; Albert E. Jenks, Katuwang na Hepe ng BNCT, 1902-1903 at naging Direktor ng Ethnological Survey for the Philippine Islands (ang bagong pangalan ng BNCT noong 1903); at Dr. Merton L. Miller, opisyal na antropologo ng BNCT na siyang kinomisyon ng EU sa paghahanda ng eksibit para sa Louisiana Purchase Exposition ng 1904. Sina Felix M. Keesing at Marie Keesing naman ay mag-asawang antropologong Amerikano na kinomisyon ng Philippine Council of the Institute of Pacific Relations upang magsagawa ng pananaliksik tungkol sa “Dependencies and Native Peoples in the Pacific.” Mahalaga diumano ang ginawa nilang pag-aaral bilang karagdagan sa mga opisyal na datos tungkol sa pagkontrol at direksyon ng mga di-Kristiyano.

⁷ Tingnan ang pag-aaral ni Cynthia Neri Zayas, Photographic images in early Philippine ethnography and their ideological and political implications (Unpublished Master’s Thesis, Asian Center, University of the Philippines, Diliman, Quezon City, 1988); at ang Benito Vergara, Jr., *Displaying Filipinos, Photography and Colonialism in Early 20th Century Philippines* (Quezon City: The University of the Philippines Press, 1995).

⁸ Ilan dito ang : Dean C. Worcester, “Head-hunters of Northern Luzon,” sa *The National Geographic Magazine*, September, 1912; Dean C. Worcester, “The Non-Christian tribes of Northern Luzon,” sa *The Philippine Journal of Science*, 1(8), 1906 na nalathala rin sa *American Anthropologist New Series*, 9(3), 587-593; Albert Jenks, *The Bontoc Igorot* (Manila: Bureau of Public Printing, 1905); Roy Franklin Barto, *The Half-way Sun, Life Among the Head-hunters of the Philippines* (New York: Brewer and Warren, Inc. 1930); at Felix Maxwell Keesing and Marie Keesing, *Taming Philippine Headhunters, A Study of Government and of Cultural Change in Northern Luzon* (California: Stanford University Press, 1934).

⁹ Binabanggit din sa isa pa niyang akda: Fay Cooper Cole, Distribution of the Non-Christian Tribes of Northwestern Luzon (*American Anthropologist*, Vol. II, No.3, 1909, pp.

SANGGUNIAN

- Abbot, H. P. (2002). *The Cambridge introduction to narrative*. Cambridge University Press.
- Antolin, F. (1988). *Noticia delos ynfieles ygorrtes en lo interior dela Ysla de Manila, de sus minas de oro, cobre, y su comercio y de varias entradas, tentativas, y gallos hechos para su descubrimiento y pacificacion* (W. H. Scott, Trans.). (Original work published 1789). University of Santo Tomas.
- Atienza, N. G. (1979). *Mga alamat at kalinangan ng mga katutubo sa Pilipinas*. Manlapaz Publishing Co.
- Barker, C. (2008). *Cultural studies : Theory and practice*. Thousand Oaks, Calif.
- Barrows, D. (1903). Second annual report of the Chief of the Ethnological Survey for the Philippine Islands (Formerly the Bureau of NonChristian Tribes) as Appendix K of the report of the Secretary of the Interior. In *Third Annual Report of the Philippine Commission. Part I, 1902*, pp. 769-789. Government Printing Office.
- Barrows, D. (1905). Population. In *Census of the Philippine Islands, 1903, Vol. I* (pp. 453-491 & 532-585). The United States Bureau of the Census.
- Barton, R. F. (1938). *The half-way sun: Life among the headhunters of the Philippines*. New York: University Books.
- Bassnett, S., & Lefevere, A. (1998). *Constructing cultures: Essays on literary translation*. Multilingual Matters, Ltd.
- Bayliss, C. K. (1908). Philippine folk-tales. *Journal of American Folklore* 21:46-53.
- Benedict, L. W. (1913). Bagobo myths. *Journal of American Folklore*, 26(99), 13-63.
- Beyer, H. O. (1913). Origin myths among the mountain peoples of the Philippines. *Philippine Journal of Science*, VIII, D. No.2 (April), 85-117.
- Beyer, H.O . (1922). *Philippine folklore, customs and beliefs*. TS, 20 Vols.
- Bhabha, H. (1994). *The location of culture*. London: Routledge.
- Blumentritt, F. (1980). *An attempt at writing a Philippine Ethnography* (M.N. Maceda, Trans. (Original work published 1882). Mindanao State University.
- Brewer, C. (2001). *Holy confrontation: Religion, gender and sexuality in the Philippines, 1521-1685*. Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College.
- Buendia, R. (2002). *Ethnicity and sub-nationalist independence movements in the Philippines and Indonesia: Implications for Regional Security*. Yuchengco Center, De La Salle University.

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

- Casiño, E. (2000). *Mindanao statecraft and ecology: Moros, Lumads and settlers across the lowland-highland continuum*. Notre Dame University.
- Cawed, C. (1972). *The culture of the Bontoc Igorot*. MCS Enterprises, Inc.
- Christie, E. (1906). Report of the Ethnological Survey. In *Sixth Annual Report of the Philippine Commission in 1905, Part 1*. Government Printing Office.
- Christian Conference of Asia. Urban Rural Mission. (1983). *Minoritized and dehumanized*. Metro Manila CCA-URM & NCCP-PACT.
- Clyme, K. J. Humanitarian imperialism: David Prescott Barrows and the white man's burden in the Philippines. *Pacific Historical Review*, 45(4), 495–517. <https://doi.org/10.2307/3638100>.
- Cole, F.C. (1915). Traditions of the Tinguian: A study in Philippine folklore. *Field Museum of Natural History. Anthropological Series*, 14:1-226.
- Cole, M. C. (1916). *Philippine folk tales*. A.C. McClurg & Co.
- Cole, M. C. (1929). *Savage gentlemen*. D. Van Nostrand Company, Inc.
- Coronel, M. D. (1968). *Stories and legends from Filipino folklore*. University of Santo Tomas.
- Cuasay, P. (1991). *Mga 55 piling alamat sa Pilipinas*. National Bookstore, Inc.
- Del Pilar, M. 1889. Sagot ng Espanya sa Hibik ng Pilipinas. <https://www.scribd.com/doc/81271403/Sagot-ng-Espanya-sa-Hibik-ng-Pilipinas>
- Dulawan, M. (2005). *Oral literature of the Ifugao*. National Commission for Culture and the Arts.
- Dumia, M. (1979). *The Ifugao world*. New Day Publishers.
- Eugenio, D. L. (1993). *The myths: Philippine folk literature series: Vol. II*. University of the Philippines.
- Eugenio, D. L. (2007). *Philippine folk literature: An anthology*. University of the Philippines.
- Fairclough, N. (1989). *Language and power*. Longman Group UK Ltd.
- Fairclough, N. (2009). A dialectical-relational approach to critical discourse analysis. In R. W. eds. & M. Meyer (Eds.), *Methods of Critical Discourse Analysis* (pp. 162–186). Sage.
- Fairclough, N., & Wodak, R. (1997). Critical discourse analysis. In T. van D. ed. (Ed.), *Discourse studies: A multidisciplinary introduction* (Vol. 2, pp. 258–284). Sage.

- Fansler, D. (1921). *Filipino popular tales*. American Folklore Society.
- Fermin, J. (2004). *World's fair: The Filipino experience*. The University of the Philippines Press.
- Flores, H. (1888). Hibik ng Pilipinas sa Inang Espanya. https://wikisource.org/wiki/Hibik_ng_Pilipinas_sa_Inang_Espanya
- Friend, T. (1969). *Between two empires: The ordeal of the Philippines, 1929-1946*. Solidaridad Pub.
- Gardner, F. (1907). *Tagalog folk-tales*. Journal of American Folklore.
- Genette, G. (1997). *Paratexts: Thresholds of interpretation* (J. E. Lewin, Trans.). Cambridge University Press.
- Guillermo, A. (Ed.). (2003). *Epic tales of the Philippines, tribal lores of Filipinos*. University Press of America, Inc.
- Halili, S., Jr. (2006). *Iconography of the new empire: Race and gender images and the American colonization of the Philippines*. University of the Philippines Press.
- Hofstadter, R. (1992). *Social Darwinism in American thought*. Beacon Press.
- Jenks, A. E. (1905). The Bontoc Igorot. *Ethnological Survey Publications, I*.
- Karnow, S. (1990). *In our image: America's empire in the Philippines*. New York Ballantine Books.
- Keesing, F., & Keesing, M. (1934). *Taming Philippine headhunters: A study of government and of cultural change in Northern Luzon*. Stanford University Press.
- Ketkar, S. (n.d.). *Literary translation: Recent theoretical developments*. <http://www.translationdirectory.com/article301.htm>
- Kramer, P. A. (2006). *The blood of government: Race, empire, the United States, & the Philippines*. Ateneo de Manila University Press.
- Lahiri, J. (2000). My intimate alien. *Outlook* [Special issue on "Stree" (Woman)]
- Lefevere, A. (1985). Why waste our time on rewrites? the trouble with interpretation and the role of rewriting in an alternative paradigm. In T. Hermans (Ed.), *The Manipulation of Literature, Studies in Literary Translation* (pp. 215–243). St. Martin's Press.
- Lopez, B. (1906). *Annual report of the governor of the Province of Iloilo, fiscal year ending June 30, 1906*. Bureau of Printing.

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasaling Pampanitikan

- Lowe, C. (2001). *The trouble with tribe*. <https://www.learningforjustice.org/magazine/spring-2001/the-trouble-with-tribe>.
- Luna, J. (1906). *Annual report of the governor of the Province of La Union, fiscal year ending June 30, 1906*. Bureau of Printing.
- Magannon, E. T. (1972). Trends in religious acculturation among the Lubo Kalinga. *Silliman Journal*, XIX(2).
- Magannon, E. T. (1984). Cognition of time, change and social identity: Kalinga history and historical consciousness. In *SENRI Ethnological Studies* 13.
- Maxfield, B. & W. H. Millington (1906). Visayan folktales. *Journal of American Folklore* 19 (78): 97-112.
- Maxfield, B. & W. H. Millington (1907a). Visayan folktales II. *Journal of American Folklore* 19 (77): 89-103.
- Maxfield, B. & W. H. Millington (1907b). Visayan folktales III. *Journal of American Folklore* 19 (79): 311-318.
- Miles, R. (1989). *Racism*. Routledge.
- Moss, C. R. (1924). Nabaloi tales. *University of California Publications in American Archaeology and Ethnology*, 17(5), 227-353.
- Newell, L., & Poligon, F. B. (1993). *Batad Ifugao dictionary with ethnographic notes*. Linguistics Society of the Philippines.
- Niranjana, T. (1992). *Siting translation: History, post-structuralism, and the colonial text*. University of California Press.
- Ortega, J. (1906). *Annual report of the governor of subprovince of Abra, fiscal year ending June 30, 1906*. Bureau of Printing.
- Peraren, A. (1966). *Tinguian folklore and how it mirrors Tinguian culture and folklife* [M.A. Thesis,]. University of San Carlos.
- Pershing, J. J. (1913). *Annual report of the governor for the moro for the year ended June 30, 1913*. The Mindanao Herald Publishing Co.
- Pilar, D. & Marcelo. (1889). *Sagot ng Espanya sa hibik ng Pilipinas*. <https://www.scribd.com/doc/81271403/Sagot-ng-Espanya-sa-Hibik-ng-Pilipinas>
- Prill-Brett, J. (1975). *Bontok warfare*. UP Diliman.
- Quibuyen, F. (1999). *A nation aborted: Rizal, American hegemony and Philippine nationalism*. Ateneo de Manila University Press.

- Rodriguez-Garcia, J. M. (2004). Literary into cultural translation. In *Diacritics* (Vols. 34, Numbers 3 & 4, pp. 3–30).
- Rodriguez, M. B. (2010). Reading a colonial bureau: The politics of cultural investigation of the Non-Christian Filipinos. *Social Science Diliman* 6: 1, 1-27.
- Rodriguez, M.B. (2021). Serepungan: Ang “katutubo” sa hugpungan ng mga diskurso (Isang pag-aaral sa mga Erumanen ne Menuvu at Teduray-Lambangian. PhD Dissertation. Unibersidad ng Pilipinas.
- Rodriguez-Tatel, M. B. (2009). Ano ang nasa dako pa roon? Isang pagsisiyasat sa kultural na imbestigasyon ng Bureau of Non-Christian Tribes. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, (15):1-2, 58-87.
- Rodriguez-Tatel, M. J. (2011). Ang Pilipino bilang “tribo,” “pagano,” at “nativo”: Hermeneutika ng pananakop sa usapin ng etnisidad at kabansaan. Nasa *Sikolinggwistikang Filipino*, (L. Antonio, A. Ramos, & A. B. Abiera, Mga Patnugot.) (pp. 60-61). C&E Publishing, Inc.
- Rodriguez-Tatel, M. B. (2012). Beddeng ken pakasaritaan: Salaysay ng ili ng Paracelis, Mt. Province sa hugpungang kailokuan-kaigorotan sa kontemporaryong panahon. Nasa, *Kasaysayang pampook: Pananaw*, pananaliksik, at pagtuturo (A. Navarro, & M.F. Orillos-Juan, J. Reguindin at A. Elumbre, Mga Pat.) (pp. 339–376). LIKAS.
- Rodriguez-Tatel, M. J. (2014). Ili, kamenglan, wayawaya: Pannakigubat ng mga Igorot sa digmaang Pilipino-Amerikano. Papel na binasa sa *Ika-23 Pambansang Kumperensiya ng mga Mag-aaral ng Kasaysayan: Kalipunan, Kasaysayang Panlipunan ng Digmaang Pilipino-Amerikano (1899-1913)*. UP National Institute For Science And Mathematics Education Development.
- Rodriguez-Tatel, M. J. (2018). Pag-iimahan sa batang “katutubo” sa ilang piling kuwentong pambata: Sipat at siyasat sa diskurso ng “tribu” (Imaging the “indigenous” child in contemporary children’s literature: Revisiting and revisioning “tribe” as a colonial discourse). *Humanities Diliman* Vol. 15, No. 1, 57-84.
- Rodriguez-Tatel, M. J. B. (2019). “Kanya-kanyang Rizal”: Diskurso ng kabayanihan sa pelikulang Rizal. *Daluyan Tomo*, 25(1–2), 11–39.
- Rodriguez-Tatel, M. J. (2020). Beddeng: Hugpungang sa-laud—sa-raya: Pagkakaugnay-ugnay at pag-uugnay-ugnay ng mga kalinangang bayan tungo sa pambansang kakanyahan. In *Bien! Bien! Alagad ng Sining, Anak ng Bayan* (G. Zafra, T. Maceda, at A. Mendoza, Mga Pat.) (pp. 110–124). UP DFPP.
- Roy, L., & A, J. (1902). Race prejudice in the Philippines. *Atlantic Monthly*, XC, 100–112.
- Ruiz, M. (1630. Republished 1997). *Vocabulario Tagalo*. Raintree Publishing, Inc.

RODRIGUEZ

"Non-Christian Tribes" sa Kuwentong Bayan: Ang "Katutubo" sa Politika ng Pagsasalang Pampanitikan

Sacla, W. (1987). *Treasury of beliefs and home rituals of Benguet*. BCF Printing Press.

Salazar, A. (1906). *Annual report of the governor of the Province of Antique, fiscal year ending June 30, 1906*. Bureau of Printing.

Salazar, Z. A. (1977). *Ang kamalayan at kaluluwa: Isang paglilinaw ng ilang konsepto sa kinagisnang sikolohiya* (A., Antonio, N. L. A., Samson, L. L., Reyes, E. S., & Paguio, Ma. E. A., Mga Pat.). Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP).

Salazar, Z.A. (1997). *Ang pantayong pananaw bilang diskursong pangkabihasnan. Nasa Pantayong pananaw: Ugat at kabuluhan, pambungad sa pag-aaral ng bagong kasaysayan, mga pat* (A. Navarro, M. J. Rodriguez & V. Villan, Mga Pat.). Palimbagang Kalawakan.

Salazar, Z. A. (1999). Ang babaylan sa kasaysayan ng Pilipinas. *BAKAS Monograf, Isyu Blg* (p. 4). Palimbagan ng Lahi.

Salazar, Z. A. (2011). *Mula sa Austronesyanong bagani hanggang sa bagong bayani ng kasalukuyan sa Pilipinas. Papel na binasa sa Ika-20ng Pambansang Kumperensiya ng UP LIKAS*. UP CSWCD.

Scott, W. H. (1982). *Cracks in the parchment curtain, and other essays in Philippine history*. New Day Publishers.

Sullivan, R. (1991). *Exemplar of Americanism: The Philippine career of dean c*. Center for South and Southeast Asian Studies, The University of Michigan.

Tan, S. K. (1993). *The critical decade, 1921-1930*. College of Social Sciences and Philosophy, University of the Philippines.

Tonsay, O. L. (1998). *Pakikidigmang ampiby: Pag-uugat sa kasaysayan ng Pilipinas (800 BK – 1946*. Tesis Masterado, Unibersidad ng Pilipinas.

Trivedi, H. (2007). Translating culture vs. In P. St-Pierre & P. C. kar (Eds.), *Cultural Translation. Nasa In Translation – Refelections, Refractions, and Transformations*. John Benjamins Publishing Co.

Villamor, B. (1906). *Annual report of the governor of the Province of Isabela, Fiscal Year Ending June 30, 1906*. Bureau of Printing.

Villan, V. C. (2009). *Pintados: Mga hukbong Bisaya sa armadong ekspedisyong Espanyol sa kapuluang Pilipinas, 1565-1898* [Ph.D. Disertasyon.]. Unibersidad ng Pilipinas.

Watson, L. B. (1913). Bagobo myths. *Journal of American folklore* (Jan-March, 15–17.

- Wodak, R. (2002). *Aspects of critical discourse analysis* (Vol. 36, pp. 5–31). http://userpages.uni-koblenz.de/~diekmann/zfal/zfalarchiv/zfal36_1.pdf.
- Wodak, R. (2011). Complex Texts: Analysing, understanding, explaining and interpreting meanings. *Discourse Studies*, 13(5), 623–633.
- Wolf, E. (1982). *Europe and the people without history*. University of California Press.
- Worcester, D. C. (1898). Notes on some primitive Philippine tribes. *National Geographic*, 9
- Worcester, D. (1902). Bureau of Non-Christian Tribes. In *Report of the Secretary of the Interior to the Philippine Commission for the Year Ending August 3, 1902*. Bureau of Printing.
- Worcester, D. (1904). Report of the Secretary of the Interior. In *Fourth Annual Report of the Philippine Commission in 1903, Part 2*. Government Printing Office.
- Worcester, D. C. (1906). The Non-Christian Tribes of Northern Luzon. *The Philippine Journal of Science*, 1(8).
- Zafra, G. (w.p.). Pananaliksik sa karunungan sa panitikang-bayan [Manuskritong dilimbag]